


# Pagtataya ng Beijing sa Pilipinas

## Pagtuturing sa dalawang dekada ng panunustos para sa kaunlaran ng Tsina

Hunyo 2024

Samantha Custer, Bryan Burgess, Jonathan A. Solis, Narayani Sritharan, at Divya Mathew

AIDDATA
A Research Lab at William & Mary

Pagkilala

Ang ulat na ito ay inihanda nina Samantha Custer, Bryan Burgess, Jonathan A. Solis, Narayani Sritharan, at Divya Mathew (AidData, William at Mary). Tumulong sina John Custer at Sarina Patterson sa disenyo, pag-patnugot at mga biswal. Ang pabalat ay ginawa ni Sarina Patterson, at ang mga litrato ay galing kay Rodel Bontes na nakalisensiya sa CC BY-SA 2.0 (kaliwa) at Toto Lozano, Presidential Communications Operations Office, Pilipinas, na ginamit at nasa ilalim na ng pag-aari ng publiko (kanan). Ang pag-aaral na ito ay ginawa ng AidData, isang laboratoryo ng pananaliksik sa Amerika sa ilalim ng Global Research Institute sa William at Mary, sa tulong ng Asia Society Philippines. Nagpapasalamat kami kina Marco A.L.V. Sardillo III, Sarah Gellor-Hidalgo, Timothy Joseph G. Henares, Angela Belonia, at Josephine Andrea M. Dela Cruz para sa kanilang masinop na rebyu at mga komento, na nagpalalim sa pagsusuri at resulta ng ulat na ito. May utang na loob din kami sa aming mga katuwang sa pananaliksik na sina Diane Frangulea at Kate Kliment, na nagbigay ng hindi-matatawarang suporta sa paglilikom ng mga datos para sa ulat na ito. Pinasasalamatan din namin si Propesor Danton Remoto sa pagsasalin ng ulat na ito mula Ingles patungong Tagalog. Amin ding pinasasalamatan ang matibay na suporta ng Department of State ng Amerika sa pagbuo ng ulat na ito. Ang mga resulta at konklusyon ng ulat na ito ay galing sa mga may-akda lamang at hindi sumasalamin sa mga pananaw ng mga nagbibigay sa amin ng pondo at ng aming mga kasama.

# Pagsipi

Custer, S., Burgess, B., Solis, J. A., Sritharan, N. at D. Mathew. (2024). Isinalin sa Filipino ni Danton Remoto. *Pagtataya ng Beijing' sa Pilipinas: Pagtuturing sa dalawang dekada ng pagpondo ng Tsina sa Pilipinas.* Williamsburg, VA: AidData sa William at Mary.

# Mga Akronim

| | |
|---|---|
| ADB | Asian Development Bank |
| ASEAN | Association of Southeast Asian Nations |
| BARMM | Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao |
| BCDA | Philippines Bases Conversion and Development Authority |
| BOC | Bank of China |
| BOCHK | Bank of China (Hong Kong) Limited |
| BRI | Belt and Road Initiative |
| CAMC | China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation |
| CAMCE | China CAMC Engineering |
| CAR | Cordillera Administrative Region |
| CCCC | China Communications Construction Company |
| CDB | China Development Bank |
| CDRRMC | City Disaster Risk Reduction Management Council |
| CECC | China National Energy Engineering & Construction Co. Ltd. |
| CEED | Philippines Center for Energy, Ecology, and Development |
| CGGC | China Gezhouba Group Company Ltd. |
| CHMC | China National Heavy Machinery Corporation |
| CIDCA | China International Development Cooperation Agency |
| CIEF | Chinese International Education Foundation |
| CITCC | China International Telecommunication Construction Company |
| CLEC | PRC Ministry of Education Center for Education and Cooperation |
| CNMEG | China National Machinery and Equipment Group |
| CNTIC | China National Technical Import and Export Corporation |
| CPA | Cordillera People's Alliance |
| COMELEC | Philippines Commission on Elections |
| CRBC | China Road and Bridge Company |
| CRDC | China Railway Design Corporation |
| CNOOC | China National Offshore Oil Corporation |

| | |
|---|---|
| CRPIP | Chico River Pump Irrigation Project |
| CSCEC | China State Construction Engineering Corporation |
| CWE | China International Water and Electrical Corporation |
| DILG | Philippines Department of the Interior and Local Government |
| DPWH | Philippines Department of Public Works and Highways |
| ESG | Environmental, Social, Governance |
| Eximbank | Export-Import Bank of China |
| FDI | Foreign Direct Investment |
| GDP | Gross Domestic Product |
| GNI | Gross National Income |
| GNPK | GNPower Kauswagan Ltd. Co. |
| GWP | Gallup World Poll |
| ICBC | Industrial and Commercial Bank of China |
| JICA | Japan International Cooperation Agency |
| MFA | PRC Ministry of Foreign Affairs |
| MOFCOM | PRC Ministry of Commerce |
| MoU | Memorandum of Understanding |
| MWSS | Philippines Metropolitan Waterworks and Sewerage System |
| NBN | National Broadband Network |
| NCR | National Capital Region |
| NORD/LB | Norddeutsche Landesbank Girozentrale |
| Northrail | North Luzon Railway Project |
| ODA | Official Development Assistance |
| OOF | Other Official Flows |
| PGN | Panay-Guimaras-Negros Island Bridges |
| PHIVIDEC | Philippines Veterans Investment Development Corporation |
| PLAN | People's Liberation Army Navy |
| POWERCHINA | Power Construction Corporation of China |
| PRC | People's Republic of China |
| SASAC | State-Owned Assets Supervision and Administration Commission |
| SGCC | State Grid Corporation of China |
| SIDC | Samal Island-Davao City Connector |
| SOE | State-owned Enterprise |
| SPV | Special Purpose Vehicle |
| UN | United Nations |
| U.S. | United States |
| V-Dem | Varieties of Democracy |
| WB | World Bank |

# Mga Nilalaman


Paglalagom na Ehekutibo 1

1. Pagpapakilala 3

2. Salapi

2.1 Paano nagbago sa pagdaan ng panahon ang pag-kapitalisa sa kaunlaran ng Tsina sa terminong absolut at kung titingnan ang mga alternatibo nito? 6

2.2 Paano nagbago ang FDI ng China sa pagdaan ng panahon, sa terminong absolut at kung titingnan ang mga alternatibo nito? 23

3. Mga Relasyon 30

3.1 Sa pagitan ng panustos: Sino ang nagbigay ng pondo at gumawa ng mga proyekto ng PRC? 30

3.2 Sa pagitan ng pangangailangan: Sino ang pangunahing tumatanggap ng mga pondo ng PRC sa mga proyekto nito para sa pamumuhunan sa Pilipinas? 52

4. Kinalabasan 60

4.1. Sa anong antas inilalabas ng PRC ang puhunan ayon sa panahon at mga pangako? 61

4.2. Paano isinasagawa at nararanasan ng mga tumatanggap na pamayanan sa Pilipinas ang mga proyektong may puhunan galing sa PRC? 70

4.3. Paano makatutulong ang pondo mula sa PRC para baguhin ang pananaw at makatulong sa pag-unlad ng Pilipinas? 81

5. Paglalagom 93

5.1 Ano ang mga proyekto na pinondohan ng Tsina, saan, at kailan, sa pamamagitan ng mga tulong sa kaunlaran galing sa estado at sa mga FDI na galing sa pribadong sektor? 93

5.2 Ilan ang mga taong gumanap dito, sino sila, at ano ang kanilang mga papel, at ang iba ba sa kanila ay mas mahalaga sa iba pang mga kasapi? 94

5.3 Sumusunod ba ang Beijing sa mga pangako nito? Paano nito pinamamahalaan ang mga aberya?

6. Mga Sanggunian 99


# Mga Pigura at Tablea


Tablea 2.1: Pangkalahatang opisyal na tulong pangkaunlaran mula sa malalaking partner para sa kaunlaran ng Pilipinas, 2000-2022 8

Pigura 2.2: Opisyal na tulong pang-kapitalisa mula sa malalaking partner sa kaunlaran ng Pilipinas 2000-2022 9

Tablea 2.3: Sampung sektor sa mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC, 2000-2022 10

Tablea 2.4: Pangkalahatang opisyal na pondo na ipinangako ng mga malalaking partner sa kaunlaran ng Pilipinas, nahahati sa sektor, 2000-2022 12

Pigura 2.5: Mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC, 2000-2022 13

Pigura 2.6. Mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa pagdaan ng panahon, 2000-2022.

Pigura 2.7a at 2.7b: Mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa Pilipinas ayon sa rehiyon, 2000-2021 20

Tablea 2.8: Mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa Pilipinas ayon sa rehiyon, 2000-2021 21

Pigura 2.9: Papasok na FDI mula Tsina taun-taon kung ihahambing sa pangkalahatang FDI ng Pilipinas, 2010-2023 24

Pigura 2.10: Papasok na FDI mula sa Tsina bilang bahagi ng pangkalahatang FDI sa Pilipinas, 2010-2023

Pigura 2.11: Mga kritikal na likas na yaman at papasok na FDI mula sa Tsina papuntang Pilipinas, 2010-2023 27

Tablea 2.12: Papasok na FDI mula Tsina kung ihahambing sa pangkalahatang FDI ayon sa mga sektor sa Pilipinas, 2010-2023 29

Pigura 3.1: Ang mga punong-tanggapan ng mga namumuhunan at nagsasagawa ng mga proyektong pangkaunlaran mula sa PRC para sa Pilipinas, 2000-2022 31

Pigura 3.2: Ang 15 nangungunang mamumuhunan ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa Pilipinas, 2000-2022

Pigura 3.3: Ang nangungunang mga mamumuhunan at tumanggap ng tulong sa Pilipinas, 2000-2022 35

Pigura 3.4: Ang 22 nangungunang kasamang namuhunan para sa mga proyektong pangkaunlaran galing sa PRC para sa Pilipinas, 2000-2021 37

Pigura 3.5: Ang nangungunang 20 nagsagawa ng mga proyektong pangkaunlaran ng PRC para sa Pilipinas, 2000-2021 39

Pigura 3.6: Mga nangungunang tumanggap ng tulong sa Pilipinas mula sa mga proyektong pangkaunlaran galing sa PRC, 2000-2022 40

Tablea 3.7: Ang mga panustos ng mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas ayon sa sektor at papel, 2000-2022 43

Tablea 3.8: Ang mga nagsagawa ng proyekto mula sa PRC na pinahintulutan at pinagbawalan dahil sa kaduda-dudang mga gawain sa negosyo ayon sa Grupong World Bank o ng Asian Development Bank, 2000-2022 45

Tablea 3.9: Mga nakatanggap sa Pilipinas ng pondo mula sa PRC ayon sa sektor, 2000-2022 53

Tablea 3.10: Mga nakatanggap sa Pilipinas ng mga proyektong pangkaunlaran mula sa PRC, 2000-2022 54

Tablea 3.11: Ang paghahati-hati ng mga tumanggap ng pondo mula sa mga proyektong pangkaunlaran ng PRC at mga pampublikong gagawing diplomasya ng Tsina, 2000-2022 56

Tablea 3.12: Ang 15 nangungunang nakatanggap ng pondo sa Pilipinas mula sa PRC ayon sa halaga sa dolyar, 2000-2022 57

Tablea 3.13: Ang 15 nangungunang nakatanggap ng pondo sa Pilipinas mula sa PRC ayon sa bilang ng mga proyekto, 2000-2022 58

Tablea 4.1: Karaniwang bilang ng mga araw sa pagitan ng mga yugto ng proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas, pangkalahatan at ayon sa rehiyon, 2000-2021 62

Tablea 4.2: Karaniwang bilang ng mga araw sa pagitan ng mga yugto ng proyektong pangkaunlaran ng Tsina sa Pilipinas, ayon sa sektor, 2000-2021 65

Tablea 4.3: Karaniwang bilang ng mga araw sa pagitan ng mga yugto ng proyektong pangkaunlaran ng Tsina sa Pilipinas, ayon sa uri ng daloy, 2000-2021 66

Tablea 4.4: Mga nasuspinde o nakanselang mga pamumuhunan ng Tsina sa Pilipinas, 2000-2021 69

Pigura 4.5: Porsyento ng mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas na nahaharap sa peligrong ESG kung ihahambing sa karaniwang porsyento sa mundo, 2000-2021 71

Pigura 4.6: Mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas na may bagong kilalang peligro sa ESG, 2000-2021 73

Tablea 4.7: Mga peligrong ESG para sa mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas ayon sa sektor, 2000-2021 75

Tablea 4.8: Mga peligro sa paggawa at mga Intsik na nagsagawa ng mga proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas, 2000-2021 76

Tablea 4.9: Pagpopondo ng PRC sa mga mapanganib na proyekto ayon sa bilang ng proyekto at pangkalahatang dolyar, 2000-2021 79

Tablea 4.10: Mga nangungunang Intsik na namuhunan sa mga proyektong pangkaunlaran ng Pilipinas at ang bahagi nila sa bilang ng proyekto at halaga ng nauugnay sa peligro ng kanilang paggawa, 2000-2021 80

Pigura 4.11: Ang pananaw ng mga Pilipino sa pamunuan ng Tsina, Estados Unidos, Japan, at ang kanilang sariling pamahalaan, 2006-2023 83

Pigura 4.12: Ang pagtingin sa PRC bilang katuwang sa pag-unlad ayon sa pananaw ng mga pinuno ng Pilipinas at Asya-Pasipiko, 2020 85

Tablea 4.13: Ang kapital pangkaunlaran ng PRC, FDI galing Tsina at ang kinalabasan nito sa lokal na ekonomiya, 2014-2023 87

Tablea 4.14: Ang kapital pangkaunlaran ng PRC, FDI galing Tsina at ang kinalabasan nito sa lokal na

pamahalaan, 2000-2023 90
Pigura 4.15: Ang paningin ng mga Pilipino sa demokrasya, 2002-2021 91

# Paglalagom na Ehekutibo

Sa ulat na ito, ating susuriin ang salapi, mga relasyon, at resulta ng dalawang dekada ng pagpondo ng Beijing para sa kaunlaran ng Pilipinas. Sinubukan nating sagutin ang tatlong mahahalagang mga tanong.

- Ano ang mga proyektong pinondohan ng People's Republic of China (PRC), saan, at kailan mula sa pondong pangkaunlaran na galing sa estado at sa (FDI) na galing sa pribadong sektor?
- Ilan  ang mga nagpapagalaw sa mga proyektong ito, ano ang mga papel na kanilang ginampanan, at mas mahalaga ba ang ilang mga papel kung ihahambing sa iba?
- Hanggang saan sumusunod ang Beijing sa mga pangako nito, paano pinamamahalaan ang mga panganib, at ano ang mga kinalabasan ng mga proyektong ito sa ibaba?

## Sundan natin ang Salapi

Nagbigay ng malaking halagang US$9.1 bilyon ang Beijing mula sa estado para sa pangkaunlaran pondo sa Pilipinas sa loob ng dalawang dekada (2020-2022) na nagbigay ng kapital sa lagpas na 200 mga proyekto. Subalit ang daloy ng pondong pangkaunlaran mula sa Beijing papuntang Maynila ay padaskol-daskol at nakasalalay sa relasyon nito sa Maynila. Masigabong tinulungan ng Beijing ang mga administrasyong Arroyo at Duterte, samantalang malamig ang pakikitungo nito sa administrasyon ni Aquino, kaya't walang gaanong kolaborasyon na nangyari.

Habang binabago ng administrasyon ni Marcos Jr. ang relasyon nito at lumalayo sa Beijing, ang hinaharap ng mga pondong pangkaunlaran galing sa PRC ay mas masasalamin sa relasyong nakita sa ilalim ni Aquino.

Ang tulong ng PRC ay mas maliit (hanggang 2016) at hindi mapagbigay kung ihahambing sa ibang mga bansang nagbibigay ng mga pondo. Dagdag pa rito, mas mataas ang halaga ng pagpondo nito: 6 na porsyento lamang ang ibinigay nito bilang tulong (halimbawa, mga bigay o pautang sa mababang interes), at ang iba'y mga utang na may mataas na interes. Kahit na sa rurok ng malapit na relasyon ng dalawang bansa, sa bawat US$1 na ibinigay na tulong ng Beijing sa Pilipinas noong 2016, may kapalit itong

US167 sa utang. Mas lumala pa ang nangyari noong 2019, nang ang bawat US1 na tulong ay may katapat na US$211 sa utang.

Mahalagang ipakita ang dalawang aspeto ng modelo ng Beijing sa Pilipinas. Gumagamit ito ng kaunting mga proyekto sa imprastraktura, na pinondohan ng utang sa mga terminong hindi masyadong mapagbigay, para magkaroon ng mas malaking balik para sa kanila. Sa kabilang banda, nagbibigay naman ng ayuda ang PRC sa maraming mumurahing mga proyekto para ipakita ang mabuti nitong kalooban.

Ginagamit din ng Beijing ang pangkaunlaran pondo para bigyan ng pagkakataon sa pamilihan ang mga kompanya galing Tsina at pondohan ang mga gawain sa mga rehiyon na mahalaga sa kanila sa aspetong politikal.

Sa pagitan ng 2010 at 2023, ang mga bagong pangakong FDI na papasok mula Tsina papuntang Pilipinas (na may halagang US$21.9 bilyon) ay tumaas ng 514 porsyento, pinalakas ng maraming pamumuhunan noong 2012 at 2018. Ang tiyempo, sektor, at lokasyon ng mga FDI na ito ay sumasalamin sa halaga ng tatlong madiskarteng salik: malapit sa mga proyektong pinondohan ng PRC, ang pagkakaroon ng mga magandang insentibong lokal na may kinalaman sa buwis, at ang kagustuhan ng Beijing na italaga ang sarili bilang tagapondo ng mga produktong may dagdag-halaga at hindi ng hilaw na materyales lamang.

## Pag-intindi sa Relasyon

Nakatutuksong isipin na ang PRC ay gumaganap bilang isang bidang tauhan na may mahigpit na kontrol sa mga kaunti nitong mga kasamang tauhan. Pero kabaligtaran ang ipinakikita ng ating pagsusuri. Limampu't dalawang mamumuhunan, karamihan sa kanila ay pag-aari ng estado o mga bangkong komersyal, ang siyang responsable sa pagkilos ng puhunan. Subalit nakasalalay ang Beijing sa malawak nitong network na 101 na mga bangko sa Europa, Hilagang Amerika, at Asya bilang kasamang mamuhunan para sabay na suungin ang aberya, piliin ang pahihiramin, tasahin ang magiging tagumpay ng isang proyekto, at magdagdag ng kapital para sa malalaking proyektong pang-imprastraktura.

Nakasalalay ang Beijing sa 35 na mga kompanyang pag-aari ng estado sa Tsina (state-owned enterprises, o SOE) para maisakatuparan ang mga naturang proyekto. Dahil hindi malinaw ang termino ng pagtulong, kaunti lamang at hindi masigla ang proseso ng pagkuha, at manipis ang mga mga ulat na kailangang

gawin, nagkaroon ng mga kasalungat na insentibo ang mga nagsasakatuparan ng mga proyekto para sobrang magtipid o makipag-sabwatan sa mga lokal na awtoridad. Mahalagang silipin na 43 porsyento ng mga Intsik na SOE na nagsasakatuparan ng mga proyekto sa Pilipinas ay direkta nang naparusahan ng mga internasyonal na mga institusyong pananalapi tulad ng Grupong World Bank o Asian Development Bank dahil sa mga kaduda-dudang gawaing pinansyal, o sa pagkakaroon ng hindi-tuwirang kaugnayan sa mga gawaing ito sa pamamagitan ng relasyong magulang-sangay.

Sa bahagi ng pagpopondo, ang mga lokal na pamahalaan na may ekonomiyang dinamika at koneksyong politikal at mga ahensiyang pambansa ay madalas tumanggap ng mga proyektong pinondohan ng PRC. Ang mga kompanyang pag-aari ng estado at mga pribadong kompanya sa enerhiya, tubig, at pagmimina ay nakatanggap ng maraming dolyar. Mas gusto ng Beijing na makipag-ugnayan sa mga tumatanggap na may malakas na relasyon sa Tsina (nagsusulong ng wika at kalinangan ng Tsina), o may koneksyon sa diaspora ng mga pamilya o grupo ng mga Pilipinong Intsik.

Suriin natin ang Kinalabasan

Kahit na mabilis maglabas ng mga proyekto ang Beijing sa Pilipinas – kadalasan ay isang taon lamang mula sa pangakong pinansyal hanggang sa matapos ang proyekto – ang ibang rehiyon at sektor ay kailangang maghintay ng mas matagal kaysa sa iba. Ang mga mamahaling proyekto sa imprastraktura ay mas mapanganib at mahirap isagawa. Halimbawa, ang pinaka-nabalam na mga proyekto ay sa mga sektor ng agrikultura, panggugubat, at pangingisda kung saan ang ilang proyekto ay umabot ng lagpas apat na taon para matapos, na sumasalamin sa mga hadlang sa lohistika, mga hamon sa kapaligiran, o kaguluhan sa mga pamayanan na dulot ng paglikas ng mga tao.

Kahit na iba-iba ang mga partikular na dahilan para sa mga nasuspinde o naudlot na mga proyekto ng PRC, mayroong mga lumilitaw na pangkalahatang mga tema: mahinang pamamahala at sistema ng pagbabantay sa Northrail at National Broadband; oposisyon sa mga mithiin ng proyekto sa mga proyektong Agus 3 Hydropower at Cyber Education; mga suliraning panlabas tulad ng Covid-19

na nagtulak sa Tsina na kumalas sa proyekto para sa tulay na magbibigkis sa Panay-Guimaras-Negros Island at mga hinaing na heopolitikal na nagpalakas sa panawagang kanselanin na ang mga proyekto mula sa PRC dahil sa sigalot sa karagatan.

Kung titingnan mula sa pananaw ng isang pinansyal na portfolio, nakakaharap din ang mga pondong pangkaunlaran ng Beijing ng papataas na panganib mula sa pinagkakatiwalaan nitong grupo ng mga kompanyang pag-aari ng estado ng Tsina at mga nagpapatupad nito sa pribadong sektor. Lagpas sa kalahati ng mga dolyar para sa pangkaunlarang pondo (US$4.5 bilyon) ay nakasalalay sa mga kompanyang Intsik na gagawa nito, subalit may mantsa ang kanilang mga pangalan. Anim sa mga kompanyang pinaka-mapanganib, na kasama sa US$870 milyon na halaga ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC, ay sangkot sa mga kaduda-dudang gawaing pinansyal at mas mataas ng panganib sa ESG.

Ano ang kinalabasan ng masigabong mga proyektong imprastraktura ng Beijing sa Pilipinas? Ang kapital mula sa Tsina (sabay ang mga pondong pangkaunlaran at ang FDI) ay makatutulong sa ekonomiya, kung susuriin sa pangkalahatang pananaw. Subalit ang mga benepisyong ito ay hindi pa bumababa sa antas na makikita ng mga ordinaryong Pilipino. Habang tumataas ang kapital mula sa Tsina, sinasabi rin ng mga Pilipino sa mga sarbey na nahihirapan pa rin sila sa kanilang pagkain at pabahay, isang mahalagang indikasyon ng kalusugang pampinansyal.

Wala pang 40 porsyento ng pangkaunlarang pondo sa portfolio ng Beijing sa Pilipinas ang nakaugnay sa isang uri ng panganib, maging ito man ay pangkapaligiran (E), panlipunan (S), o pamamahala (G). Subalit hindi pa malinaw kung paanong ang mga panganib na ito ay makikita sa mga masamang epekto na masusukat. Ang mga pangkaunlarang pondo ng PRC ay may mabuting kinalabasan sa sektor na panlipunan (halimbawa, sa mga proyekto para sa pag-unlad ng mga kabataan at mga proyektong pang-sibika). Kakaiba naman ang nangyari sa mga proyektong may kinalabasan tungkol sa pamamahala at kapaligiran.

# 1. Panimula

Nang manungkulan si Pangulong Gloria Macapagal Arroyo noong 2001, hindi masyadong malakas ang relasyong pang-ekonomiya ng PRC sa Pilipinas. Ang kalakalang bilateral ng dalawang bansa ay umabot lamang sa lagpas ng US$3.0 bilyon, na karamihan ay mga produktong binuong mga sirkito na iniluluwas ng Pilipinas sa mga kompanyang Intsik (OEC, 2022). Hindi pa noon umaangkat ng nikel ang Tsina sa Pilipinas. Hindi pa rin nagbibigay ang Beijing ng malaking kapital sa imprastraktura na siyang magiging gulugod ng Inisyatibong Belt at Road (Belt and Road Initiative, o BRI).

Pero kakaiba na ang relasyong Pilipinas-PRC ngayon. Naglalabas na ngayon ang Beijing ng pangkaunlarang pondo at FDI. Sa loob ng dalawang dekada (2000-2022), pinondohan ng PRC ang lampas sa 200 mga proyektong pangkaunlaran na nagkakahalaga ng US$9.1 bilyon. Nakagugulat ang bilang ng mga kasama sa mga proyektong ito:  mga namumuhunan at nagsagawa ng mga proyekto galing Tsina, Pilipinas, at 22 iba pang mga bansa at teritoryo. Dagdag pa rito, ang FDI mula sa Tsina ay umabot ng US$21.9 bilyon na kapital papasok sa Pilipinas.

Karamihan sa mga ito ay binubuo ng mga proyektong pang-imprastraktura na malaki ang panganib at malaki rin ang kita, na pinondohan ng salaping pangkaunlaran ng Tsina at mga dolyar galing sa FDI ng Tsina. Sa kabuuan, ang mga proyektong ito ay maaaring magbago ng mga lokal na ekonomiya, sistemang pangkapaligiran, paraan ng pamamahala, at ritmong panglipunan – sa kabutihan ng bansa, o maaari rin namang sa hindi. Ang iba sa mga proyekto ng Beijing ay nakatulong sa pagtubo at pag-unlad Pilipinas, pero mayroon ding mga proyekto na hindi natuloy,

nahirapang gawin, o nagsimula ng mga alingasngas tungkol sa tunay na halaga ng mga ito.

Pinasinayaan nang masigabo at batbat ng kontrobersya, nakagugulat na kaunti lamang ang matibay na ebidensya para sa publikong Pilipino para masuri ang tunay na halaga at benepisyo ng pakikisalamuha sa Beijing. Ang ulat na ito ay dumarating sa mahalagang punto kung saan sinusubukan ng Pilipinas na baguhin muli ang relasyon nito sa PRC. Mula sa mainit na pagtanggap ni Pangulong Duterte sa PRC, ang relasyon ay naging malamig sa mga unang araw ng pamamahala ni Pangulong Marcos Jr. Kumalas ang Pilipinas sa tatlong proyekto sa tren ng BRI noong Nobyembre 2023. Binomba ng tubig ng Chinese Coast Guard ang isang patrol boat ng Pilipinas sa Second Thomas Shoal noong Marso 2024 sa gitna ng sigalot sa karagatan ng dalawang mga bansa. Humingi rin si Pangulong Marcos Jr.  ng pondong pang-imprastraktura mula sa Estados Unidos (McCartney, 2023; Widakauswara, 2024).

Sa ulat na ito, masusi naming binuo ang mga datos mula sa iba’t ibang pinagmulan para masuri ang salapi, relasyon, at kinalabasan ng dalawang dekada ng pagpondo ng Tsina sa Pilipinas. Sa ikalawang kabanata, susundan natin ang daloy ng salapi para ipakita ang prayoridad ng Beijing sa mga proyektong pinondohan nito, saan at kailan, sa Pilipinas. Sa ikatlong kabanata, susuriin natin ang mga relasyon sa likod ng mga pamumuhunan na ito, sino ang mga gumanap at ano ang mga papel nila, at sino ang mga mahalagang tao dito? Sa ikaapat na kabanata, susuriin natin ang kabuuan ng pagganap ng Tsina–hanggang saan nito tinupad ang mga pangako, paano nito pinamahalaan ang mga panganib sa publiko na dulot ng mga proyekto, at ano ang mga unang indikasyon ng kinalabasan ng mga proyektong ito para sa ating lipunan? Nilalagom

naman ng ikalimang kabanata ang mga mahahalagang muni na galing sa pananaliksik na ito.

## 2. Salapi

<u>Mahahalagang kabatiran sa kabanatang ito:</u>

- *Ang pangkaunlarang pondo ng Beijing ay lumago na sa loob ng dalawang dekada, pero paiba-iba ang antas ng suporta mula sa iba't ibang administrasyon at mas maliit at hindi maluwang ang bigay ng ibang mga namumuhunan*
- *Dalawa ang modelo ng Beijing sa Pilipinas –nag-aalok ito ng kakaunti at mapanganib na mga imprastrakturang mamahalin na binabalanse ng maraming maliliit na proyektong pangkaunlaran para sa lipunan*
- *Ipinakikita ng sektor ng enerhiya at metal kung paanong ang kaganapang pangkaunlaran ng Beijing na itinutulak ng estado at ang mga FDI na galing sa pribadong sektor ay nagtutulungan para matupad ang parehong mga mithiin*

Ang huling apat na mga pangulo ng Pilipinas – sina Gloria Macapagal Arroyo, Benigno Aquino III, Rodrigo Duterte at Ferdinand Marcos Jr. – ay may iba-iba at dramatikong paninindigan tungkol sa PRC. Ganoon din naman ang ipinakitang mukha ng Beijing sa pagpondo sa mga pangangailangang pangkaunlaran ng Pilipinas sa nasabing mga panahon. Kapag ang polisiya ng pangulo ay bukas sa Beijing, niluluwangan ng mga opisyal sa PRC ang pisi at masigabong pinopondohan ang mga proyekto sa Pilipinas. Sa kabilang banda, kapag malamig ang pakikitungo sa Beijing, bumubulusok din ang bilang ng mga proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas.

.

Sa kabanatang ito, susundan natin ang daloy ng salapi para ipakita ang mga prayoridad na proyektong pinindohan ng Beijing, saan at kailan sa Pilipinas. Gamit ang dalawang dekada ng datos pangkasaysayan, mayroon tayong kakaibang pagkakataon sa ulat na ito para suriin nang malalim ang dinamika ng relasyong ito. Susuriin namin kung paanong ang pangkaunlarang pondo ng Beijing at ang FDI nito ay nagbago sa pagdaan ng panahon sa terminong absolut kung ihahambing sa iba pang mga alternatiba. Makikita rin natin ang mga kabatiran tungkol sa kung anong mga sektor at pamayanan ang tumanggap, o hindi tumanggap, ng mga proyektong pangkaunlaran at dolyar na kapital mula sa Beijing – at bakit ito nangyari.

Kapag sinabi nating *pondong pangkaunlaran*, ito ay tungkol sa kung paano ginamit ng Beijing ang kanilang tulong na galing sa estado, pautang, at iba pang instrumentong pinansyal, at maging sa tulong teknikal at hindi pinansyal, na iginugol nito sa Pilipinas. Kabilang dito ang Opisyal na Tulong Pangkaunlaran (Official Development Assistance) sa pamamagitan ng bigay, walang-interes o mababang-interes na pautang, na karaniwang tinatawag na "tulong," at iba pang mga opisyal na daloy (Other Official Flows) na binubuo ng mga pautang at instrumentong pinansyal na malapit sa pagtasa ng merkado, na kadalasan ay tinatawag na "pautang." Atin ding titingnan ang *papasok na FDI mula sa Tsina*, na kinabibilangan ng mga namumuhunan na nagbibigay ng matagalang interes at malakas na impluwensiya sa isang negosyo sa Pilipinas, na may pag-aaring sakop ng 10 porsyento o lagpas pa dito (OECD, n.d.a. At n.d.b.)

.

Tatlo ang ating pangunahing pinanggalingan ng impormasyon para sa pagsusuring ito: (i) ang AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0, isang database na proyekto tungkol sa mga tulong at pautang galing sa estado mula 2000-2021; (ii) dagdag na pananaliksik para kilalanin ang mga temporaryong proyekto para sa 2022;[1] at (iii) ang papasok na FDI mula sa Tsina na nasundan ng online global database ng FDI Markets at mga pamumuhunan sa iba't ibang bansa na nalikom nito para sa Pilipinas, at binuo ng Financial Times, Ltd.[2]

## 2.1 Paano nagbago ang pangkaunlarang pondo ng PRC sa pagdaan ng panahon sa terminong absolut at naka-angkla sa mga alternatibo?

Mula sa mabagal na simula, pumaimbulog ang pangkaunlarang pagpondo ng Tsina sa nakaraang 20 taon. Subalit ang pagtulong ng PRC ay hindi nangyayari sa loob ng isang basyo. Maraming mga kasapi na bilateral at multilateral na tumutulong bumuo ng pondo para sa kaunlaran ng Pilipinas. Dito dumarating ang isang tanong: paano maihahambing ang

---

*[1] Ang mga datos sa 2022 ay temporaryo pa lamang.  Maaari nating sabihin na mas matiim ito, lalo na sa pangkalahatang bilang ng mga proyekto na ipinangako ng PRC dahil nakasalalay ito sa mga nakilala ng mga gawain mula sa database ng mga balita sa mundo (Factiva DNA). Dahil bago pa lamang ang ibang mga proyekto at limitado ang sakop ng ulat na ito, hindi namin matantiya, dahil sa kaunti pa lamang ang mga nailimbag na impormasyon para sa 2024.*
*[2] Kumunsulta kami pareho sa mga datos ng FDI na iniulat ng Philippine Statistical Authority (PSA) at ang galing sa FDI markets. Dahil interesado kaming pag-aralan ang pamamahagi ng FDI sa mga sektor at mga pamayanan, aming pinili na gamitin ang mga datos mula sa FDI Markets na nasa antas ng mga proyekto para sa aming pagsusuri. Nag-iiba ang dalawang ito sa kanilang mga numero at kailangang tandaan ang kontekstong ito.*

.

tulong ng Beijing sa iba pang mga alternatibo kung titingnan ang dami, tutok at uri ng pagtulong? Sa bahaging ito, aming tiningnan ang mga pagkakaiba-iba sa pagpondo ng PRC kung ihahambing sa iba pang mga kasama sa pag-unlad (Seksyon 2.1.1), sa iba't ibang administrasyon (Seksyon 2.1.2) at sa iba't ibang mga rehiyon (Seksyon 2.1.3).

2.1.1 Paano maihahambing ang Tsina sa iba pang mga kasama sa kaunlaran?

Para makita ang pagtulong sa Pilipinas kung ihahambing sa iba pang mga kasama sa kaunlaran, tingnan natin ang Asian Development Bank (ADB), Australya, Japan, South Korea, Estados Unidos (US), at ang World Bank (WB). Ang bawat isa sa anim na ito ay nag-uulat ng kanilang pangkaunlarang pondo ayon sa bansa, sektor, uri ng daloy, at taon sa Creditor Reporting System ng OECD. Kasama sa aming pagsusuri ang Official Development Assistance (halimbawa, mga bigay o pautang na walang interes o mababa ang interes, na kadalasang tinatawag na "tulong" ("aid") at ang "Other Official Flows" (halimbawa, mga pautang at kreditong pang-angkat sa mga termino ng merkado, na kadalasang tinatawag na "utang" ["debt"]). Bilang paghahambing, tututukan din namin ang diskusyon sa mga pangako.

Sa pagitan ng 2000 at 2022, nasa kalagitnaan ang mga pangakong pondo ng PRC na umabot ng US$9.1 bilyon. Di hamak na mas malaki ang naitulong ng Tsina kung ihahambing sa mga bilateral na galing sa Australya (US$2.3 billion), South Korea (US$4.5 bilyon, and at Estados Unidos (US$4.6 bilyon). Subalit naiwan naman ito ng mga multilateral na tulad ng ADB (US$23.8 bilyon) at ng World Bank (US$16.3 bilyon). Bilang

.

nangungunang kasama ng Pilipinas sa mga pangkaunlarang bilateral, malayo ang Japan (US$21.7 bilyon) sa iba pa sa loob ng nagdaang dalawang dekada.

Subalit matatawag natin itong paghahambing ng "mansanas at prutas ng dragon" (Dreher et al., 2018). Iba ang halaga para sa Pilipinas ng pagkakataong magkaroon ng kapital mula sa dalawang pinakamalalaking multilateral. Mas maluwag ang alok ng Tokyo: 98 porsyento ng pondo nito ay sa pamamagitan ng bigay o walang interes o mababa ang interes. (Tablea 2.1)

Anim na porsyento lamang ng pondo galing sa Beijing ang nagbibigay ng ganitong maalwan na mga termino. Nakasalalay ang PRC sa mga pautang na may mataas na interes at iba pang instrumentong pautang. Sa pahapyaw na tingin, pareho lamang ang ratio ng tulong at pautang ng dalawang multilateral. Subalit may mahalaga silang pagkakaiba – ang antas ng konsesyon. Nakatutok pa rin ang mga pautang ng ADB at World Bank sa mga kalalabasang pangkaunlaran at kadalasan ay nagbibigay pa ang mga ito ng mas mababang termino. Halimbawa, kung ihahambing ang mga proyektong imprastraktura sa ilalim ng inisyatibong "Build, Build, Build" ni Duterte, nakita nina Tabbada at Pacho (2022) na mas mababa ang mga interes na inalok ng World Bank at ng Japanese International Cooperation Agency (JICA) kung ihahambing sa PRC para sa parehong mga gawain.[3]

---

*[3] Ating pansinin na tumingin lamang sina Tabbada and Pacho (2022) sa apat na mga proyekto; subalit ang kanilang natagpuan ay kapareho ng iba pang mga pag-aaral sa buong mundo, tulad ng ginawa nina Parks et al. (2023) at Malik et al. (2021), na nagsabing mas matipid ang PRC sa mga termino nila sa pautang kung ihahambing sa World Bank at mga donor ng OECD na nagbibigay din ng pautang.*

.

Tablea 2.1: Pangkalahatang pangakong kapital mula sa malalaking kasamang pangkaunlaran ng Pilipinas, 2000-2022

Billions of 2021 USD

| | Official Development Assistance (ODA) | Other Official Flows (OOF) | Vague (level of concessionality undetermined) |
|---|---|---|---|
| **China** (Total: $9.1B; ODA: 6%) | 0.55 | 8.26 | 0.30 |
| **Asian Development Bank** (Total: $23.8B; ODA: 0%) | 0.05 | 23.71 | |
| **Australia** (Total: $2.3B; ODA: 96%) | 2.24 | 0.08 | |
| **World Bank** (Total: $16.3B; ODA: 0%) | 0.00 | 16.26 | |
| **Japan** (Total: $21.7B; ODA: 98%) | 21.16 | 0.50 | |
| **South Korea** (Total: $4.5B; ODA: 52%) | 2.31 | 2.15 | |
| **United States** (Total: $4.6B; ODA: 100%) | 4.60 | 0.02 | |


*Mga Tala: Ang grupong nagsaliksik tungkol sa pondo ng PRC ay gumawa rin ng limitadong pananaliksik sa dokumento at artikulo galing sa media para matunton ang karagdagang mga proyekto at detalye para sa 2022. Pinanggalingan: OECD CRS Database, 2000-2022 at ang AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Maliit lamang ang papel na ginampanan ng PRC (Pigura 2.2.). Karamihan sa mga pangkaunlarang pondo ng Pilipinas sa pagitan ng 2000 at 2009 ay nanggaling sa isa pang bilateral: ang Japan (US$4.8 bilyon). Ang mga bangkong pangkaunlaran na multilateral tulad ng World Bank at Asian Development Bank ay may malaki ring papel na ginampanan mula 2010 pataas. Kung ihahambing, noong 2016 lamang naungusan ng PRC ang kanyang mga katunggali bilang pinakamalakas magbigay ng pondong

.


pangkaunlaran. Subalit pagkatapos nito ay bumaba muli ang antas ng kanilang pagtulong, lalo na sa kasagsagan ng COVID-19, sa mga terminong absolut at kung ihahambing sa iba pa.[4]

Pigura 2.2: Opisyal na mga pangakong kapital bawat taon mula sa malalaking kasama sa mga proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas, 2000-2022




[4] Kakatwa ang pagbagsak ng tulong ng PRC sa Pilipinas noong 2020. Mas marami nga ang mga proyekto ng Beijing sa bilang at donasyon ng mga gamit medikal – isang estratehiyang tinawag na diplomasya ng maskara – subalit ang halaga nito ay wala US$15 milyon, samantalang ang ADB, World Bank, at Japan ay sama-samang nagpakilos ng US$10.7 bilyon na tulong pangkaunlaran sa iba't ibang mahahalagang sektor (transportasyon at imbakan, tulong sa pangkalahatang badyet, kalusugan at pamamahala).

.




*Mga Tala: Ang grupo ng mga mananaliksik tungkol sa kapital ng PRC ay nagsagawa din ng limitadong saliksik sa mga dokumento at artikulo sa media para matunton ang dagdag na mga proyekto at detalye para sa 2022. Pinanggalingan: OECD CRS Database, 2000-2022 and AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Laman ng Philippine Development Plan (2023-2028) ang iba't ibang aspeto ng imprastraktura bilang mahalaga sa pagtubo at pag-unlad ng bansa, tulad ng (i) koneksyong pisikal; (ii) kuryente at tubig; (iii) panglipunan; at (iv) impormasyon (NEDA, 2023).[5] Gamit ang pundasyong ito, ang ulat na ito'y tumingin din sa lawak ng pagpondo ng Beijing (kung

[5] *Ang pariralang "imprastrakturang kritikal" ay ginagamit sa mas makitid na paraan sa ilalim ng binagong Public Service Act ng 2022, Bahaging 13(b) na sinasabing ito ay "anumang serbisyo publiko na nagmamay-ari, gumagamit, o nagpapatakbo ng isang sistema ng mga assets, ito may ay pisikal o birtwal, na mahalaga sa Republika ng Pilipinas kaya ang hindi paggamit nito o pagkasira ay may masamang epekto sa seguridad ng bansa, kasama na rito ang telekomunikasyon at iba pang mahahalagang mga serbisyo na maaaring ideklara ng Pangulo ng Pilipinas" (Alonzo, 2023). Sa katotohanan, ang batas ay tumatalakay lamang sa telekomunikasyon bilang isang kritikal na industriya.*

.

ihahambing sa iba pang mga kasama sa pangkaunlaran ng Pilipinas) sa iba't ibang uri ng imprastraktura, kabilang na ang:

- Imprastrakturang pang-ekonomiko at impormasyon (halimbawa, serbisyo galing sa mga bangko at sa pagpopondo; serbisyong pang-negosyo;  telekomunikasyon, impastrakturang pang ekonomiko at mga serbisyo)
- Imprastrakturang nagkakabit sa ekonomiya (halimbawa, polisiya sa komersyo at mga regulasyon, transportasyon at pag-iimbak)
- Imprastraktura sa tubig, pagkain, at enerhiya (halimbawa, agrikultura, pangangahoy, pangingisda, enerhiya, industriya, pagmimina, konstruksyon, mga sektor ng produksyon, tubig at sanitasyon)
- Imprastrakturang panglipunan at pangkapaligiran (halimbawa, edukasyon, pangangalaga sa kapaligiran, pamahalaan at lipunang sibika, kalusugan, imprastrakturang panglipunan at mga serbisyo, mga polisiya at programa sa populasyon, at kalusugang heneratiba)

Karamihan ng mga pangkaunlarang pondo ng Beijing sa loob ng nakaraang dalawang dekada ay nakatutok sa mga sektor sa imprastraktura (halimbawa, ekonomiya at impormasyon, pisikal na pagkakabit, patubig, pagkain at enerhiya). Subalit marami din itong mga proyektong pinondohan ng maliliit na dolyar  para suportahan ang kaunlarang panglipunan ng Pilipinas (tingnan ang Tablea 2.3). Ang PRC ay hindi masyadong namuhunan sa pangangalaga ng kapaligiran, pagpipigil sa mga sakuna, at sa pamahalaan at lipunang sibika.

.

Tablea 2.3: Sampung sektor ng pangkaunlaran na pinondohan ng PRC  sa Pilipinas, 2000-2022

| Top 10 sectors by project value | Millions USD | Top 10 sectors by project count | Count |
|---|---|---|---|
| 1. Energy | 3,220 | 1. Health | 46 |
| 2. Transport and storage | 1,328 | 2. Emergency response | 44 |
| 3. Communications | 1,001 | 3. Education | 32 |
| 4. Water supply and sanitation | 934 | 4. Agriculture, forestry, fishing | 14 |
| 5. Business and other services | 781 | 5. Transport and storage | 12 |
| 6. Industry, mining, construction | 389 | 6. Communications | 12 |
| 7. Agriculture, forestry, fishing | 387 | 7. Business and other services | 12 |
| 8. Trade policies and regulations | 291 | 8. Energy | 10 |
| 9. Unallocated/unspecified | 261 | 9. Government and civil society | 9 |
| 10. Banking and financial services | 231 | 10. Developmental food aid/food security assistance | 8 |

*Mga Tala: Ang talahanayan na ito ay nagpapakita ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC mula 2000- 2022 (kasama na ang bigay at mga instrumento ng pautang) sa milyon na hindi nagbago sa 2021 USD (kaliwa) at ang bilang ng mga proyekto (kanan). Ang mga datos para sa 2022 ay hindi kumpleto. Ang ibig sabihin ng "Unallocated/unspecified" ay walang sapat na mga detalye para sa naturang sektor. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Dinagdagan ng limitadong pananaliksik sa mga dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang proyekto para sa 2022.*

Tulad ng PRC, ang mga pondo mula sa mga pangkaunlarang ahensya sa Japan ay kadalasang napunta rin sa sektor ng transportasyon, na umabot ng US$14.6 bilyon—halos lagpas ng US$6 bilyon sa mga iba pang mga

.

nagbigay paghaluin ang kanilang pondo (US$8.57 billion). Malaki rin ang interes ng South Korea sa pagbuhos ng kapital sa mga proyektong pang-imprastraktura (transportasyon at pag-iimbak; industriya, pagmimina, konstruksyon, at enerhiya), kahit mas maliit ang badyet na inilaan para dito. Ang Seoul lamang ang panlabas na donor na nagpapagalaw ng halos pareho ng pondo ng sa PRC sa isang sektor: telekomunikasyon  (US$753 milyon at US$1.0 bilyon).

Subalit handa ang Beijing na ituloy ang mga proyektong pang-imprastraktura na iniwan ng ibang mga namumuhunan. Ang tulay na nag-uugnay sa Lungsod ng Davao sa Pulo ng Samal, isang tanyag na pook-turista, ay isa sa mga halimbawa nito. Noong 2016, gumawa ang Japanese International Cooperation Agency (JICA)  ng isang pag-aaral sa epekto sa kalikasan at sa kahihinatnan ng proyekto. Nagmungkahi ng isang lokasyon para sa landing sa Samal na may kaunting epekto lamang sa kapaligiran o sa pamayanan (JICA, 2018a; Ledesma, 2020). Gayunpaman, noong 2020, ang ADB, na suportado ng tinatayang US$350 milyong pautang mula sa Tsina, ay nakipag-ugnayan sa noon ay Alkalde ng Lungsod ng Davao na si Sara Duterte para bumuo ng isang plano para sa Samal Island-Davao City Connector (SIDC), isang mahabang tulay na isang pangunahing proyekto ni Pangulong Duterte para sa programang "Build, Build, Build" (Pinlac, 2022; Ledesma, 2020).[6]

---

[6] *Ang pagpapasinaya sa tulad ng SIDG ay nangyari noong Oktubre 2022, pero umani ng kritisismo ang proyekto dahil sa masamang epekto nito sa kapaligiran at sa pagkabalam nito (Pinlac, 2022; Ledesma, 2020; Kapunan, 2022). Sandaling nahinto ang proyekto noong Enero 2024 dahil sa negosasyon sa mga may-ari ng lupa sa bahagi ng Samal.. Hanggang sa Abril 2024, ang mga lokal na may-ari ng resort ay nagpatuloy pa rin sa legal na tunggalian para itigil ang pagtatayo at kanila itong inihain sa Korte Suprema (Francisquete, 2024; Escovilla, 2024).*

.

Ang iba pang mga pangkaunlarang proyekto ay lumayo ng ilang antas mula sa mga prayoridad na sektor ng PRC. Tumutok ang World Bank sa agrikultura, kagubatan, at pangingisda; gobyerno at lipunang sibil; mamahaling mga imprastraktura at serbisyo; enerhiya; at pag-iwas sa sakuna. Malaki ang naitulong nito sa pagtulong sa mga emergency para iligtas ang buhay ng mga tao matapos ang mga lindol, bagyo, at pagsabog ng bulkan. Samantala, ang Estados Unidos naman ang nanguna sa pagbibigay ng tulong sa pagkain at sa pangangalaga ng kapaligiran. Ang Estados Unidos at Australia ay parehong nangako ng malaking halaga para patibayin ang panglipunang imprastraktura sa pamamagitan ng pagtulong sa edukasyon, pamahalaan, at lipunang sibil (Tablea 2.4).

Ang posisyong ito ay katulad din ng kung paano tinitingnan ng mga pinuno sa Asya-Pasipiko, kabilang ang mga nasa Pilipinas, ang mga bentahe ng mga tauhang ito. Sa isang sarbey noong 2022-2023, natuklasan nina Custer et al. (2024) na ang mga pinuno ng publiko, pribado, at panlipunang sibil sa rehiyon ay nakatingala sa Estados Unidos at iba pang mga nangungunang demokrasya bilang mas mahusay na kasama sa mga proyekto sa pamamahala at panlipunang sektor, subalit nakatingin naman sila sa Beijing para sa mga proyektong pang-imprastraktura at enerhiya.

.

Tablea 2.4: Opisyal na pangako mula sa malalaking katuwang sa kaunlaran ng Pilipinas kada sektor,~~;~~ 2000-2022

Billions of 2021 USD

| Sector | China | Asian Development Bank | Australia | World Bank | Japan | South Korea | United States |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Disaster risk reduction, emergency response | 0.1 | 0.0 | 0.1 | 0.2 | 0.8 | 0.0 | 0.7 |
| Economic and information infrastructure | 2.0 | 3.1 | 0.0 | 1.2 | 0.1 | 0.8 | 0.2 |
| Physical connectivity infrastructure | 1.6 | 4.6 | 0.2 | 1.1 | 14.6 | 1.3 | 0.5 |
| Social and environmental infrastructure | 0.2 | 12.0 | 1.4 | 7.8 | 1.0 | 0.4 | 2.7 |
| Utilities, food, and power infrastructure | 4.9 | 2.9 | 0.2 | 2.6 | 1.4 | 1.5 | 0.2 |
| Other | 0.3 | 1.1 | 0.4 | 3.3 | 3.8 | 0.4 | 0.3 |

Created with Datawrapper

*Mga Tala: Ang mga pangakong tulong ay nasa mga bilyon at nakatalaga sa halaga ng USD noong 2021. Ang madilim na mga kulay ay para sa mataas na kapital sa mga sektor. Pinanggalingan: OECD CRS Database, 2000-2022 at AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

*Sa sektor ng "Disaster risk reduction, emergency response" kabilang ang tulong pangkaunlaran sa pagkain, paghahanda sa mga sakuna, pagsuong sa mga emergency, pagtatayo ng mga bahay at rehabilitasyon. Sa sektor na "Other" naman kabilang ang mga usapin sa utang, halagang administratibo para sa mga nagpautang, tulong heneral at tulong sa kalakal, tulong sa pangkalahatang badyet, at iba pang mga aspetong tumatalakay sa ibang sektor, at mga kapital mula PRC na walang alokasyon, o hindi malinaw ang alokasyon, na kinakailangan ng pananaliksik sa mga dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang mga proyekto at 2022.*

.


### 2.1.2 Paano nagbago ang pagpondo ng Beijing sa iba't ibang administrasyon?

Bilang isang ekonomista, ipinilit ni Pangulong Arroyo na ang pag-unlad at pagkakaroon ng mga trabaho ang siyang magsusulong sa kanyang polisiyang panlabas (Government of the Philippines, 2004; Tran, 2019). Lantaran niyang niyakap ang PRC bilang isang kaibigan, kahit na sa gitna ng sigalot sa dagat ng dalawang bansa (ibid). Sa parehong direksyon, ang "Going Out" (o "Going Global") na polisiya ni Jiang Zemin ay nagbigay sa mga opisyal ng PRC ng malinaw na mandato para tumingin palabas at gamitin ang sobrang kapasidad ng Tsina sa industriya para tumulong sa kaunlaran ng ibang bansa. Yumabong ng 950 porsyento ang mga pondong pangkaunlaran ng Beijing sa Pilipinas (mula US$88 million ay lumoboɨ ito sa US$931 million), lalo na sa mga larangan ng enerhiya at telekomunikasyon.

Subalit kahit sa tinatawag na "gintong panahon" ng relasyong PRC-Pilipinas (PRC Embassy, 2005), paiba-iba ang antas ng pagdating ng pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas, na yumabong noong 2004, 2006 at 2010, pero naliligiran ng mas mababang bilang ng mga kaganapan (Pigura 2.2). Ang pag-iibang ito'y dahil na rin, sa isang banda, sa kalagayan ng pangkaunlarang pondo ng Tsina, na nagsusulong ng kaunti pero mamahaling pagpondo sa malalaking mga proyekto na ilang taon bago matapos, kasabay ng maraming maliliit na mga proyekto at pagtulong sa pag-unlad ng lipunan (Pigura 2.5).

.

Pigura 2.5: Mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas na pinondohan ng PRC, 2000-2022




*Mga Tala: Ipinakikita ng "raincloud" biswalisasyon na ito ang paghahati ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC sa Pilipinas ayon sa kapital na inilaan sa proyekto. Bawat itim na tuldok sa X-aksis ay kumakatawan sa mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC. (Pansinin na nagkakasalamuha ang mga tuldok at hindi lahat ng mga proyekto ay may biswalisasyon sa kakulangan ng espasyo.). Ang mga saklaw ng "interquartile", mula sa halos $0 hanggang $10 milyon, ay kumakatawan sa mataas at mababang limit ng kalahati ng halaga ng mga proyekto. Ang "density curve" ay kumakatawan sa distribusyon ng mga halaga ng dataset. Para sa biswalisasyon, ang "custom scale" sa x-aksis ay pinalalapit ang halaga na mas malapit sa $0 at sinisiksik ang mga halaga lagpas ng $1 milyon. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Dinagdagan ng grupo ng limitadong pagsasaliksik sa mga dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang karagdagan pang mga proyekto at detalye para sa 2022.*

Ang unang proyektong pangkaunlaran ng PRC na pinondohan ng utang para sa Pilipinas noong 2001, ang US$88 milyon na "credit line" para sa Department of Finance para sa isang proyekto ng irigasyon sa Ilocos Sur, ay isang signos ng mga darating na pangyayari (Custer et al., 2023; Dreher

.

et al., 2022). Nakatutok ang proyekto sa patubig at pagpapalawak ng grid ng kuryente at tila isa itong panubok sa mas malaking mga puhunan na bubuhos sa dalawang sektor na ito sa susunod na dalawang dekada. Maliban sa mga tulong matapos ang mga sakuna, ang karamihan sa tulong ng PRC noong administrasyong Arroyo ay mga pautang na kadalasan ay may interes (3-3.5 porsyento) at haba ng pagbayad ng utang (7-12 taon).

Matining ang mga ambisyon: ang Banaoang Pump Station Irrigation Project ay sinimulan para pataasin ang produksyon ng palay at palakasin ang pamilihan sa pamamagitan ng matinong mga daanan at kuryente para sa lahat, isang istasyon kung saan iniimbak at ipamumudmod ang tubig, at sunod-sunod na mga kanal para sa irigasyon (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Tinatayang magbibigay ang proyekto ng patubig sa lagpas 6,000 ektarya ng lupa at makatutulong sa lagpas 5,000 na mga pamilya ng magsasaka. Subalit ang partner na gagawa ng proyekto sa irigasyon, ang China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC) na pag-aari ng estado, ay nabalam, isang indikasyon ng kawalan ng karanasan ng CACM kahit sa maaga pa lamang na antas ng paggawa ng mga proyekto para sa ibang bansa.

Noong 2006, pinondohan ng Beijing ang 10 mga proyekto na nagkakahalaga ng US$204 milyon dolyar, sakop ang pagpapalago ng negosyo at pagpapalawak ng komersyo, kasama na ang pagtulong sa mga nasalanta ng Bagyong Reming at ang pagguho ng lupa sa Timog ng Leyte. Noong 2010, ang huling taon ng termino ni Arroyo, pumaimbulog ang bilang ng mga proyektong pinondohan ng PRC, hanggang sa umabot ito ng US$931 milyon sa isang taon, dahil sa dalawang mga proyekto: ang

.

isang planta ng enerhiya na pinatatakbo ng uling sa Mariveles, at ang paglilinis ng maruming tubig sa Metro Manila (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Isa pang karagdagang kontrata para sa pagpapalawak ng Digital Mobile 3G network ay napirmahan noong Setyembre 2010, matapos makaalis na sa posisyon si Arroyo.

Kagilagilalas sa kanilang laki (ang pinakamalaki ay nagkakahalaga ng US$687 milyon), ang mga proyektong ito ay nagpapakita rin ng mas malawak na direksyon: ang pagiging pribado ng mga pagpondo para sa pangkaunlaran. Mas madalas na nagpapautang na ang PRC sa pribadong sektor sa Pilipinas at iba pang mga bansa, kadalasan ay may mga garantiya ng soberenya na sisingilin ang bansa kapag hindi nakapagbayad ang pribadong korporasyon (Malik et al., 2021).

Ang kasiglahan ni Arroyo sa pagpapalakas ng relasyon sa Beijing ay batbat ng kritisismo. Inakusahan ang pangulo ng mga kritiko ng korapsyon, pandaraya sa eleksyon, at "ibinebenta ang soberenya ng Pilipinas para sa pansariling kapakanan" (Quimpo, 2009; Zha, 2015; Tran, 2019). Dahil sa malakas na protesta sa bansa, sinuspinde ni Arroyo ang  proyektong Cyber Education na nagkakahalaga ng US$466 milyon, kinansela ang US$329 milyon National Broadband Network project, at napilitang protektahan ang karagatang malapit sa Pilipinas nang sinimulan na ng PRC na angkinin ang buong South China Sea (West Philippine Sea) (Tran, 2019).

Nagsimulang magbago ang relasyon ng PRC-Pilipinas nang mahalal si Pangulong Aquino noong Mayo 2020. Naging malamig na ang pakikitungo ng dalawang bansa sa isa't isa. Sa mga unang buwan ng administrasyong Aquino, pinalawak ng PRC ang pagbabantay nito sa

.

Spratly Islands at anim na beses na pumasok sa teritoryo ng Pilipinas. (Thayer, 2014). Mainit na sagutan at balitaktakan tungkol sa pag-aari ng iba't ibang lupa sa South China Sea (West Philippine Sea) ang nangyari noong panahon ni Aquino. Nagprotesta rin si Aquino sa pangangamkam ng Beijing, at sinimulan ang isang kaso ng arbitrasyon laban sa Beijing noong 2013 sa ilalim ng United Nations Convention on the Law of the Sea (PCA, 2013). Nakipagpulong din ang Pilipinas sa mga kasamahan nito sa ASEAN at sa Coast Guard ng Estados Unidos (Thayer, 2014).[7]

Ang malamig na relasyon ay napunta sa matabang na interes mula sa dalawang pinuno ng PRC at Pilipinas na magtulungan para sa mga proyektong pangkaunlaran at umabante ang mga napagkasunduan ng mga proyekto.[7] Noong panahon ni Aquino, kaunti lamang ang natanggap na salapi ng Pilipinas mula sa PRC sa anim na taon at 14 na mga proyekto, na mas maliit pa sa isa sa mga tatlong proyektong pinondohan ng mga Intsik na bangko noong 2010, ang huling taon ng termino ni Arroyo.

Mayroon lamang tatlong mahalagang mga kasunduan para sa pangkaunlarang proyekto na pinirmahan noong panahon ni Aquino. Dalawa sa mga ito ay mga pautang ng mga bangkong pag-aari ng PRC sa dalawang mga korporasyon sa Pilipinas: ang San Miguel Corporation (isang malaking grupo na may mga negosyo sa pagkain at inumin, enerhiya, at imprastraktura) at ang Rizal Commercial Banking Corporation (isang pribadong bangko) (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Sa

---

[7] *Kinansela ng Pilipinas ang dalawang kontratang napirmahan noong panahon ni Arroyo sa kontrobersyal na proyektong Northrail project (tingnan ang Kabanata 3) at sinuspinde ang ikatlong proyekto (ang proyektong Agus 3 Hydropower) noong panahon ni Aquino (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

.

parehong kaso, nanguna ang mga Intsik na bangko pero hindi solong nagpautang, sa halip ay kasama sila ng isang mas malaking grupo na binubuo ng 33 korporasyon at 17 iba pang mas maliit na mga kompanya. Ang pangatlong pagkakataon ay ang pautang sa Development Bank of the Philippines (isang bangkong pangkaunlaran na pag-aari ng estado) mula sa Bank of China, isang grupong katamtaman lamang ang laki sa grupo ng 20 bangko na kinabibilangan nito. Ang tawag dito ay "pagpapautang ng isang sindikato," kung saan ang nangungunang bangko ang siyang namamahala ng mga kontribusyon mula sa maliliit na mga bangko, at sama-sama silang nagpapautang sa isang grupo gamit ang parehong mga termino ng pautang (BOC, walang petsa).

Sa kabilang banda, ang tulong ng PRC noong panahon ni Aquino ay limitado lamang sa maliliit na proyektong nakabubuti sa imahen ng mga Intsik. Mga proyekto itong magbibigay ng mabuting opinyon sa publiko at walang kinalaman sa prayoridad ng mga pinuno ng pamahalaan. Sa "tahimik" na yugto ng relasyong PRC-Pilipinas, tinatantiyang nagtatanim ang Beijing ng mga punla sa isipan ng mga tao para magkaroon ng mas mabuting imahen sa susunod na administrasyon, kapag wala na sa poder si Aquino.

Ang isa sa mga proyektong ito ay ang US$2 milyon na bigay ng Ministri ng Komersyo ng PRC sa isang pagtulong na teknikal sa Philippines-Sino Center for Agricultural Technology, subalit mapapansing mas maliit ang pondong ibinigay kaysa sa naunang pagtulong dito noong 2003 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Nagbigay din ng kaunting donasyon ang Beijing sa Pambansang Aklatan ng Pilipinas at itinayo ang isang Confucius


.

Institute sa Unibersidad ng Pilipinas. Mas malaking tulong naman ang dumating mula sa PRC nang magpadala ito ng ilang ulit para sa mga biktima ng Bagyong Yolanda, kabilang na ang tulong sa kalamidad at isang barkong ospital.

Nang manungkulan si Pangulong Duterte noong gitna ng 2016, sinabi niyang gusto niyang magkaroon ng "malayang" polisiyang panlabas ang Pilipinas. Kanya ring hinangaan ang lakas ng ekonomiya ng PRC at natuwa sa pagkampi ng Beijing sa kanyang polisiya laban sa ilegal na droga. Ang lahat ng ito ay nagbigay daan para sa isang magandang relasyon sa pagitan ng dalawang mga bansa (Tran, 2019; Blanchard, 2016). Dahil dito, nakatanggap ang Pilipinas ng pinakamalaking bilang ng mga bagong proyekto (174) at pangkaunlarang pondo sa dolyar (US$6.2 bilyon) noong panahon ni Duterte (2016-2022), kung ihahambing sa mga nauna sa kanya. (Pigura 2.6).

.

Pigura 2.6: Mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas sa pagdaan ng mga taon, 2000-2022




*Mga Tala: Ang mga patayong linya ay kumakatawan sa eleksyon at pagbabago ng mga administrasyon. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Dinagdagan ng grupong nagsaliksik ang impormasyon mula sa kaunting dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang mga proyekto at detalye para 2022.*

Sa maikling panahon, napagalaw ni Duterte ang US$ 2.2 bilyon na pautang para sa dalawang mga proyekto sa enerhiya sa Dinginin at Kauswagan (mula Hulyo at Setyembre, 2016). Matapos ang kanyang opisyal na pagdalaw sa Tsina (sa pagitan ng Oktubre at Disyembre 2016), pumayag ang Beijing na mamuhunan sa 10 pang dagdag na mga proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas na nagkakahalaga ng US$28

.

milyon. Ang GNPower, sa pamamagitan ng kanilang mga "special purpose vehicles[8] sa GNPower Dinginin Ltd. Co (GNPD) at GNPower Kauswagan Ltd. Co (GNPK), ay balak sanang isara na ang pagpondo para sa proyekto bago mag-eleksyon; subalit ang bilis sa paghanap ng mga pondo rito ay nagpapahiwatig na tinitimbang ng PRC ang sitwasyong politikal sa kanilang kalkulus (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).

Lubos ang pakikibagay ng PRC sa mga prayoridad ng bago nitong kakampi na si Pangulong Duterte, sa kanyang programang "Build, Build, Build," na gustong dalhin ang Pilipinas sa isang bagong "gintong panahon ng imprastraktura." (DBM, walang petsa). Ang pinakamalaking mga proyekto sa mga unang taon ng administrasyong Duterte ay sa mga sektor ng imprastraktura (industriya, pagmimina, konstruksyon, enerhiya; at sa tubig). Nakakuha rin ng atensyon ang telekomunikasyon mula sa mga namumuhunan galing sa PRC sa panahong ito, kahit na ang mga kapital dito ay nakakalat sa iba't ibang mga taon at mga kasama. Sa katunayan, ang mga matataas na sektor na nakakuha ng mga dolyar para sa pangkaunlarang pondo (sa halaga ng proyekto) noong 2000-2022 ay nagtagpo sa mga prayoridad sa imprastraktura ng parehong rehimen nina Duterte at Arroyo.

Naging matatag ang interes ng Beijing sa pagpondo sa mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas dahil mabilis na dumami ang bilang

[8] *Ang ibig sabihin ng "special purpose vehicle" (SPV) ay isang mamumuhunan na nagpapautang sa isang "malaya at legal na grupo na itinayo para payabungin, akuin, at patakbuhin ang isang proyekto." Saklaw ng mga SPV ang mga paulit-ulit na pautang at obligasyon na may kinalaman sa proyekto lamang at wala ng iba pa (Custer et al., 2023 at Dreher et al., 2022).*

.

ng mga proyekto noong panahon ni Duterte – mula 14 proyekto noong 2016 hanggang maging 44 proyekto noong 2021. Kahit na ang malaking mga proyekto sa imprastraktura ay pinondohan ng mga utang (mga utang na umabot na sa termino ng merkado at ng mga kreditong panlabas ng mga produkto), ang mabilisang paglago ng mga proyekto taon-taon ay isinulong ng maraming mga kaganapan sa kalusugan, edukasyon, at pagtulong sa mga kalamidad na pinondohan nang maluwag (halimbawa, bigay o walang interes o mababang interes).[9]

Dahil sumigla muli ang pagpasok ng pangkaunlarang pondo mula sa PRC noong 2016, naging optimistiko ang mga opisyal na Pilipino at isinapubliko ang kanilang mithiin na ang bansa ay makasama sa Belt and Road Initiative (BRI) noong 2017, na isang proyekto ng Presidente ng Tsina na si Xi Jinping. Sinabi ng Finance Secretary na si Carlos Dominguez III na ito'y magpapayabong sa mga daungan at paliparan ng Pilipinas (DOF, 2017), at ipinangako ng South China Morning Post ang "maramihang mga proyektong popondohan ng Tsina" para sa Davao, ang bayan ni Duterte (Huang, 2017).

Pero sa halip, bumaba ang bilang ng mga bagong pangkaunlarang pondo noong 2017 at 2018, samantalang ang mga pangako para sa 2019 at 2022 ay mas mababa ng isang bilyong dolyar kung ihahambing sa rurok noong 2016. Habang humihina na ang pagdating ng pangkaunlarang pondo

---

[9] *Bilang halimbawa, ang bilang ng pagtulong sa maluwag na mga termino ay lumaki mula pitong proyekto noong 2016 hanggang maging 38 proyekto noong 2021, sa gitna pandemyang COVID-19. Ito'y karagdagan pa sa mga imprastraktura na malalaki at pinondohan ng mga terminong hindi maluwang (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022)*

.

mula PRC, nakakuha pa rin ang Pilipinas ng mga FDI mula sa mga komersyal na grupo sa Tsina, sa halip na mga bangkong suportado ng estado, noong 2018. Subalit hindi rin ito matatag at nabawasan din noong 2019. Ang FDI galing Tsina ang laman ng mas malalim na diskusyon sa Bahaging 2.2.

Kahit mainit na ang kanilang relasyon, hindi pa rin naging maluwag ang Beijing sa pagbubukas ng pinto ng kapital para sa Pilipinas. Sa bawat $1 na tulong ng Beijing sa Pilipinas noong 2016, naglalabas ito ng US$ 167 na pautang. Noong 2019, mas lalong naging tabingi ang termino: US$1 na bigay sa bawat US$211 na pautang. Ang dahilan nito ay ang karaniwang gawain ng pangkaunlarang pondo ng PRC sa buong mundo: binibitbit nito ang kakaunting bilang ng mamahaling mga proyektong pang-imprastraktura kung saan ito umaasang kikita, kasabay ng maraming mga murang proyektong panglipunan para bumango ang pangalan nito. Kahit na minsan ay pinopondohan ng PRC ang mga proyektong pang-imprastraktura na bigay lamang, walang interes o sa mababang interes, hindi nila ito karaniwang ginagawa.

Ang pagbawas ng mga bagong pondong pangkaunlaran galing sa Beijing, kasabay ng mas mataas na halaga ng pagkuha ng mga pondo na ito para sa Pilipinas, ay sumasalamin hindi ng kondisyon ng relasyong Pilipinas at PRC. Bagkus, ito ay nagpapakita ng nagbabagong portfolio ng Beijing. Nang makita ng mga opisyal sa PRC na marami na ang mga bansang nahihirapang magbayad ng kanilang utang mula sa mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC, sinimulan nilang lumayo sa pagbibigay ng pondo sa mga “bagong” proyektong pang-imprastraktura. Sa halip, tumutok sila sa pagsagip sa mga “lumang” proyekto sa

.

pamamagitan ng pagbibigay ng "emergency" na pautang (halimbawa, pautang sa balanse ng hiniram, palitan ng salapi) para matulungan ang mga nanghiram sa kanilang kakaunting salapi para hindi sila pumalya sa pagbabayad (Horn et al., 2023). Dagdag pa rito, sa kagustuhan nitong "alisin ang panganib sa mga portfolio ng pautang nito sa ibang bansa" (Parks et al., 2023), pinalawak ng PRC ang dami ng mga proyektong may kasamang mga komersyal na bangko sa ibang bansa, para ipunin ang panganib at pagalawin ang kapital.

Ang malawakang kontekstong ito ang magbibigay ng liwanag kung bakit nagtipid ang PRC sa pagbibigay ng pondo para sa proyekto ng Clark Global City sa Pilipinas. Matibay na nakahanay ito sa mga nakasaad na prayoridad ng Maritime Silk Road Strategy (PRC State Council, 2017) sa Beijing. Gusto ng Pilipinas na palawakin ang komersyal na distrito sa Clark Freeport Special Economic Zone na katabi ng Clark International Airport (sa lungsod ng Mabalacat sa lalawigan ng Pampanga). Nakipag-partner ang Bank of China sa dalawang komersyal na bangko sa Pilipinas, ang Banco de Oro at ang Philippine National Bank, bilang katuwang na para makabuo ng US$265 milyon na sindikatong pautang para sa naturang proyekto. Ang pautang ay magtatagal ng 10 taon sa interes na 7.61 at 8.98 porsyento (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Kung ihahambing, ang mga pangkaunlarang pondo na ipinahiram ng Japan (isa pang madalas magpautang sa Pilipinas) ay mas maluwang, sa interes na kadalasan ay 1 porsyento lamang (OECD, 2023), 10 dagdag na taon na maaaring hindi muna magbayad, at magbabayad lamang ng utang sa loob ng 40 na taon (OECD, 2020).

.

Dalawang taon pa lamang tayo sa termino ng sumunod kay Duterte, si Pangulong Marcos Jr., at maaari lamang tayong magbigay ng mga tentatibong pagsusuri kung paano gagalaw ang mga pangkaunlarang pondo mula sa PRC. Tumaas ang halaga sa dolyar ng mga proyekto ng PRC matapos ang pandemyang COVID-19 noong 2022 (US$1.06 bilyon), kung ihahambing sa pagbagsak nito noong 2020 at 2021. Dala ng tatlong nakaplanong mga proyekto ang halos 80 porsyento ng pondong inaasahang dumating: ang proyektong tulay sa Samal-Davao sa bayan ni Pangulong Duterte; ang pautang sa Manila Water Company para palawakin ang operasyon nito, at ang kapital para sa susunod na yugto ng proyekto ng Kaliwa Dam. Ang mga pondo na ipauutang dito ay isinabay sa 11 maliit na mga kaganapan sa panglipunang sektor (halimbawa, sa edukasyon, kalusugan, at serbisyong panglipunan). Ang ibang mga kaganapan ay sumasalamin naman sa mainit na relasyon ng Beijing kay Duterte, na bumaba bilang pangulo sa gitna ng 2022.

Ang pagkilos ng PRC sa mga taon na may eleksyon (halimbawa, 2010 at 2016) ay nagpapakita ng interes ng Beijing sa mahahalal na pangulo. Ang pagiging agresibo ng Beijing sa karagatan ay sinabayan ng paghina ng daloy ng pangkaunlaran pondo sa mga unang buwan ng termino ni Aquino. Sa kabilang banda, ang mabilis na pagpasa ng kaunti pero mamahaling mga proyektong pang-imprastraktura kasabay ng marami pero murang mga proyektong panglipunan para sa magandang imahen ng Tsina ay kasabay ng nakitang mainit na relasyon na nagsimula sa mga unang buwan pa lamang ng termino ni Duterte. Habang pinapalawig ng administrasyon ni Marcos Jr. ang relasyon sa iba pang mga banyagang bansa at inilalayo ang Maynila sa Beijing, malamang na ang mga


.

pamumuhunan ng PRC sa Pilipinas ay sasalamin din sa dinamikang nakita noong panahon ni Aquino.

### 2.1.3 Saang mga pamayanan namumuhunan PRC—at bakit?

Sa bahaging ito, gagalugarin natin kung paano nagbabago ang pagdaloy ng panglipunang pondo ng Tsina depende sa lugar. Para sagutin ang katanungang ito, tututukan namin ang impormasyon sa mga lokasyon na matatagpuan sa mga datos ng proyekto ng AidData para sa mga panglipunang pondo ng Tsina para makita natin ang paghahati-hati ng mga kaganapan sa *loob* ng Pilipinas at sa 17 nitong rehiyon (ang unang antas ng administrasyon). Kung titingnan natin ang mga pamumuhunan sa lagpas ng dalawang dekada (2000-2021),[10] makikita natin na ang Beijing ay namuhunan sa mga rehiyon na mahalaga sa politikal na aspeto, na kumakatawan bilang mga masiglang pamilihan para sa mga kompanya ng mga Intsik (tingnan ang mapa sa ibaba).

Pigura 2.7a at 2.7b: Mga proyektong pangkaunlaran ng pinondohan sa Pilipinas kada rehiyon, 2000-2021




[10] *Ang mga proyekto para sa 2022 ay hindi pa nabigyan ng lokasyon ayon sa rehiyon.*

.

*Mga Tala: Ang mga mapang ito'y nagpapakita ng mga bilang at dolyar na halaga ng mga pangkaunlarang proyektong pinondohan na pinagsama ayon sa antas ng rehiyon mula 2000-2021, kasabay ng malalaking lungsod at lokasyon ng nikel, natural na gas, at petrolyo na gumagana na o ginagawa pa lamang. Ang kaliwang mapa ay nagpapakita ng mga proyekto na lagpas ng US 1 milyon (mega projects), samantalang ang sa kanang mapa ay nagpapakita ng mga proyekto na mababa sa US$1 milyon (goodwill projects). Maraming mga proyekto ng  PRC ang hindi maiuugnay sa isang rehiyon, dahil ang sakop nito ay pambansa, or salat ang impormasyon para matukoy ang tamang lokasyon. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Ang National Capital Region (NCR), ang episentrong politika ng bansa at tahanan ng maraming mga malalaking kompanya, ang nakatanggap ng pinakamaraming mga proyekto (45) at ang pangalawa sa may pinakamalaking halaga (US$1.3 bilyon) (Tablea 2.8). Ang kalapit na Gitnang Luzon ay nakatanggap ng pinakamalaking halaga ng mga proyekto ng PRC (US$2.7 bilyon), na nakasentro sa timog gitnang Luzon na siyang tahanang rehiyon ni Pangulong Arroyo, na nagsabing gusto niyang payabungin ang Luzon Urban Beltway para maging isang "sentro ng industriya at serbisyo na maihahambing sa ibang mga lugar sa mundo" (E.O. 561, 2006). Pinondohan ng Beijing ang ilang mga proyekto na may kinalaman sa adhikaing ito, kasama na ang ilang scanner ng malalaking bagon noong 2007 at ang GNPower Mariveles Coal Plant noong 2010.[11]

---

*[11] Kakatwa na ang sinabi ng Amerikanong Pangulo na si Joe Biden noong Abril 2024 tungkol sa imprastraktura sa koridor ng "PGI Luzon" ay katulad ng arko ng daanan na ito sa lungsod, kung saan nangako siyang "pagdudugtungin ang Subic Bay, Clark, Manila and Batangas" sa pamamagitan ng riles, pier, kuryente, at industriyang mataas ang uri (Widakuswara, 2024). Kapag nagawa ito, ang koridor na itong pinondohan ng Estados Unidos ay magpapayabong sa naroon ng mga proyekto ng PRC, at iba pang mga lugar na tila nakaligtaan na tulad ng Batangas.*

.

Tablea 2.8: Mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas ayon sa rehiyon, 2000-2021

| Region name | Project count | Total project value, millions USD | Project value per capita, USD |
|---|---|---|---|
| National Capital Region (NCR) | 45 | 1,284.27 | 95.24 |
| Region III (Central Luzon) | 26 | 2,659.16 | 214.07 |
| Region XI (Davao Region) | 26 | 238.73 | 45.53 |
| Region I (Ilocos Region) | 11 | 222.06 | 41.89 |
| Region IV-A (Calabarzon) | 10 | 634.07 | 39.15 |
| Region VII (Central Visayas) | 10 | 0.86 | 0.11 |
| Region X (Northern Mindanao) | 10 | 1,161.96 | 231.34 |
| Cordillera Administrative Region (CAR) | 9 | 33.91 | 18.86 |
| Region VIII (Eastern Visayas) | 9 | 58.42 | 12.85 |
| Bangsamoro Autonomous Region In Muslim Mindanao (BARMM) | 7 | 61.57 | 13.98 |
| Region XIII (Caraga) | 6 | 61.64 | 21.98 |
| Region VI (Western Visayas) | 5 | 56.25 | 7.07 |
| Region XII (Soccsksargen) | 5 | 127.51 | 26.01 |
| Region II (Cagayan Valley) | 4 | 33.96 | 9.21 |
| Region V (Bicol Region) | 4 | 82.43 | 13.55 |
| Mimaropa Region | 3 | 0.68 | 0.21 |
| Zamboanga Peninsula | 3 | 56.84 | 0.00 |
| Unspecified | 86 | 1,342.24 | NA |

*Mga Tala: Ang tablea na ito ay nagpapakita ng mga pangkaunlarang proyekto na pinondohan ng PRC ayon sa rehiyon sa pagitan ng 2000 at 2021 (kasama ang pautang at mga instrumento ng pautang), sa bilang ng mga proyekto, halaga sa*

.

*dolyar (sa milyon na nakatalaga sa halaga ng dolyar noong 2021) at ang halaga ng dolyar bawat kapital na nakabase sa mga pigura sa senso ng 2020. Ang "Unspecified" ay tumatalakay sa mga proyekto na pambansa/pangrehiyon o kaya naman ay hindi malinaw na nakapaloob sa isang rehiyon. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022); Philippine Statistics Agency 2020 Senso ng Populasyon at Pabahay.*

Ang Davao ay isa ring mahalagang rehiyon kung pagbabasehan ang politika dahil tahanan ito ng dating Pangulong Rodrigo Duterte at ng kasalukuyang Pangalawang Pangulo na si Sara Zimmerman Duterte-Carpio. Kahit na ang kabuuang halaga sa dolyar ng mga proyekto ng PRC ay hindi malaki (US$239 milyon), ang bilang ng mga proyekto ay pangalawa sa pinakamataas sa buong bansa (26 na mga proyekto sa pagitan ng 2000 at 2021). Mahalaga ang tiyempo rito: 85 porsyento ng mga proyekto ng Beijing ay ipinangako matapos nahalal si Duterte noong 2016. Ang mga proyektong ito ay tumutukoy sa pagpapaganda ng imahen at walang balik para sa ekonomiya ng Tsina, at kasama rito ang donasyon ng mga gamit sa edukasyon, medikal na pangangailangan, pagkain para sa mga nasalanta ng kalamidad, at motorsiklo para sa mga miyembro ng kagawaran ng pulisya sa Lungsod ng Davao.

Hindi iniwasan ng kapital mula sa PRC ang Bangsamoro Autonomous Region sa Muslim Mindanao (BARMM), kahit na may gulo sa Marawi. Sa halip ay nakakita ng pagkakataon ang Beijing para palakasin ang isa sa mga mahahalagang isyung pambansa ni Pangulong Duterte. Mula 2017 hanggang 2019, pinondohan ng PRC ang pitong proyekto

.

sa rehiyon, na nakatutok sa pagtulong at pagbubuong muli ng Lungsod ng Marawi, pero pinalawak din nito ang pagpondo sa Dito Holdings Corporation para magkabit ng isang pambansang sistemang 4G/5G noong 2019. Pinosisyon ito bilang pangatlong manlalaro sa telekomunikasyon sa Pilipinas, kasama ng Globe at PLDT/Smart.

Ang potensyal sa enerhiya ay isa pang mahalagang direksyon para sa pangkaunlarang pondo mula sa PRC; subalit ang dahilan ay hindi ang pagiging malapit sa pinanggalingan ng mapagkukunan sa enerhiya at mga kritikal na mineral.[12] Ang mga pamumuhunan na suportado ng estado ng PRC ay hindi gumalaw sa mga rehiyon kung saan mayroon nang mga malalaking minahan ng nikel (Caraga at Mimaropa) o malapit sa mga

---

*[12] Ang kritikal na mineral ay isang uri ng mga mineral na tumutukoy sa malinis na teknolohiya sa enerhiya kabilang na ang copper, lithium, nickel, cobalt, at kakaibang mga elemento sa lupa. Ang mga materyales na ito ay itinuturing na kritikal sa pagtakbo at pagpapataas ng antas ng transisyon sa malinis na enerhiya (halimbawa, turbine sa hangin, sasakyang kuryente, at mga baterya) (International Energy Administration, walang petsa).*

.

deposito ng langis at natural na gas[13] (Calabarzon, Gitnang Bisaya, Gitnang Luzon) (tingnan ang mga Pigura na 2.7a at 2.7b, sa itaas). Sa halip, ang interes ng Beijing ay nakasalalay sa pagpapataas ng gamit ng kuryente para magtulak sa mas mataas na produksyon at mga paparating pang mga proyekto mula sa mga kompanyang Intsik.

Ang Alegria Oil Field sa Cebu, sa rehiyon ng Gitnang Bisaya, ang nag-iisang lugar para sa petrolyo na direktang pinatatakbo ng isang kompanya sa PRC, ang China International Mining Petroleum Co., Ltd. (Trimmer et al., 2024; Padayhag, 2014). Subalit tila wala itong direktang koneksyon sa mga konsentrasyon ng opisyal na pangkaunlarang pondo ng Tsina. Sa halip, ang lokasyon ng malaking enerhiyang GNP sa Gitnang Luzon at Hilagang Mindanao ay tila malaking angkla lamang para sa dagdag pang kapital mula sa PRC, kasama na ang opisyal na pangkaunlarang pondo at ang FDI – isang tema na ating tatalakayin nang mas malalim sa susunod na bahagi.

---

[13] *Ang Petron Bataan Refinery sa Gitnang Luzon ang pinakamalapit sa mga kapital sa enerhiya ng PRC mga planta sa Mariveles at Dinginin. Subalit walang malinaw na koneksyon sa dalawang lokasyon. Ang planta ng gas sa Malampaya sa Batangas ang destinasyon ng dalawang Malampaya Gas Fields sa Palawan, ang mayamang lokasyon sa pagitan ng Pilipinas at mga isla ng Spratly. Subalit dahil marahil sa pagiging sensitibo ng lokasyon sa South China Sea (West Philippine Sea), o dahil sa mga restriksyon sa pagkakaroon ng mga banyagang pagkilos sa mga likas na kayamanan ng Pilipinas, hindi nakatutok ang panustos ng PRC maging sa Batangas o sa rehiyon ng Mimaropa, na may mataas na konsentrasyon ng mga minahan ng nikel at malapit sa mga hydrocarbon ng South China Sea (West Philippine Sea). Nakatanggap lamang ang panglungsod na pamahalaan ng Batangas ng isang donasyon ng mga kagamitang pang-emergency matapos ang pagsabog ng Bulkang Taal noong Enero 2020..*

.

## 2.2 Paanong nagbago ang FDI ng Tsina sa pagdaan ng panahon, sa terminong absolut at sa relasyon nito sa pangkaunlarang pondo ng PRC?

Malaki ang pangkaunlarang pondo ng Beijing sa Pilipinas subalit ito ay sensitibo sa mga pagbabago ng administrasyon at pag-aalala sa antas ng panganib na dala nito sa pangmundong portfolio ng pautang. Dagdag pa rito, limitado rin ang panahon ng iba't ibang pangkaunlarang pondo at hindi ito para sa pangmatagalang panahon. Kung ihahambing, ang FDI ay nagtataguyod ng mas matagal na interes sa pamumuhunan at sa pag-aari sa pagitan ng kapitalistang indibidwal at korporasyon (OECD, walang petsa). Ang mga direksyong ito ay sumasalamin sa mga bagong FDI na papasok pa lamang, hindi ang ang stock o pangkalahatang halaga ng lahat ng nauna at kasalukuyang FDI para sa isang taon.


Sa pagitan ng 2020-2023, ang mga bagong pangako na FDI mula sa Tsina para sa Pilipinas ay pumaimbulog sa 514 porsyento, mula sa US$214 milyon ay naging US$1.3 bilyon.[14] Subalit hindi tuloy-tuloy ang pagtubo na ito. Tulad din ng pangkaunlarang pondo ng PRC (bahaging 2.1), nag-iba-iba rin ang pagdating ng FDI ng Tsina para sa Pilipinas. Ang papasok na FDI na ipinangako ng Tsina ay umalagwa noong 2018 at umabot ng US$11.2 bilyon (Pigura 2.9), na 44 porsyento ng mga bagong proyekto ng taon na iyon at halos kalahati ng pangkalahatang FDI na pumasok sa Pilipinas mula sa ibang bansa noong taon na iyon (Pigura

[14] *Ang FDI na nakalista bilang capital expenditures (CAPEX) at inanunsyo bilang mga bagong panustos o pagpapalawak para sa mga nasimulan ng proyekto ay nakalista sa bawat taon. Ang halaga ng USD ay hindi nagbago para sa 2021.*

.

2.10). Sa kabilang banda, dalawang taon pa lamang ang nakalipas, noong 2016, ang FDI mula sa Tsina ay wala pang 8 porsyento ng pangkalahatang pondo na pumasok sa Pilipinas.


Pigura 2.9: Papasok na FDI mula Tsina taon-taon kung ihahambing sa pangkalahatang FDI sa Pilipinas na galing sa ibang bansa, 2010-2023




*Mga Tala: Ang pigura na ito ay nagpapakita ng papasok na mga bagong FDI sa Pilipinas galing sa ibang bansa mula 2010 -2023. Ang mga dolyar sa FDI ay kumakatawan sa mga capital expenditures (CAPEX) sa bilyon noong 2021 USD. Pinanggalingan:  FDI Markets mula sa Financial Times Ltd.*

.

Pigura 2.10: Papasok na FDI mula Tsina kada taon bilang bahagi ng pangkalahatang FDI sa Pilipinas, 2010-2023




*Mga Tala: Ang pigurang ito ay nagpapakita ng papasok na bagong FDI mula sa Tsina bilang bahagi ng pangkalahatang FDI ng Pilipinas sa 2010-2013. Ang dolyar sa FDI ay kumakatawan sa capital expenditures (CAPEX) sa bilyon noong 2021 YSD. Pinanggalingan: fDi Markets, mula sa Financial Times Ltd., ang AidData ang gumawa ng mga pagbibilang.*

Ang mga pondo noong 2018 ay dumating matapos gawin sa Pilipinas ang dalawang ASEAN Summit at humingi ng tulong si Pangulong Duterte mula sa PRC, Estados Unidos, Japan at sa European Union, at maging sa iba pang mga bansa (Heydarian, 2017). Ang estratehiyang diplomatiko ni Duterte ay sumabay sa unang-taong anibersaryo ng kanyang programang pang-imprastraktura na tinawag niyang "Build, Build, Build." Nagsilbing mahalagang plataporma ang mga ASEAN Summit para magpakitang gilas ang Pilipinas sa mga potensyal na namumuhunan at makatanggap ng bilyon-bilyong dolyar sa mga proyektong pang-imprastraktura at transportasyon.

.

Noong 2018, naglatag ng dalawang malalaking proyektong bakal na galing sa FDI ng mga Intsik: ang US$3.5 bilyon na proyekto ng isang kompanyang pag-aari ng estado, ang Panhua Group Co. Ltd., para magtayo ng isang pabrika ng bakal at pier (Canivel, 2018)[15] at ang proyektong nagkakahalaga ng US$4.4 bilyon, na parehong pinondohan ng Hesteel Group, na pag-aari rin ng estado, at ng SteelAsia Manufacturing Corp[16] (Asia Times, 2018; Choo at Fox, 2018). Ang adhikain ng dalawang mga proyektong ito ay lagpasan ang produksyon ng Philippines Veterans Investment Development Corporation (PHIVIDEC) Industrial Authority, na pag-aari ng estado at may 3,000-ektaryang lupa sa Misamis Oriental, Hilagang Mindanao.[17]

Hindi maipaliwanag ng mga kritikal na mineral ang kabuuang larawan ng papasok na FDI ng Tsina sa Pilipinas. Ang produksyon ng nikel sa Caraga at Mimaropa ay halos 75 porsyento ng produksyon ng Pilipinas, subalit hindi sila nakatanggap ni isang kusing na FDI mula sa mga Intsik (Pigura 2.11).[18] Ganoon din ang nangyari sa hydrocarbon. Kahit na sinusubukan na ng China International Petroleum Company Limited na maghanap ng

---

*[15] Ang proyektong ito ay matatagpuan sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 pero walang kaukulang mga numero para sa panustos (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

*[16] Ang proyektong ito ay hindi kasama sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0.*

*[17] Ang PHIVIDEC ang nagpapatakbo at namamahala sa mga lokal na negosyo na nagsusulong ng kapakanang panglipunan at ekonomiya ng mga beterano at retirado ng Sandatahang Lakas (PHIVIDEC, walang petsa.).*

*[18] May 18 mga minahan at kwari sa Caraga ang nakabukas, pinauusbong, o sinisimulan pa lamang (Trimmer et al., 2024). Nagsisimula naman ang Mimaropa na payabungin ang may 9 nitong proyekto (ibid). Ang dalawang rehiyon na ito ay siyang pinanggalingan ng 77 porsyento ng minahan ng nikel sa bansa..*


.

langis sa Alegria Oil Field sa Gitnang Bisaya noon pa mang 2012 (Padayhag, 2014; Polyard Petroleum International Group, Ltd. 2012), ang rehiyon ay nakatanggap lamang ng wala pa sa 4 na porsyento ng FDI.

Ang pangunahing iniulat na mga pamumuhunan sa enerhiya sa Gitnang Bisaya at Gitnang Luzon ay nakatuon sa henerasyon ng kuryente para sa lokal na gamit, sa halip na sa pagpipino o pagbebenta ng petrolyo sa ibang bansa (Griffiths, 2019). Hindi umusad ang mga pag-uusap noong 2017 ng Kalihim ng Komersyo na si Ramon Lopez at isang kompanyang Tsino (Handi Group) tungkol sa pamumuhunan sa isang refinery ng petrolyo sa Hilagang Mindanao (Campos, 2017; DTI, 2017; Handi Group, 2017; Philippine Star, 2017).

.

Pigura 2.11: Ang mga kritikal na likas na yaman at ang papasok na FDI mula sa Tsina papuntang Pilipinas, 2010-2023




*Mga Tala: Ang mapa na ito ay nagpapakita ng pangkalahatang FDI mula sa Tsina papasok sa Pilipinas mula 2010-2023 at ang mga lokasyon ng mga proyekto sa natural na gas, nikel at petrolyo na tumatakbo na o sinisimulan pa lamang. Ang mga dolyar sa FDI ay kumakatawan sa Capital Expenditures (CAPEX) sa bilyon noong 2021 sa salaping USD. Walang lokasyon ang iba pang mga proyekto na pinondohan ng Tsina. Pinanggalingan: fDi Markets, mula sa Financial Times Ltd.; U.S. Geological Survey.*

Sa halip, ang mga papasok na FDI na ito ay maaaring sumasalamin sa tatlong iba pang mga salik: (i) gaano kalapit sa mga kasalukuyang proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC; (ii) mga insentibo sa

.

buwis; at (iii) isang direksyon patungo sa proyektong may mas mataas na halaga. Ang pamumuhunan ng mga Tsinong FDI noong 2018 sa dalawang pabrika ng bakal sa Misamis Oriental (na nagdadala ng 72 porsyento ng bahagi ng Tsina sa lahat ng FDI sa sektor ng metal) ay isang magandang halimbawa ng dinamikong ito. Ang dalawang bagong papasok na mga FDI ay inanunsyo dalawang taon matapos ang isang kasunduan sa pagpondo ng PRC para magtayo ng isang planta ng kuryente sa katabing probinsya ng Lanao del Norte (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).[19] Mahigit 75 milya pababa ng baybayin mula sa PHIVIDEC Industrial estate, ang planta ay mag-aalok ng murang kuryente[20] para tulungan ang operasyon ng dalawang pabrika ng bakal (GNPower, n.d.). Ang integrasyon ng mga pabrika sa loob ng estado ng PHIVIDEC ay isa ring magandang mungkahi—habang ang may-ari ng estado ay nag-aalok ng iba't ibang insentibo para akitin ang banyagang namumuhunan, mula sa mababang presyo ng lupaing paupahan hanggang sa kawalan ng buwis (PHIVIDEC, n.d.a.).[21]

---

[19] Ito ay ang US$1 bilyon na kasunduan na nagpapautang ang Chinese Development Bank at China Export-Import Bank sa GNPower Kauswagan Ltd. Co. para magtayo ng isang planta na may lakas na 552 MW.

[20] Ang planta na ito ay tinawag na "sub-P5" at nagkakahalaga lamang ng 5 piso kada isang oras-kilowatt—mas mura pa ng lagpas kalahati sa sinisingil sa mga nakatira sa Metro Manila (Crismundo, 2024).

[21] Inilista ng website ng pamahalaan ang mga sumusunod na mga insentibo: "Mababang singil sa pagrenta ng lupa, walang babayaran sa kustom at sa mga buwis kapag ang mga produkto ay 50-70% na ibebenta sa labas (Domestic and Foreign companies); pagkuha ng mga pribilehiyo mula sa Board of Investments kung nakarehistro ang kompanya sa BOI; at pagkuha ng mga pribilehiyo sa Philippine Economic Zone Authority kung naka rehistro sa PEZA, at pansinin na ang PIEMO ay idineklara na isang lugar na kasama sa PEZA." (https://piamo.gov.ph/about/about-pia/legal-mandate). Sa buong Pilipinas, limitado lamang ang panunustos ng Tsina sa Philippine Economic Zone Authority (PEZA), lima lamang ang mga lugar na may mga Intsik sa buong PEZA na binubuo ng 419 na mga lugar. Ang lugar ng PHIVIDEC, na katabi ng isang container terminal, ay may awtoridad sa ilalim ng isang lumang batas tungkol sa mga lugar na may PEZA (1974 vs. 1994) at tila nakakuha ng benepisyo mula sa pagiging malapit nito sa ehekutibo.

.

Ang mga Memorandum of Understanding (MoUs) para sa mga pabrika ng Panhua at Hesteel ay personal na nilagdaan ng noon ay Kalihim ng Komersyo at Industriya na si Ramon Lopez (Canivel, 2018; Choo at Fox, 2018). Makikita sa MoUs ang mataas na interes sa panahong iyon sa pagitan ng mga pribadong namumuhunan mula sa Tsina,[22] administrasyon ni Duterte,[23] at mga kompanya sa Pilipinas. Sa katunayan, ang mga lokal na organisasyon, tulad ng maka-kaliwang think tank na IBON Foundation, ay kinondena ang malapit na koneksyon ng mga lokal na interes sa pagmimina at mga banyagang tagagawa ng bakal sa rehiyon ng Asya-Pasipiko. Sinabi nito na dapat mag-proseso ang Pilipinas ng mas maraming mineral para sa pangangailangan ng konstruksyon sa bansa, o kaya naman ay magbenta sa ibang bansa ng mga produktong may mas mataas na halaga kaysa sa mga hilaw na mineral (IBON Foundation, 2017).

Kung ihahambing, ang Tsina ay hindi gaanong malakas na bahagi ng mga papasok na FDI na nagsilbing suhay sa iba pang mga sektor ng ekonomiya ng Pilipinas. Ang hindi pagkakapantay-pantay na ito ay kapansin-pansin sa industriya ng turismo at libangan—ang nag-iisang pinakamalaking sektor sa mga papasok na FDI sa kabuuan (Tablea 2.12). Bukod dito ang isang US$850 milyon na sabay na tinustusan noong 2012 ng Jin Jiang International Investments Co. ng Shanghai at ng Liwayway Marketing Corporation upang magtayo ng 28 na maliliit na mga hotel. Ito ay isang sektor kung saan hindi masyadong interesado ang mga Intsik, kung

.

ihahambing sa kanilang mga kahanay galing sa ibang bansa (Gonzalez, 2012; Travel Weekly Asia, 2016).[22]

Ang pagtaas ng FDI ng Tsina sa industriya ng metal ay nagdulot ng maraming pagdaloy ng kapital, subalit may mga dala rin itong mga isyu. Ang planta ng bakal sa Panhua ay hindi nagsimulang maitayo sa katapusan ng 2019 ayon sa plano, at natuloy lamang itong simulan noong Mayo 2022 (Desiderio, 2019; DFA, 2022). May mga hindi-kumpirmadong ulat ng paglabag sa permiso para magtrabaho[23] sa isa pang planta ng bakal ng Panhua sa lalawigan ng Sarangani na naging tampulan ng atensyon noong 2021 (Gubalani, 2021; Rebollido, 2021). Susuriin namin ang mga isyu na kaakibat sa ekonomiya, kapaligiran, at lipunan mula sa mga pondong pangkaunlaran ng PRC sa Kabanata 4.

Tablea 2.12: Papasok na FDI mula sa Tsina kung ihahambing sa pangkalahatang FDI sa mga sektor sa Pilipinas,  2010-2023

| Sector | PRC-sourced FDI, billions USD | All source FDI, billions USD | PRC share of FDI |
|---|---|---|---|
| Metals | 8.78 | 12.18 | 72.08% |
| Hotels and tourism | 3.71 | 20.97 | 17.68% |
| Coal, oil, and gas | 2.04 | 11.47 | 17.80% |
| Real estate | 1.66 | 9.50 | 17.46% |
| Financial services | 0.98 | 6.68 | 14.63% |

[22] Ang proyecto na ito ay hindi kasama sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0, na nakatutok lamang sa mga panustos galing sa estado ng Tsina, sa halip, ito ay nasa FDI na dumaloy galing sa pribadong sektor.
[23] Sinabi ng mga balita na 48 na mga empleyado ang kasama sa paglabag sa permiso para magtrabaho at ito ay nagbunsod sa mga haka-haka na ang mga manggagawang Pilipino ay nawawalan ng trabaho dahil napupunta ito sa mga Intsik. Subalit ang proyektong ito ay hindi kasama sa database ng FDI Markets database.

.

| Sector | PRC-sourced FDI, billions USD | All source FDI, billions USD | PRC share of FDI |
|---|---|---|---|
| Non-automotive transport original equipment manufacturer (OEM) | 0.96 | 1.67 | 57.61% |
| Consumer products | 0.74 | 2.37 | 31.27% |
| Leisure and entertainment | 0.66 | 0.86 | 77.25% |
| Automotive original equipment manufacturer (OEM) | 0.60 | 1.38 | 43.15% |
| Communications | 0.55 | 3.49 | 15.84% |

*Mga Tala: Ipinakikita ng tablea na ito ang sampung sektor na laman ang (i) pangkalahatang papasok na FDI mula sa Tsina at (ii) ang FDI na dumaloy sa Pilipinas mula sa iba't ibang bansa mula 2010 -2023. Ang mga dolyar sa FDI ay kumakatawan sa capital expenditures (CAPEX) sa bilyon 2021 USD. Pinanggalingan: fDi Markets, from the Financial Times Ltd*

.

## 3. Mga Relasyon

Mga pangunahing pananaw sa kabanatang ito:

- *Ang pangkaunlarang pang pondo ng Tsina sa Pilipinas ay naka-angkla sa 101 mga pandaigdigang bangko mula sa Asya, Europa, at Hilagang Amerika para maibsan ang panganib at magpagalaw ng kapital.*
- *May problema sa pagtutok ng Beijing sa 37 na mga korporasyong pag-aari ng estado ng Tsina para tuparin ang mga proyekto: 43 porsyento ay nasabit sa mga kaduda-dudang kaganapan sa pananalapi.*
- *Ang mga tumatanggap ng kapital mula sa PRC ay madalas na nasa mga rehiyon na may halagang pampolitika o pang-ekonomiya para sa Tsina o sa diasporang Pilipino-Intsik.*
- *Ang Beijing ay isa sa pinakamalaking tagapagpondo ng mga proyektong pangkaunlaran sa buong mundo, ngunit hindi ito mag-isa sa gawaing ito. May mga network ng mga tagapondo galing sa iba't ibang bansa at iba-iba rin ang kanilang reputasyon sa pagiging malinis nilang magtrabaho at sa resulta ng kanilang mga proyekto. Gayunpaman, ito ay isang bahagi lamang ng kabuuan: sa bawat proyektong pinondohan ng Beijing, kailangan din nito ng mga kasama. Sa katunayan, ang pangkaunlarang pondo ng PRC sa Pilipinas ay kabilang sa isang malawak na uniberso ng mga ahensya ng gobyerno, mga bangkong pampolitika at komersyal (mga pag-aari man ng estado o ng pribadong sektor), mga hindi pang-gobyernong organisasyon, at mga kompanya para ang mga proyektong ito ay mahinog mula sa ideya hanggang sa katuparan.*


Sa kabanatang ito, susuriin namin ang mga relasyon sa likod ng mga pamumuhunang ito: gaano karami ang mga kalahok, sino sila, ano ang mga papel ang ginagampanan nila, at may ilan bang mas mahalaga kaysa sa iba?

Bilang panimulang punto, gumamit kami ng impormasyon sa antas ng proyekto na ipinakita sa Kabanata 2 para tukuyin ang mga  kasama sa mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa pamamagitan ng pondo, pagsama sa pagbuo ng pondo, o sa pagpapatupad (bahagi ng pagtustos) o nakalista bilang mga tumatanggap na bahagi (para sa panustos). Gumawa rin kami ng listahan ng mga katangian ng kasapi sa pamamagitan ng pananaliksik sa malalaking database ng industriya (halimbawa, GlobalData Explorer, FitchConnect) at pagsaliksik sa mga dokumento. Ginalugad din namin ang database ng Factiva Dow Jones News and Analysis database para masukat ang mga balita sa media at para makita kung ano ang tingin sa kanila ng mga Pilipino.

## 3.1 Bahagi ng pagpondo: Sino ang nagbibigay ng pondo at nagpatupad ng mga proyekto ng PRC?

May malaking bilang ng mga kalahok na kasama sa pagtustos sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas. Sa mahigit dalawang dekada (2000-2022), nakahanap kami ng 228 na mga tauhan na kasama sa pagpondo o pagpapatupad ng mga proyekto. Iba-iba ang mga ito, at nanggaling sila sa 24 na mga bansa o teritoryo (Pigura 3.1). Ang karamihan sa kanila ay nakabase sa Tsina (95) o sa Pilipinas (56), at ang ikatlo sa mga ito ay matatagpuan sa Asya, Europa at Hilagang Amerika.

Pigura 3.1: Ang mga headquarters ng mga nagbigay ng kapital at nagsagawa ng mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas, 2000-2022




*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Dinagdagan ng grupo ng limitadong pananaliksik sa mga dokumento at pagbabasa ng mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang proyekto para sa 2022.*

Ang ilang mga tauhan ay nagbigay ng pangunahing pondo sa pamamagitan ng tulong (halimbawa, mga pautang at mga pautang na walang interes o mababa ang interes) o utang (halimbawa, mga pautang na malapit sa mga termino ng merkado at mga kreditong pangluwas ng mga produkto). Dahil gusto naming tingnan ang mga pangkaunlarang proyekto na pinondohan ng PRC, ang lahat ng 52 pangunahing nagpondo ay galing mismo sa Tsina. Dalawang-katlo sa mga ito ay hindi gaanong matibay sa pagsuporta para sa kaunlaran ng Pilipinas—nagpondo lamang sila ng isang proyekto sa loob ng panahong ito. Samantala, ang nangungunang 15 tagapagpondo ay binanggit sa dalawa o higit pang mga proyekto (Pigura 3.2). Ipinakikita naman ng Pigura 3.3 ang pagkakaugnay-ugnay ng mga tauhan na ito, kung saan nagpatong-patong ang mga pondo at at ang mga tumatanggap sa iba't ibang proyekto.

Dalawang pangkat ng komersyal na bangko na pag-aari ng estado—ang Bank of China (BOC) at ang Industrial and Commercial Bank of China (ICBC), at ang kanilang mga kasama—ang mga bangkong pampolitika na pag-aari ng estado tulad ng Export-Import Bank of China (Eximbank) at China Development Bank (CDB) ay mahalaga hindi lamang sa bilang ng mga proyektong sinusuportahan nila kundi pati na rin sa dami ng pagpondo na kanilang pinagagana. Karaniwan, nagbibigay ang mga bangkong ito ng pondo sa mas malalaking proyekto sa imprastraktura tulad ng mga pamumuhunan ng BOC at CDB sa mga planta ng kuryente at telekomunikasyon (halimbawa, mga planta ng uling sa Lanao Del Norte at Mariveles, gayundin ang network ng mga tower ng DITO Telecommunity Corporation), ang interes ng Eximbank sa irigasyon, kuryente, at teknolohiya (halimbawa, ang Kaliwa Dam, isang proyekto ng irigasyon

sa Ilog Chico, at mga inisyatibong Safe City kasama ang 18 na lokal na pamahalaan), pati na rin ang mga sindikatong pautang ng ICBC (halimbawa, para sa San Miguel Corporation, Bangko Sentral ng Pilipinas, at Jobin-SQM, Inc).

Sa ilalim ng pangangasiwa ng Ministri ng Ugnayang Panlabas (Ministry of Foreign Affairs, MFA) ng PRC, ang embahada ng Tsina sa Pilipinas at ang tatlong mga konsulado (sa Lungsod ng Davao, Laoag, at Cebu) ay nakikipag-ugnayan sa Beijing sa mga kasama sa Pilipinas. Pinopondohan ng mga institusyong ito ang malaking bilang ng maliliit na proyekto na nakatutok sa pagpapaganda ng imahen ng Tsina. Kaiba sa ibang mga tagapagpondo, nakatutok ang mga institusyong ito sa edukasyon (halimbawa, pamimigay ng mga libreng libro at mga kompyuter sa mga pampublikong paaralan), pagsuporta sa mga proyekto sa kalusugan (halimbawa, pamimigay ng mga maskara at kagamitang medikal sa mga ospital at klinika), at tulong sa mga mamamayan (halimbawa, pamimigay ng bigas at iba pang pagkain).

Gayundin, ang Hanban (na pinalitan ng pangalan noong 2020 bilang Ministry of Education Center for Education and Cooperation, CLEC) ay nagpopondo rin ng mga proyekto sa edukasyon sa pamamagitan ng mga Confucius Institutes (CIs) kasama ang mga lokal na pamantasan tulad ng Ateneo de Manila, Angeles University Foundation, Bulacan State University, at University of the Philippines Diliman. Bilang bahagi ng bagong mukha ng Hanban noong 2020, inilipat ng Beijing ang pangangasiwa at pagpopondo ng mga Confucius Institute sa isang hiwalay na organisasyon—ang Chinese International Education Foundation (CIEF). Nakita ng ilang mga nagmamanman na ang desisyon

na ito ay tila pagsagot sa internasyonal na pag-uusisa at kritisismo sa impluwensya ng PRC sa mga CIs (Sharma, 2022).[24]

Ang Ministri ng Komersyo (Ministry of Commerce o MOFCOM) ng PRC ay nangunguna rin sa pagbibigay ng pondo. Subalit mas komersyal oryentasyon ng mga proyekto nito, dahil isinasaalang-alang rin nito ang mandatong isulong ang mga interes na pang-ekonomiya ng Tsina (Mathew at Custer, 2023). Nakatutok ang mga proyekto ng MOFCOM sa malaking mga imprastraktura para mapaluwag ang pagdaloy sa pamilihan at mapayabong ang kalakal. Kabilang sa mga proyektong ito ang mga tulay (tulad ng mga tulay sa Bucana o Ilog Davao, Tulay Estrella-Pantaleon, at Tulay Binondo-Intramuros), mga kalsada (Davao City Expressway), at ang rehabilitasyon ng Lungsod ng Marawi sa Mindanao. Gayunpaman, kahit na may komersyal na oryentasyon ang MOFCOM, ang mga proyektong ito ay kakaiba para sa Beijing, dahil ito ay pinondohan ng salaping ibinigay, tulad ng natatanggap para sa mga pangkaunlarang proyekto, sa halip na sa mga instrumento ng utang na karaniwan nitong gustong gawin.

Hindi tulad ng maraming ibang nangungunang bilateral na tagapagbigay, hindi sinasabi ng ng PRC ang mga detalye ng mga ginagawa nito para magpondo ng mga pangkaunlarang proyekto, tulad ng mga internasyonal na sistema ng pag-uulat galing sa Creditor Reporting System ng OECD o International Aid Transparency Initiative.

[24] May masigasig na debate tungkol sa kung ang pag-posisyon sa CIs sa ilalim ng CIEF ay magdudulot ng pagbabago, o pareho lamang ang dalawang ito kahit magkaiba ng logo.

Kailangan pa ng masusing pananaliksik at pagsusuri mula sa AidData at iba pang mga grupo para mabuo ang mga datos mula sa iba't ibang mga pinanggalingan. Ang kontekstong ito ang dahilan kung bakit ang pinakamadalas na banggit na tagapagpondo ay isang "institusyong hindi-tiyak galing sa pamahalaan ng Tsina."


Pigura 3.2: 15 nangungunang nagbigay ng kapital para sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas, 2000-2022




*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Kasama sa BOC Group ang BOC Hong Kong Limited at BOC Singapore. IKasama sa CBC Group ang ICBC Asia at ICBC Singapore.*

*Dinagdagan ng grupong nagsaliksik ng limitadong pagbabasa sa mga dokumento at pagbasa ng mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang mga proyekto  para sa 2022.*

Pigura 3.3: Nangungunang mga tagapondo mula sa PRC ang tumanggap ng mga pondo mula sa Pilipinas, 2000-2022




*Mga Tala: Ang mga bigat ay nakabase sa bilang ng mga proyekto. Tinang ang leyenda sa ibaba para sa mga nagsupply (unang hanay) at tumanggap (ikalawang hanay). Pinanggalingan:  AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*


Marami sa mga malalaking proyekto sa imprastraktura ng PRC ay pinondohan mula sa Tsina at sa iba pang bahagi ng mundo para makabuo ng sapat na kapital, bawasan ang panganib, o patibayin ang mga termino ng pautang. Malaki ang pagkakaiba ng bilang ng mga nagpondo sa bawat proyekto, mula sa isa o dalawang karagdagang tauhan para sa mas maliit na proyekto hanggang sa mas maraming kasama para sa mga mas malalaki. Natunton namin ang 101 na nagpondo sa mga pangkaunlarang proyekto sa pag-unlad mula sa  PRC, kung saan 68 porsyento ng mga ito ay galing sa pribadong sektor. Ang dinamikong ito ay ayon sa istratehiya ng Beijing na patuloy na paggamit ng “mga kasunduan sa pagtutulungan sa pagpapautang kasama ang mga kanlurang komersyal na bangko at multilateral na institusyon” sa buong mundo. Layunin nilang manghiram sa kadalubhasaan ng mga ito sa pagbabawas ng panganib, sa pagsusuri sa mga nanghihiram, at kakayahang gumawa ng mga proyekto (Parks et al., 2023).[25]

Ang mga institusyong namumuhunan ay madalas mula sa mga grupo sa pananalapi na may malaking operasyon sa buong mundo. Kasama sa mga negosyo nila ang pamamahala ng puhunan at komersyal na pagbabangko, pati na rin sa seguro, palitan ng salapi, at iba pang mga aspeto sa merkado  ng kapital. Malakas din ang representasyon mula sa Asya, kabilang ang Taiwan (17), Japan (12), Pilipinas (11), at Malaysia (4). Gayunpaman, hindi lahat ng mga ito ay pantay ang kahalagahan sa pakikilahok sa mga proyekto ng PRC. Tinatayang 40 porsyento ng mga kasama sa namumuhunan ang kasama sa isang proyekto sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, ang nangungunang 22 na mga namumuhunan (ayon sa bilang ng proyekto) ay tumulong sa lima o higit pang mga proyekto

sa loob ng dalawang dekada (Pigura 3.4). Ang mga kilalang mga bangko sa Europa— Standard Chartered Bank PLC at HSBC Bank PLC ng United Kingdom, ING Group NV at ABN AMRO ng Netherlands, at ang Norddeutsche Landesbank Girozentrale (NORD/LB) na pag-aari ng estado ng Alemanya ay kasama sa mga na nangungunang namuhunan. Sumali rin ang ilang mga komersyal na bangko ng Estados Unidos (Citigroup at First Commercial Bank Limited) at ang ANZ Group ng Australya).

Pigura 3.4: Nangungunang 22 mga namuhunan sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas, 2000-2021




*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022.*

Ang isa pang mahalagang bahagi ng kakayahan ng PRC na gumawa ng mga pangkaunlarang proyekto ay ang mga matibay nitong mga kasosyo. Sa Pilipinas, kabilang dito ang 88 grupong natukoy na mga tagapagpatupad, na kumakatawan sa mas maliit na bilang ng mga bansa kung ihahambing sa iba pang mga tungkulin. Dahil kilala ang Beijing bilang tulay sa pagpopondo gamit ang mga tagapagpatupad na Intsik (Horn et al., 2019),[27] tama lamang na ang mga kompanyang Intsik, ahensya, o organisasyon ang bumubuo sa pangalawang pinakamalaking grupo ng mga tagapagpatupad (41). Ang mga ahensya ng pamahalaan ng Pilipinas, mga organisasyong hindi kumikita, at ang pribadong sektor ay madalas ding kasama sa mga proyekto bilang mga tagapagpatupad (45), mag-isa man sila o kasama ng isang grupo ng mga Intsik.

Ang nangungunang 20 tagapagpatupad ay sumusuporta sa tatlo o higit pang mga proyekto (Pigura 3.5). Mahigit sa kalahati ng mga tauhang ito ay tumutok sa pisikal na imprastraktura (halimbawa, enerhiya at kuryente, konstruksyon, at transportasyon) o digital na koneksyon (halimbawa, telekomunikasyon at teknolohiya). Ito ay tugon sa isa sa mga adhikain ng Beijing para sa kanyang pangkaunlarang pagpopondo at sa Belt and Road Initiative: buksan ang mga likas na kayamanan, suplay ng enerhiya, at mga pamilihan para sa mga kalakal at serbisyo ng Tsina sa pamamagitan ng mahusay na koneksyon sa loob at sa pagitan ng mga bansa (Matthew at Custer, 2023; Hillman at Sacks, 2021). Binigyang-diin naman ng ilang mga tauhan ang mga proyekto sa edukasyon na tumulong sa Beijing para pagandahin ang reputasyon nito o tumugon sa maraming mga sitwasyon sa isa sa bansang may pinakamaraming kalamidad  (ADB, 2021). Karaniwan sa may mga matagal nang relasyon ang mga tagapagpatupad sa mga kasama nito


sa Pilipinas, tulad ng makikita sa Pigura 3.6, na naglalarawan ng mga koneksyon sa pagitan ng mga tumatanggap ng pondo sa tagapagpatupad ng tatlo o higit pang mga proyekto.

Pigura 3.5: Nangungunang 20 tagapagpatupad ng mga pangkaunlarang proyekto na pinondohan ng PRC sa Pilipinas, 2000-2021




*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang grupo ng mananaliksik ay nagbasa ng mga dokumento at mga artikulo sa media bilang karagdagang gawain para matunton ang karagdagang mga proyekto at detalye para sa 2022.*

Pigura 3.6: Nangungunang mga tumanggap ng pondo sa Pilipinas mula sa pangkaunlarang proyekto ng PRC at ang kanilang mga tagapagpatupad, 2000-2022




*Mga Tala: Ang mga bigat kada linya (line weights) ay nakabatay sa mga bilang sa proyekto. Tingnan ang leyenda sa ibaba para sa mga tagapagpatupad (unang hanay) at mga tumanggap (ikalawang hanay). Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 for 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022*

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Filipino | | | | | Mixed | | | |
| Chinese | | | | Filipino | | | | | Other | |

Malaki ang tulong ng mga kompanyang pag-aari ng estado sa Tsina sa pagpapatupad ng maraming proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas. Subalit hindi ito natatangi sa Pilipinas. Ito ay bahagi ng disenyo ng Belt and Road Initiative (BRI), na isang pagpapalawak ng "Going Global" (o "Going Out") na estratehiya ng Beijing noong 1999. Layon nitong ilabas sa bansa ang sobrang kapasidad sa konstruksyon, bakal, at semento at ilagay ito sa ibang bansa para magsulong ng pambansang interes ng PRC (Mathew at Custer, 2023). Bilang mga kompanya ng estado, maraming mga kompanya sa Tsina ang nagpatupad ng mga proyekto. Sila rin ay gumagawa ng ulat para sa parehong ahensya na nagmomonitor sa kanila: ang State-Owned Assets Supervision and Administration Commission ng State Council ng PRC (SASAC).

Dahil kontrolado ng estado ang ekonomiya ng Tsina, malaki ang papel ng SASAC bilang gabay sa direksyon ng mga ito at ng kanilang tinatayang $30.48 trilyon na kabuuang ari-arian (SASAC, 2022). Halimbawa, isa sa mga nangungunang 20 tagapagpatupad (batay sa bilang ng mga proyekto) sa Pilipinas, ang China State Construction Engineering Company (CSCEC), ay nasa ilalim ng pamamahala ng SASAC. Kasama ito sa disenyo at paghahatid ng imprastraktura (halimbawa, mga planta ng kuryente, mga paliparan, at mga tunnel) sa buong mundo at sa Pilipinas.

Nangangalaga rin ang SASAC sa China Communications Construction Company (CCCC), na kasama sa maraming proyekto sa Pilipinas dahil sa malawak nitong network. Ang CCCC at ang mga subsidiary nito ay nagpapatupad ng mga proyekto ng BRI sa transportasyon at imprastraktura ng kuryente—mula sa konstruksyon at paghuhukay hanggang sa produksyon at mga serbisyong panlabas. Kasama rito ang

CCCC Highway Consultants Company, Ltd., China Railway 25th Bureau Group, at China Road and Bridge Company, na lahat ay bahagi ng nangungunang 20 nagpapatupad sa mga proyekto. Ang CCCC rin ang nasa ibabaw ng China Harbour Engineering Company, Ltd. at China Dredging, na kasama rin sa mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas.

Ang iba pang mga kompanya ng estado sa konstruksyon at kuryente ay kasama rin sa mga tagapagpatupad ng Tsina, kabilang ang Shanghai Electric Power Construction Co., Ltd. (pagkakalap at pamamahagi ng kuryente), China National Machinery and Equipment Group (mga proyekto sa agrikultura, industriya, at kuryente), at China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (pag-aangkat at pagbebenta palabas ng mga mabibigat na kagamitan). Kasama rin ang mga nangungunang kompanya ng teknolohiya ng Tsina. Ang Nuctech (dating Tongfang Vision Technology Co., Ltd.), isa ring kompanya na pag-aari ng estado, ay nagbibigay ng mga abanteng solusyon para sa seguridad at inspeksyon sa mga eroplano, customs, at iba pang mga industriya. Ang estado ay kabilang sa may-ari ng ZTE Corporation[27] at may impluwensya ang estado sa Huawei Corporation (pribadong sektor sa pangalan, pero may hindi malinaw ang estruktura ng pagmamay-ari at pinaghihinalaang may ugnayan sa Partido Komunista ng Tsina)[28] ay mga kilalang pangalan sa impormasyon at teknolohiya ng telekomunikasyon.

Lahat maliban sa isa sa mga Pilipinong tauhan sa nangungunang 20 tagapagpatupad ay mga ahensya ng pamahalaan, mga SOEs, o mga pampublikong pamantasan. Isa lamang ang kompanyang kabilang sa pribadong sektor: ang San Miguel Corporation. Marami sa mga Pilipinong

grupo ang may mga mandatong kaugnay sa tradisyunal na pagtutok ng PRC sa imprastraktura at madalas na tinukoy bilang mga tagapagpatupad kasama ang isang grupo ng mga Intsik. Halimbawa, nakipagtulungan ang Philippine Bureau of Customs sa Chinese technology company na Nuctech para bumuo ng mga sistema ng inspeksyon (halimbawa, mobile X-rays para inspeksyunin ang mga malalaking container vans at bagahe) para matukoy ang mga ilegal na droga at iba pang mapanganib na mga bagay sa mga kritikal na pandaigdigang daluyan tulad ng mga daungan ng Maynila at Subic Bay at Ninoy Aquino International Airport, bukod sa iba pa.

Ang Bases Conversion and Development Authority (BCDA), na pag-aari ng estado ng Pilipinas, ay dati nang nakipagtulungan sa mga kompanyang Intsik tulad ng China Gezhouba Group Ltd. at China Road at Bridge Corporation para baguhin ang mga dating base militar ng Estados Unidos at gawing sibilyan, kabilang ang mga proyekto sa Bonifacio Global City at New Clark City. Nakipagtulungan din ang Philippine Presidential Communications Office sa China Electronic Engineering Design Institute para sabay-sabay na ipatupad ang isang proyekto para palawakin ang sakop ng mga istasyon sa telebisyon at radyo na pag-aari ng bansa.

Kapag susuriin ang tatlong tungkulin ng tagapanustos (tagapondo, katulong sa pagpondo, at tagapagpatupad), mas mabuti nating mauunawaan ang mga tauhan sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas. Sa labas ng mga ahensya ng pamahalaan, ang mga tauhan na ito ay nakapalibot sa tatlong mga aspeto: mga serbisyo sa pananalapi, mga sektor ng imprastraktura (konstruksyon, enerhiya at tubig, at telekomunikasyon), at mga panglipunang sektor (kooperasyon sa edukasyon at tulong sa mga biktima ng kalamidad), tulad ng ipinakita sa Tablea 3.7. Ang mga Tsino (41 porsyento) at mga Pilipino (24 porsyento)

ang pinakalaganap na mga nagdala ng panustos. Gayunpaman, ang mga tumulong sa pagpondo ay mas malawak na, dahil nanggaling sila sa iba pang mga bansa at tauhan (35 porsyento).

Sa higit sa 200 grupo na nagpopondo o nagpapatupad ng mga proyektong pangkaunlaran ng PRC sa Pilipinas, pinakamarami ang galing sa pribadong sektor mula sa mga ibang bansa (60). Halos eksklusibo silang nagbibigay ng suporta sa pagpondo sa isa o higit pang pangunahing namumuhunan na Intsik. Malakas ang oryentasyon ng estado sa natitirang mga grupo, kabilang na rito ang mga kompanya ng estado ng Tsina (38); mga ahensya ng pamahalaan ng Tsina o iba pang pampublikong ahensya (38); mga ahensya ng pamahalaan ng Pilipinas o iba pang pampublikong ahensya (27); mga pondo na pag-aari ng estado mula sa ibang bansa, mga komersyal na bangko at bangkong may polisiya (16); at mga pondo na pag-aari ng estado ng Tsina, at mga komersyal na bangko (11).

Tablea 3.7: Mga nagtutustos sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas, ayon sa sektor at papel na ginagampanan, 2000-2022

Number of distinct entities who appear in the roles of...

| Sector | At least one role | Primary financier | Co-financier | Implementer |
|---|---|---|---|---|
| Business and consumer services | 3 | 0 | 1 | 2 |
| Construction | 24 | 4 | 0 | 23 |
| Energy and utilities | 11 | 5 | 0 | 7 |
| Financial services | 96 | 10 | 93 | 1 |
| Food, beverage & tobacco | 1 | 0 | 0 | 1 |
| Government | 53 | 28 | 4 | 27 |
| Industrial goods and machinery | 1 | 1 | 0 | 0 |
| Metals and mining | 1 | 1 | 0 | 0 |
| Social | 22 | 1 | 3 | 18 |
| Telecommunications | 15 | 1 | 0 | 8 |
| Transportation | 1 | 0 | 0 | 1 |

*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang mga grupo ng mananaliksik ay nagbasa ng mga dokumento at ng mga artikulo sa media para tuntunin ang ang mga karagdagang proyekto sa 2022. Ang isang tauhan ay maaaring gumanap sa lagpas ng isang papel. Base sa kanilang pampublikong gawain, ang mga institusyon sa sektor na panglipunan ay nakatutok sa edukasyon o pagtulong sa mga nasalanta ng mga kalamidad.*

### 3.1.1 Mga Taliwas na Pananaw sa mga Tsino na Tagapagpatupad sa Pilipinas

Kung pera ang basehan ng mga prayoridad, kung gayon ang Beijing ay nagpakita ng malinaw na kagustuhang pondohan ang malalaking proyekto sa pisikal at digital na imprastraktura sa Pilipinas at sa buong mundo sa nakaraang dalawang dekada. Dahil sa kanilang disenyo, ang mga proyektong ito ay may potensyal na baguhin ang mga sistema ng transportasyon, kalakalan, komunikasyon, at produksyon ng kuryente sa mga positibong pamamaraan. Gayunpaman, kung hindi maayos ang pagpapatupad dito, ang mga pang-ekonomiya, pangkapaligiran, panlipunan, at pangangasiwa na epekto ng mga proyektong ito para sa mga komunidad ay magdudulot ng negatibong epekto sa maraming tao.

Maraming mga katangian ng disenyo at paghahatid ng Beijing sa pananalapi sa pag-unlad ang nagbunsod ng panganib dahil sa mga nakalilitong mga insentibo. Kabilang dito ang paraan na tila pumipigil sa tamang gawain, huwag gawin ang nararapat,  pakikipagsabwatan sa

mga lokal na kasamahan, o mapagaan ang mga negatibong epekto nito sa mga pamayanan. Kabilang sa mga katangiang ito ang hindi malinaw na mga kinakailangan sa pag-uulat para matupad ang mga proyekto. Dahil mataas ang antas ng mga pamumuhunan ng PRC sa mga kritikal na industriya at imprastraktura sa Pilipinas, maaaring mahirap na paghiwalayin ang mito mula sa katotohanan pagdating sa reputasyon at pagtupad sa mga proyektong ito.

Isa sa mga pinaka-obhetibong sukat na maaaring gamitin para ilatag ang ilang mga batayan ay ang matagal nang proseso ng administratibong parusa ng World Bank (walang petsa). Layunin nitong matukoy at pigilan ang mga tinatawag nitong pandaraya, katiwalian, pamimilit, pakikipagsabwatan, o hadlang mula sa mga kompanya at indibidwal. Ang World Bank ay nagparusa (o nagtanggal) ng higit sa 700 kompanya at indibidwal mula noong 2001 dahil sa mga kahina-hinalang mga proseso sa negosyo (ibid).  May sariling database din ang Asian Development Bank. Ang mga kompanyang tinanggal ay pinagbawalang magtrabaho sa mga proyektong pinansyal sa loob ng ilang panahon. Kung ang isang kompanya ay pinarusahan ng World Bank o ng Asian Development Bank, hindi naman ito pumipigil sa isang bansa tulad ng Pilipinas na bigyan ang nasabing grupo ng kontrata para magpatupad ng isang pangkaunlarang proyekto gamit ang sarili nitong mga proseso. Ang halaga ng sukat na ito ay sumasalamin sa mga panganib ng pakikipag-ugnayan sa mga kompanya na kaugnay sa mga kahina-hinalang gawi sa pananalapi.

Para sa bawat isa sa 88 na natukoy na tagapagpatupad ng mga proyektong pinansyal ng PRC sa Pilipinas, ginamit namin ang mga database ng World Bank at Asian Development Bank. Sinuportahan din namin ito ng karagdagang pag-aaral mula sa mga dokumento para matukoy kung alinman sa mga tauhan na ito ay natanggal o pinarusahan sa nakaraan o maging sa kasalukuyan.[27] Natukoy namin na 16 sa 37 mga kompanya ng estado ng Tsina (43 porsyento) na kasama sa mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas ay direktang naparusahan ng isa sa dalawang multilateral na proseso, o hindi tuwiran sa pamamagitan ng ugnayan nito bilang sangay ng naparusahang kompanya. Nagbibigay ang Tablea 3.8 ng detalyadong listahan ng bawat kompanya sa Tsina na kasama sa mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas sa loob ng nakaraang dalawang dekada na naparusahan nang direkta o hindi direkta ng Grupong World Bank o ng Asian Development Bank.[28]

Dagdag sa proseso ng parusa ng Grupong World Bank, ang mga bilateral na tauhan tulad ng pamahalaan ng Estados Unidos ay gumawa rin ng mga listahan ng mga pinarusahang kompanya. Noong 2020, halimbawa, naglabas ang U.S. Commerce Department ng listahan ng 24 na kompanya ng Tsina na di-umano ay tumutulong sa militar ng PRC na bumuo at gawing militarisado ang mga artipisyal na isla sa South China Sea (Kanlurang Dagat ng Pilipinas) bilang bahagi ng pagsisikap ng Beijing na ipakita na sila ang may-ari ng mga ito (Gan, 2020). Sa mga isyu naman na may kaugnayan sa soberanya ng teritoryo ng Pilipinas, ito ay mainit ding pinagdebatehan sa lokal na media at diskursong politikal. Tinukoy din natin sa tablea ang mga nagpapatupad na direkta o hindi-direktang inilista ng Estados Unidos sa kanilang pinagbawalang mga kompanya dahil sa pagtatayo ng mga artipisyal na isla.

Tablea 3.8: Ang mga nagpapatupad sa PRC na pinarusahan o tinanggal ng Grupong World Bank o ng Asian Development Bank dahil sa pagtatayo ng mga artispisyal na isla, 2000-2022

| Entity name | Sanctioned/debarred by the World Bank Group or the Asian Development Bank? | Firm involved in artificial island construction? |
|---|---|---|
| CCCC Highway Consultants Co., Ltd. | Yes, indirect sanction as a subsidiary of CCCC, which was debarred in 2011 by the World Bank (Dizon, 2016) | Yes, indirectly as subsidiary of CCCC |
| China CAMC Engineering Co., Ltd. (CAMCE) | Yes, directly sanctioned for violating ADB's Integrity Principles Guidelines 2A | No |
| China Communications Construction Co., Ltd. (CCCC) | Yes, directly debarred in 2011 by the World Bank | Yes, direct mention |
| China Energy Engineering Group Co., Ltd. (CEEC) | Yes, directly included as one of 198 Chinese firms listed as sanctioned under the WB fraud and corruption policy (NewsCom World, 2020) | No |
| China Gezhouba Group Company Ltd. (CGGC) | Yes, indirect sanction as a subsidiary of CCCC, which was debarred in 2011 by the World Bank | Yes, direct mention |
| China Harbour Engineering Co., Ltd. | Yes, directly debarred in 2009 by the World Bank | Yes, indirectly as a subsidiary of CCCC |
| China International Water and Electrical Corporation (CWE) | Yes, directly sanctioned in 2014 by the World Bank (World Bank, 2014) | No |
| China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC) | Yes, directly sanctioned by ADB, violated ADB's Integrity Principles and Guidelines 2A | No |
| China National Energy Engineering & Construction Co., Ltd. (CECC) | Yes, directly sanctioned in 2020 by the World Bank | No |
| China National Heavy Machinery Corporation (CHMC) | Yes, directly sanctioned by the ADB for a violation | No |
| China National Machinery and Equipment Group (CNMEG) | Yes, indirectly sanctioned as a subsidiary of the National Machinery Industry Corporation, which was debarred by the World Bank in 2018 (World Bank, 2018) | No |
| China Railway 25th Bureau Group Co., Ltd. | Yes, indirectly sanctioned as a subsidiary of China Railway Construction Corporation Ltd. (CRCC), which was debarred by the WB in 2019 (World Bank, 2019) | No |

| Entity name | Sanctioned/debarred by the World Bank Group or the Asian Development Bank? | Firm involved in artificial island construction? |
|---|---|---|
| China Road & Bridge Corporation (CRBC) | Yes, directly debarred by the World Bank, along with six other firms, beginning January 12, 2009 | Yes, indirectly as a subsidiary of CCCC |
| China State Construction Engineering Corporation (CSCEC) Road and Bridge Group | Yes, direct mention, sanctions violation identified by the World Bank in 2009 (Wroughton, 2009) | No |
| Chinese Agricultural, Machinery and Engineering Corporation (CAMCE Corp.) | Sanctioned by ADB, violated ADB's Integrity Principles and Guidelines 2A | No |
| Power Construction Corporation of China (POWERCHINA) | Yes, direct mention, sanctioned by ADB for a violation | No |

*Mga Tala: Ang impormasyon sa mga parusa ay galing sa World Bank at Asian Development Bank online database ng nakalistang mga pinarusahan at tinanggal na mga kompanya, mga ulat para sa media galing sa naturang mga institusyon, at mga artikulong sinulat sa media. Ang pangalan ng mga kinilalang mga kompanya ay nakuha mula sa listahan na inilimbag ng pamahalaan ng Estados Unidos. Mga pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang mga mananaliksik ay nagbasa ng mga dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang karagdagang mga proyekto at detalye para sa 2022.*

Gamit ang listahan ng mga nagpapatupad na Intsik na pinigilan nang direkta o hindi direkta, gumawa kami ng limitadong pagsusuri ng mga artikulo sa media sa pamamagitan ng plataporma ng Factiva Dow Jones News and Analytics tungkol sa pagkakasangkot ng mga kompanyang ito sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas.[27] Hindi man ito komprehensibo, sapat na ang proseso para matunton ang mga kaugnay na artikulo sa media na kumakatawan sa iba't ibang pananaw

at iba't ibang uri ng interaksyon ng mga kompanya at mga pamayanang lokal.

Mula rito, bumuo kami ng apat na maliliit na pag-aaral para tingnan ang mga pananaw sa paggawa at kontribusyon ng mga tagapagpatupad na ito. Tumutok ang bawat pag-aaral sa isang kompanya o sa isang malaking kompanya at ang mga sangay nito, kabilang ang China Road and Bridge Corporation (3.1.1.1), China National Machinery and Equipment Group (3.1.1.2), China Energy Engineering Group (3.1.1.3), at China Harbour Engineering at ang nakasakop dito na China Construction Communications Company (3.1.1.4).

#### 3.1.1.1 Pag-aaral Bilang 1: China Road and Bridge Corporation

Noong 2009, pinigilan ng World Bank ang China Road and Bridge Corporation (CRBC), kasama ang tatlo pang ibang mga kompanyang Intsik, dahil sa artipisyal na pagpapataas at pagmamando ng mga presyo sa unang bahagi ng programa ng Philippine National Roads Improvement and Management  (New Zealand Herald, 2010; Colombo Gazette, 2023; Achuka, 2019; Dizon, 2016).[27] Sa kabila nito, marami pa ring kakampi ang CRBC sa Pilipinas.

Pinuri ni Raul Ignacio, Pangulo ng Cavitex Infrastructure Corporation (isang kompanya sa Pilipinas), ang CRBC bilang isang “tagapanguna sa

pandaigdigang pamilihan ng pagkokontrata sa engineering" na tumulong "pasiglahin ang rehiyon sa paggawa ng mga konstruksyon na mataas ang uri at napapanahon" (Manila Bulletin, 2023a). Binanggit ni Ignacio ang mga halimbawa tulad ng paggawa ng CRBC sa Central Luzon Link Expressway[27] at sa mga tulay ng Estrella-Pantaleon at Binondo-Intramuros (ibid). Ibinahagi naman ni Emil Sadain, Pangalawang Kalihim ng Department of Public Works and Highways (DPWH), ang parehong pananaw, sabay sabing ang dalawang mga proyekto sa tulay ay "hindi lamang nagpatibay sa ating imprastraktura kung hindi nagpayabong din sa ating ekonomiya." (Manila Bulletin, 2023b; Depasupil, 2023).

Ang ibang balita naman ay pumuri sa matinong pag-iisip ng CRBC. Iniulat ng Philippines News Agency (2020) ang mga pagtulong ng CRBC sa mga manggagawa Pilipino na nawalan ng trabaho sa konstruksyon dahil sa COVID-19. Inulit ng mga media na pag-aari ng estado ng PRC ang mga balitang ito, at binigyang-diin ang mga kwento ng pagkakawanggawa, tulad ng donasyon ng CRBC ng mga kagamitan sa pagtuturo at kalinisan para sa Joy Kiddie Center, isang paaralan sa Pilipinas (People's Daily Online, 2019; Xinhua, 2019).

Matibay pa rin ang kalagayan ng CRBC sa Pilipinas, kahit kinansela na ng Malacañang ang ilang malalaking proyekto na may pondo sa PRC. Pumirma ang kompanya ng isang bagong kasunduan noong Nobyembre 2023 kasama ang DPWH ng Pilipinas para gawin ang tulay ng Bucana sa Ilog ng Davao at ang kaugnay na kalsada sa 2025 (Manila Bulletin, 2023; Manila Times, 2023). Ang proyekto ay tinatayang

nagkakahalaga ng PHL3.1 bilyon (ibid). Sa pananaw ni DPWH Secretary Sadain, ang tulay ay nakatakdang "magdagdag sa Coastal Road ng Lungsod ng Davao, na ngayon ay nagsisilbing alternatibong ruta sa network ng mga daanan." (ibid).

#### 3.1.1.2 Pag-aaral ng Kaso 2: China National Machinery and Equipment Group

Isa sa mga pinakamainit na debate sa isang proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC ay ang North Luzon Railway project (Northrail) na ipinatupad ng China National Machinery and Equipment Group (CNMEG). Ang malaking kompanya na siyang nagpapatakbo ng CNMEG, ang China National Machinery Industry (Sinomach), ay inalis din ng World Bank noong 2018 dahil sa mga pandaraya sa pananalapi, tulad ng pamemeke ng mga dokumento tungkol sa uri ng pamantayan at sa mga bayad para sa isang proyekto sa Tsina (World Bank, 2018).

Nagsimula ang Northrail bilang isang pangunahing prayoridad sa imprastraktura ng dating Pangulong Arroyo at naging tampulan ng kritisismo mula sa mga tao na nagtatanong kung ang tagapagpatupad ba na CNMEG ay may sapat na karanasan para sa isang malaking proyektong tulad nito (Chanco, 2011). Sinagot ng mga tagapagtanggol ng proyekto na ang kritisismo laban sa CNMEG ay ginawa lamang ng oposisyon para makakuha ng puntos pampulitika laban kay Pangulong Arroyo. Pinuri ng nasabing ulat ang tagumpay ng CNMEG sa iba pa nitong mga proyekto sa engineering at konstruksyon sa Pilipinas (halimbawa, ang pier sa Lungsod ng General Santos at isang maliit na

planta ng hydroelectric sa Ilocos Sur) (Manila Standard, 2005).

Gayunpaman, lalong dumami ang mga alingasngas habang ang proyekto ng Northrail ay nabalam at tumaas na mga gastos. Nagbigay-daan ito sa mga alegasyon ng katiwalian, pagpapalayas ng mga mahihirap sa kanilang tahanan, at isang disenyo na hindi angkop sa Pilipinas (Chanco, 2011; Philippine Daily Inquirer, 2012). Sabay binatikos ng lokal na media at diskursong pampulitika ang PRC (dahil sa "pagdadala" ng Tsina sa Pilipinas ng mga problema ng pandaraya sa industriya ng riles) at ang administrasyong Arroyo dahil hindi raw ito sumunod sa mga legal na pamantayan sa pampublikong bidding, pagsusuri ng pautang ng Monetary Board, at paglilipat ng bahay ng mga mahihirap na nakatira sa kahabaan ng iminungkahing ruta (Jimenez-David, 2005; Philippine Daily Inquirer, 2012).[27]

Ang mga panawagan para muling pag-usapan ang tinatawag ng lokal na media na "pinakamahal na proyekto ng riles sa mundo" ay lalong tumindi habang ang CNMEG ay humingi ng karagdagang pondo para makompleto ang Northrail (PhilStar Global, 2010). Dahil daw may pagkalugi na dala ng mga pagbabago sa saklaw, halaga ng palitan ng salapi, at mga pagkabalam sa muling paglilipat ng mga mahihirap na mamamayan, inihinto ng CNMEG ang trabaho noong unang bahagi ng 2008 nang hindi napagbigyan ang mga hiling nito (ibid). Noong 2012, sinabi ng Korte Suprema ng Pilipinas na maaari nang tawagin ang CNMEG bilang akusado sa isang kasong sibil (No. 06-203) na inihain ng mga mamamayan sa isang hukuman sa Lungsod ng Makati, na humiling

na ideklarang tuluyan nang walang bisa ang kontrata sa kompanya (Philippine Daily Inquirer, 2012).

### 3.1.1.3 Pag-aaral Bilang 3: China Energy Engineering Group

Isa pang kilalang proyekto sa pag-unlad na pinondohan ng PRC na nahirapan ay ang Kaliwa Dam, isang pangunahing proyekto ng "Build, Build, Build" na inisyatiba ni Pangulong Duterte, na ipinatupad ng China Energy Engineering Group (CEEC) sa pakikipagtulungan sa Philippine Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS). Sa paglalarawan ng proyekto, inilagay ng Philippine News Agency, na pag-aari ng estado ng Pilipinas, ang dam bilang solusyon sa isang "patuloy na problema sa kakulangan ng tubig" para Metro Manila at pinuri ang pagpili sa CEEC bilang tagapagpatupad bilang "isang matalino at magandang desisyon" dahil sa reputasyon nito sa pagpapabuti ng kaligtasan ng tubig at pangangalaga ekolohiya (PNA, 2022).

Gayunpaman, isa sa mga kritisismo sa proyekto ng Kaliwa Dam ay ang kawalan ng totoong bidding na bukas para sa lahat. Ayon sa hinihingi ng Procurement Law, pumili ang PRC ng kompanya na pag-aari ng estado sa Tsina na itinuring na kwalipikado. Dalawa sa tatlong bid ang idineklarang hindi pumasa dahil sa mga teknikal na dahilan (halimbawa, paglabag sa isang nailathalang budget cap o hindi pagtupad sa pagsusumite ng mga kinakailangang dokumento) na hindi dapat na napagtagumpayan ng isang kwalipikadong kompanya maliban na lamang kung sila ay inutusan na ibahin ang bid (Philippine Daily Inquirer, 2020). Sa kanyang imbestigasyon, ang hatol ng Philippine Commission on Audit ay nagsabing ang procurement ay mukhang isang negosyadong kontrata mula sa

simula (ibid). Ipinapahiwatig nito ang kakulangan ng kakayahan sa panig ng mga opisyal ng Tsina (kung sakaling hindi nila sinasadyang pinili ang mga hindi kwalipikadong kompanya) o sabwatan (kung alam nilang ibinigay ang mga tagubilin sa mga kompanya para maunang matukoy ang kinalabasan). Inusisa naman ng MWSS ang bersyon ng mga kaganapan ng Commission on Audit, na naglalayong tiyakin sa mga Pilipino na ang proseso ng kanilang bidding ay sumusunod sa lahat ng mga batas at regulasyon ng bansa (Cordero, 2019; Philippine Star, 2019).

Ang Philippine Center for Energy, Ecology, and Development (CEED) ay hiwalay na nagpadami rin ng mga alalahanin tungkol sa proyekto ng Kaliwa Dam—mula sa posibilidad na makadagdag ito sa pagbabago ng klima at pagkasira ng ekosistema, hanggang sa pagpapaalis ng mga tribo sa kanilang mga katutubong lupa (Manila Standard, 2018 ). Nagkaroon din ng isyu ang grupo sa pagbukas ng mga bagong oportunidad para magpatupad ng mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas. May plano ang grupo para magtayo ng isang istasyon ng gas thermal at liquefied natural gas terminal sa isang lugar na pag-aari ng Philippine National Oil Company sa lalawigan ng Bataan, kasama ang Glencore, isang multinasyonal na kompanya sa Switzerland (RIM Intel, 2018). Kahit may kontrata nang pinirmahan noong 2018, may isang ulat noong 2019 ang nagsabi na nakabinbin ang proyekto ayon sa utos ng pamahalaan ng Pilipinas (Velasco, 2018; Business World, 2019).[25] Kamakailan lamang, iniulat ni Chandak (2023) na pumayag si Pangulong

[25] Ayon sa isang ulat ng Manila Bulletin (2018), kasama sa kasunduan ang insentibo para sa CEEC at iba pang mga tauhan, tulad ng 7-taong hindi pagbabayad ng buwis (income tax holiday) at ang pagpapasok ng mga kagamitan ng walang buwis.

Marcos noong 2023 BRI Summit na matuloy ang dalawang proyekto ng enerhiyang solar sa Luzon at ipatutupad ito ng CEEC. Ito ay maaaring nakaugnay sa sinabing prayoridad ni Pangulong Marcos na makita ang Pilipinas na pinapalawak ang suplay nito ng enerhiya mula sa iba't ibang pinanggagalingan, lalo na ang likas na kayamanan. Kasama sa dalawang proyekto ang 304 MW planta ng kuryente in bayan ng Labrador (lalawigan ng Pangasinan) at ang 50 MW planta ng kuryente sa Zambales (ibid).

#### 3.1.1.4 Pag-aaral Bilang 4: China Harbour Engineering and China Communications Construction Company

Natagpuan din ng China Communications Construction Company (CCCC) at ng sangay nito, ang China Harbour Engineering Company, Ltd., sa gitna ng kontrobersya mula sa publiko tungkol sa proyekto nitong reklamasyon sa Manila Bay at iba pang mga lugar[26] sa Pilipinas. Inakusahan ng isang lokal na grupo ng Pilipinong seafarers, ang Samahan ng Nagkakaisang Marinong Pilipino, ang Tsina na kumukuha ng mga ilegal na Intsik para magtrabaho sa mga panghukay ng lupa sa Manila Bay (Manila Standard, 2023a and 2023b). Kahit na binigyan ng permiso ng mga opisyal na Pilipino ang China Harbour noon pa mang 2019, hindi kasama rito ang pagkuha ng mga Intsik para sa kanilang mga proyekto (ibid).

Noong 2023, pansamantalang sinuspinde ni Pangulong Marcos ang lahat ng reklamasyon sa Manila Bay (hindi limitado sa mga isinagawa ng mga kompanya ng Tsina) dahil sa mga umano'y paglabag sa mga batas pangkapaligiran, mga alalahanin tungkol sa pagkawasak ng mga buhay sa

[26] Isa pang kompany sa ilalim ng pamamahala ng CCCC, ang CCCC Dredging Company, ay gumagawa diumano ng mga proyektong pang-reklamasyon sa daungan ng Davao para palawakin ang lupa para sa mga opisina, pabahay, terminal ng pier, at industriya (Saudi Press Agency, 2016).

ilalim ng dagat, at ang pinilit na pagpapalikas ng mga pamilya ng mangingisda (Business Mirror, 2023). Ang mga lokal at internasyonal na grupo para sa kalikasan ay nagtulak din sa administrasyon ni Marcos na ipatupad ang mga pagtatasa ng mga proyekto ng reklamasyon sa buong bansa (Philippine Daily Inquirer, 2023; Casilao, 2024). Samantala, lumitaw din ang mga alalahaning heopolitika tungkol sa katayuan ng China Harbour bilang isang subsidiary ng CCCC, dahil tinukoy ito ng Estados Unidos bilang isa sa 24 na mga kompanya ng Tsina na tumutulong sa People's Liberation Army Navy (PLAN) para bumuo ng mga artipisyal na isla sa South China Sea (Kanlurang Dagat ng Pilipinas) (Atienza, 2023; Ismael at Tamayo, 2023).

Ipinahayag ng dating Kalihim ng Ugnayang Panlabas na si Teodoro Locsin na dapat kanselahin ng Pilipinas ang mga proyektong pinondohan ng Beijing dahil sa pambansang seguridad (Postmedia News, 2020; Reuters, 2020). Sinuportahan ito ni Senator Risa Hontiveros na nagsabing, “Dapat itong bawiin, kung ipagpapatuloy natin ang mga kasunduang ito, maaaring mangahulugan ito ng pagbibigay ng ating mga teritoryo” (Lee-Brago, 2020). Pinasulong din niya ang pagbabawal sa CCCC at mga kasama nito pagkatapos na subukang harangin ng Coast Guard ng Tsina ang mga sasakyang pandagat ng Pilipinas sa pagkompleto ng isang resupply mission para sa mga sundalo sa Second Thomas o Ayungin Shoal (Cruz, 2023). Gayunpaman, iniulat din na ang iba pang mga politikong tulad ni Senador Francis Escudero ay tumalikod na sa kooperasyon sa PRC bilang pagsuko sa presyon mula sa U.S. at iba pang mga internasyonal na tauhan (Global Times, 2023).

Ang China Harbour Engineering ay naiugnay din sa mga proyekto sa labas

ng Manila Bay, kabilang ang pagpapalawak ng dalampasigan ng Davao at pagkukumpuni ng pier doon (Manila Standard, 2020), ang subway ng Makati City (Valdez, 2019), ang daanang Cervantes-Mankayan-Abatan sa Ilocos Sur at lalawigan ng Benguet (Thai News Services, 2008), at ang riles ng tren sa pagitan ng Subic at Clark (Business Monitor International, 2017). Gayunpaman, ang mga alegasyon ng pandaraya sa negosyo ng China Harbour sa iba pang mga bansa—tulad ng Bangladesh, na nagbawal sa kompanya kasunod ng isang panunuhol na may kaugnayan sa isang pangunahing proyekto ng daan (NF News, 2020)—ay nag-iwan ng mantsa sa kanilang reputasyon bilang isang maaasahang tagapagpatupad.

Ang kompanyang namamahala sa China Harbour, ang CCCC, ay nagkaroon din ng mga isyu tungkol sa imahen nito at sa kontrobersyal na kontrata para itayo ang Sangley Point International Airport sa lalawigan ng Cavite. Ang CCCC, sa pakikipagsosyo sa MacroAsia Corporation (isang kompanya ng serbisyo ng kompanya ng eroplano), ay unang nanalo sa kontrata para sa paliparan noong 2019, dahil ito lamang ang kompanyang tanging nagbigay ng bid (Reuters, 2019). Hindi nagtagal, matapos mawalan ng kontrata ang CCCC, muling pinasok ng pamahalaan ng Cavite ang proyekto. Sinabi nito na ang orihinal na grupo ay "nabigo nang paulit-ulit na sumunod sa mga kinakailangan ng joint venture contract" kahit dalawang beses na itong naiurong (Asian News International, 2021).

Ayon kay Mercurio (2021), binago ng panlalawigang pamahalaan ang mga kinakailangan sa bid para masagot ang mga isyu sa pambansang seguridad. Nagdagdag ang mga opisyal ng mga kinakailangan na ang isang indibidwal na bidder ay dapat pag-aari at kontrolado ng nakararaming mga Pilipino. Kung tumatagal naman ito sa bidding bilang

bahagi ng konsorsyum, ang korporasyong Pilipino ay dapat na may-ari at kontrolado ang 51% o mas mataas pa at may karapatang bumoto (ibid.). Hindi naman nagpatinag ang CCCC, na aktibong naghanap ng iba pang mga pagkakataon para gumawa ng mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas. Nag-alok sila na gagawa ng isang haywey sa pagitan ng lungsod ng Laoag at Rosario, kasabay ng isang Tech Demonstration Center at Industrial Park sa Juncao (Inquirer.net, 2023).

3.2 Panig ng Pangangailangan: Sino ang mga panguhaning tumatanggap ng mga proyekto ng pamumuhunan ng PRC sa Pilipinas?

Sa bahaging 3.1, sinuri namin ang panig ng mga pagpondo para sa mga pangkaunlarang proyekto ng PRC–mula sa mga bangko at iba pang mga ahensya na sumusuporta para mapatupad ang mga nasabing proyekto. Gayunpaman, isang bahagi lamang ito ng kompletong larawan: para sa bawat proyektong pinopondohan ng Beijing, kailangan nito ng mga kasama.[27] Sa katunayan, sa pagitan ng 2000 at 2022, may 136 na tumanggap ng mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas, at 98 porsyento sa mga ito ay mga Pilipino. Ang mga tumatanggap na ito ay makikita sa tatlong larangan (Tablea 3.): pamahalaan (47 porsyento), sektor ng imprastraktura (20 porsyento), at sektor na panglipunan (24 porsyento)[28]

Tablea 3.9: Mga Pilipinong tumanggap ng pondo mula sa PRC kada sektor, 2000-2022




*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Gumawa ang grupo ng*

*mga mananaliksik ng limitadong pagbabasa ng mga dokumento at ng mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang mga proyekto at detalye para sa 2022.*

Ang mga lokal na pamahalaan ang madalas mapiling maging katuwang ng Beijing (Tablea 3.10), kasunod ang mga pambansang ahensya ng pamahalaan—mula sa mga nagtatrabaho sa enerhiya at telekomunikasyon hanggang sa mga nagpapatupad ng batas, kabilang ang Coast Guard at ang Philippine National Police. Ang pagtutok sa mga katuwang sa pampublikong sektor ay estratehiya ng PRC, dahil ang mga pangunahing sektor ng pamumuhunan nito batay sa halaga ng proyekto (enerhiya, transportasyon at imbakan, at komunikasyon) at sa bilang ng proyekto (kalusugan, pagtugon sa mga kalamidad,  at edukasyon) ay karaniwang pinangangasiwaan at kontrolado ng pamahalaan. Ang PRC ay may katuwang ding mga kompanya at pribadong negosyo, kabilang ang mga kompanya ng media, telekomunikasyon at internet. Sa panlipunang sektor, nakikipagtulungan ang Beijing sa mga pampubliko at pribadong paaralan, pamantasan, mga grupong hindi komersyal, at mga kooperatiba.


Ipinakita rin ng Beijing ang kagustuhang makipagtulungan sa mga grupo sa Pilipinas na may koneksyon sa Tsina sa wika, kalinangan, o mga ugnayan sa diaspora. Dalawampu sa mga tumanggap ng mga pangkaunlarang proyekto ng PRC ay may mandatong magturo ng wikang Intsik, tumulong sa mga pamayanan ng diaspora ng mga Intsik, o palaganapin pa ang kalinangang Intsik. Ang karamihan sa mga tauhang ito ay nasa edukasyon, kasama ang mga paaralang Intsik at mga institusyong pangkalinangan, media na nagsusulong ng wika ng Intsik, at mga grupong hindi komersyal na nagbibigay ng tulong medikal, pamatay sunog, at iba pang mga panglipunang serbisyo.

Isang iba pang temang lumitaw sa mga tumanggap ng pondo ay tungkol sa kanilang pagmamay-ari. Dalawampu sa mga tumanggap ay pag-aari, buo man o bahagi, ng mga kompanya o indibidwal na kasapi ng diasporang Pilipino-Intsik o mula mismo sa Tsina. Kabilang sa listahang ito ang malalaking korporasyon at mga bangko, kasama na ang mga mas maliliit na organisasyon ng serbisyong panlipunan. Karaniwan, ang mga kilalang indibidwal na pamilyang Pilipino-Intsik (kabilang ang mga may kaugnayan sa mga negosyanteng mga Pilipinong Intsik na sina George Ty,[29] Ramon S. Ang, [30] Henry Sy, [31] Dennis Uy,[32] at ang mga Yuchengco[33] ) ay may bahagi ng pagmamay-ari na umaabot sa 10 porsyento o higit pa sa mga tumanggap na grupo nang direkta o sa pamamagitan ng mga kompanya na kontrolado nila.

Minsan, ang pagmamay-ari ay konektado sa isang grupo ng diasporang Pilipino-Intsik na hindi komersyal, tulad ng Filipino-Chinese Women's Association, Filipino-Chinese Chamber of Commerce, Negros Occidental Filipino-Chinese Amity Club, Chinese Community of Baguio, at Philippine-Chinese Charitable Association. Bukod sa mga bahagi ng pagmamay-ari sa mga kilalang kompanya sa pamamagitan ng diasporang ito, mas madalang na nagkaroon ng direktang bahagi ang PRC, tulad ng nangyari sa DITO Telecommunity Corporation, kung saan ang 40 porsyento ay pag-aari ng China Telecommunications Corporation,[27] at ang Philippines-Sino Center for Agricultural Technology, na isang proyekto ng pamahalaan ng Pilipinas at Tsina.

[27] Dagdag pa rito ang 60% na taya na hawak ng Udenna Holdings Corporation, na ang nagsimula at Chairman ay ang prominenteng negosyanteng Pilipinong Intsik na si Dennis Uy.

Tablea 3.10: Mga tumanggap ng pondo para sa pangkaunlarang proyekto mula sa PRC sa Pilipinas,  2000-2022




*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang grupo ng mga mananaliksik ay nagbasa rin ng mga dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang proyekto at detalye para sa 2022.*

Ang PRC ay regular na nagbibigay ng prayoridad sa mga rehiyon at pamayanan na may masiglang ekonomiya at may mahalagang pampolitikang papel sa kanyang mga pangkaunlarang proyekto. Bitbit din ang dinamikong ito sa pagpili ng mga lokal na kasama sa buong Pilipinas. Heograpikal ang Beijing at nakatuon ang kanyang atensyon sa National Capital Region (Metro Manila), na bumubuo ng 47 porsyento ng lahat ng tumatanggap ng proyekto. Ang mga rehiyon ng Davao, Ilocos, at Gitnang Luzon ang may pangalawa, pangatlo, at pang-apat na pinakamalaking bahagi ng mga tinanggap na proyekto,  ayon sa pagkakasunod-sunod (Tablea 3.11).

Tatlo sa mga rehiyong ito ay kabilang sa limang pinakamalaking ekonomiya sa bansa batay sa GDP, habang ang rehiyon ng Ilocos ay isa sa mga pinakamabilis na lumalagong pamayanan (Philippine Statistical Authority, 2023 at 2024). Bilang lunan ng pambansang pamahalaan, ang

National Capital Region ay may malaking pampolitikang impluwensya, habang ang rehiyon ng Davao ay tahanan ng dating Pangulong Rodrigo Duterte at ng kasalukuyang Pangalawang Pangulong Sara Duterte. Ang Gitnang Luzon ay ang rehiyon ni Pangulong Arroyo.

Isa pang palatandaan ng kahalagahan ng mga rehiyon ay ang antas kung paano sila pinagtutuunan ng pampublikong diplomasya ng PRC. Isinaalang-alang ng aming pagsusuri ng distribusyon ng pampublikong diplomasya ng Beijing sa edukasyon (mga Confucius Institutes at Silid-Aralan, mga Luban workshops),[35] mass media (mga pagsosyo sa content-sharing),[36] at mga pamahalaang lokal (mga kasunduan sa sister city, mga diplomatiko na pagbisita). Ang National Capital Region, Gitnang Luzon, Davao, at Ilocos ay naging tampulan ng mga kasunduan sa edukasyon at diplomatikong pagbisita. May mga kasunduan sa sister cities/provinces sa Gitnang Bisayas (Rehiyon VII) at Mimaropa (Timog-Kanlurang Rehiyon ng Tagalog), bagaman lumitaw din ito sa apat na rehiyong nabanggit kanina.

Tablea 3.11: Rehiyonal na listahan ng mga tumanggap ng mga pangkaunlarang proyektong may pondo galing sa PRC at mga pampublikong diplomasya, 2000-2022

| Region | Number of PRC development finance recipient entities | Number of public diplomacy overtures recorded |
|---|---|---|
| National Capital Region | 64 | 23 |
| Davao | 14 | 3 |
| Ilocos | 11 | 9 |
| Central Luzon | 10 | 4 |
| Central Visayas | 8 | 7 |
| Northern Mindanao | 5 | 3 |
| Bangsamoro | 4 | 0 |
| Western Visayas | 4 | 2 |
| Cagayan Valley | 3 | 3 |
| Caraga | 3 | 0 |
| Other | 10 | 4 |

*Mga Tala: Ang bilang ng mga grupong tumanggap ay repleksyon ng bilang ng mga organisasyon galing sa isang rehiyon na inilista bilang tumanggap ng pondong pangkaunlaran mula sa PRC. Kasama sa bilang ng mga gawaing diplomasya ang bilang ng mga tumanggap galing sa parehong rehiyon na nakatanggap ng tulong sa isa sa mga sumusunod: Confucius Institute o Classroom, isang proyekto para sa content-sharing, kasunduang sister city/province, o kinilala bilang organisasyon na may mandato para palawigin ang wika, kalinangan, o koneksyong diaspora sa Tsina. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 para sa 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). AidData Global Chinese Public Diplomacy Dataset, 2021. Ang mga mananaliksik ay nagbasa ng mga dokumento at mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang proyekto at detalye para sa 2022.*

### 3.2.1 Ano ang mga kompanya at ahensya na nakatanggap ng tulong sa Beijing?

Ang mga kompanya na pag-aari ng estado at ng pribadong sektor sa enerhiya at mga utility, tulad ng Manila Water Company at ang grupo ng GNPower na nakatutok sa mga planta ng kuryente, ay nakakuha ng tulong para sa mga pangkaunlarang proyekto ng Beijing (Tablea 3.12). Ang mga pribadong kompanya at mga ahensya ng pamahalaan para sa mga sektor ng imprastraktura ay tumanggap din ng pondo mula sa PRC mula 2000 hanggang 2022. Ang Atlas Consolidated Mining & Development Corporation (isang pribadong kompanya sa Pilipinas na nakatuon sa eksplorasyon ng mineral at pagmimina) ay nakatanggap ng mas malaking halaga mula sa PRC kaysa sa pinagsamang halaga ng susunod na limang tumanggap. Ang pinakamalaking bahagi ng pondo ay inilaan sa mga hindi-tinutukoy na ahensya sa loob ng pamahalaan.

Ang Metrobank, isa sa mga pinakamalaking bangko sa Pilipinas, ay apat na beses nakatanggap ng kapital mula sa PRC. Ang kabuuang halaga ay umaabot sa hindi bababa sa US$1.3 bilyon. Ang San Miguel Corporation (isang multinasyonal na korporasyon na may iba't ibang portfolio na kinabibilangan ng langis, imprastraktura, pagkain, at inumin) ay may matagal ng relasyon sa Beijing na nagsimula pa noong 2006. Ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng San Miguel Corporation at ng PRC ay kinasasangkutan ng mga multi-milyong dolyar na pautang sa negosyo, kabilang ang isang pautang na nagkakahalaga ng US$1.5 bilyon. Ang parehong kompanya ay may ugnayan din sa mga kilalang pamilyang Pilipino-Intsik–George Ty sa kaso ng Metrobank at Ramon S. Ang sa kaso

ng San Miguel Corporation (FirthConnect Database, 2024; GlobalData Explorer).

Gayunpaman, hindi monolitiko ang relasyon ng Beijing sa mga tumatanggap ng pondo nito. Tanging 29 porsyento ng mga tumatanggap na grupo ang nakipagtulungan sa PRC sa dalawa o higit pang mga proyekto, at tanging 10 porsyento ang kasama sa apat o higit pang mga proyekto. Ang mga tumatanggap ng pinakamaraming pondo ay madalang kapareho ng mga tumatanggap ng pinakamaraming proyekto. Ang dinamikong ito ay sumasalamin sa dalawang linya ng pinansyal na portfolio ng Beijing para sa pangkaunlarang pondo nito sa Pilipinas, na tinalakay na natin sa Kabanata 2: Nagpopondo ang Beijing sa maraming maliliit na proyektong panglipunan at edukasyon para bumuo ng magandang ugnayan kasabay ng isang katamtamang bilang ng malalaking proyekto sa imprastraktura para kumita nang malaki.

Ang mga lokal na pamahalaan, tulad ng Lungsod ng Davao at Lungsod ng Maynila, ay naging mas madalas na mga kasosyo ng Beijing mula noong 2020 (Tablea 3.13). Ang mga tipikal na proyekto ay kinabibilangan ng mga donasyon mula sa mga motorsiklo ng pulisya at tablet hanggang sa mga medikal na suplay at "friendship packs" na naglalaman ng bigas at iba pang pagkain. Ang mga proyektong ito ay hindi malakihan, pero madalas na ibinibigay at nagpapakita na ang mga pinunong Intsik ay interesado sa pagpapanatili ng mainit na relasyon sa lokal na pamahalaan, lalo na iyong mga konektado sa mga elitista sa politika.

Tablea 3.13: Nangungunang 15 tumanggap ng pondo sa Pilipinas mula sa PRC ayon sa bilang ng mga proyekto, 2000-2022

| Entity name | Entity type | Project count | PRC funding, millions USD |
|---|---|---|---|
| Government of the Philippines* | National government | 113 | 28,095 |
| Davao City Government | Local government | 9 | 0.09636 |
| San Miguel Corporation* | Private sector | 7 | 539 |
| City of Manila Government | Local government | 6 | 0.8287 |
| GNPower Kausawagan, Ltd. Co. (GNPK) | Special Purpose Vehicle | 5 | 1,165 |
| Department of Agriculture, Philippines* | Government agency | 5 | 331.8 |
| Bureau of Customs, Philippines | Government agency | 4 | unknown |
| Bases Conversion and Development Authority | State-owned company | 4 | unknown |
| Philippines-Sino Center for Agricultural Technology | Miscellaneous agency type | 4 | 32.064 |
| Rizal Commercial Banking Corporation | Private sector | 4 | 10.434 |
| University of the Philippines | Public university | 4 | unknown |
| Department of Social Welfare and Development, Philippines | Government agency | 4 | unknown |
| Department of Public Works and Highways, Philippines | Government agency | 4 | 6.577 |
| Metrobank* | Private sector | 4 | 1,378.2 |
| Philippine Red Cross | NGO/CSO/foundation | 4 | 0.16753 |

*Mga Tala: Ang mga grupo na nasusundan ng asterisko ay makikita rin sa pangunahing 15 listahan ng pinakamalaking salapi sa dolyar na nakuha mula sa pagpopondo ng Beijing. Kung ang pondong nakuha ay "hindi alam," mayroong mga detalye sa proyekto subalit walang tantiya ng halaga, dahil ang iba rito ay donasyon na mga kagamitan o pagtulong na hindi salapi. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 for 2000-2021 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang mga mananaliksik ay nagbasa rin ng mga dokumento at ng mga artikulo sa media para matunton ang mga karagdagang mga proyekto para sa 2022.*

## 4. Mga Resulta

Mga pangunahing pananaw sa kabanatang ito:

- Ang kakayahan ng Beijing na mabilis na maihatid at tuparin ang mga pangako nito ay may panganib mula sa masalimuot na proseso ng mga proyekto, mga panganib sa pamamahala, at mga sensitibong isyu na heopolitikal.
- Lagpas kalahati ng mga pondo sa pangkaunlarang proyekto ng Beijing (US$4.5 bilyon) ay umaasa sa mga nagpapatupad na Intsik na may masamang rekord ng pagganap ayon sa aming mga sukat.
- Matabang pa rin ang imahen ng Beijing sa publiko sa Pilipinas at halo-halo ang resulta ng mga proyektong ito sa ekonomiya, kapaligiran, lipunan, at pamamahala.

Kadalasan, kinikilala ng mga pinuno sa Pilipinas at sa iba pang lugar na ang mga uri ng malalaking proyekto sa imprastraktura na handang pondohan ng Beijing ay may mataas na panganib at halo-halong resulta (Custer et al., 2024). Maaari sanang mapabuti ng mga proyektong ito ang mga lokal na ekonomiya at lipunan: sa paghahatid ng mga serbisyong pampubliko (halimbawa, malinis na tubig, sanitasyon, at kuryente), sa pagpapayabong ng ekonomiya sa pamamagitan ng sapat irigasyon hanggang sa koneksyong digital, at sa pagbubukas ng pamilihan dahil sa mas matatag na imprastraktura ng transportasyon sa himpapawid, tubig, at lupa. Sa kabilang banda, ang mga proyektong ito ay maaari ring makapinsala sa publiko—nakakasira ng kapaligiran, nakagugulo sa buhay ng mga taong dapat alagaan (halimbawa, mga

mahirap sa lungsod, mga tribo at katutubong grupo), at pagkawasak ng matinong pamamahala dala ng katiwalian at kawalan ng pananagutan.

Sa kabanatang ito, susuriin namin ang mga ginawa ng Beijing—hanggang saan ito tumutupad sa mga pangako, paano nito pinamamahalaan ang panganib ng pinsalang pampubliko mula sa mga proyekto, at ano ang mga maagang palatandaan na makikita natin mula sa mga resulta sa ibaba. Muli, gumamit kami ng impormasyon galing sa AidData at ipinakita sa Kabanata 2, na dinagdagan ng pagsasaliksik sa mga dokumento at pagkakalap ng mga datos sa mga hakbang na ginawa para mabawasan ang panganib sa kapaligiran, lipunan, at pamamahala ng mga proyektong pinondohan ng PRC. Isinama na rin namin ang datos tungkol sa ekonomiya, kapaligiran, lipunan, at pamamahala mula sa mga ibang grupo, tulad ng Gallup World Poll, Varieties of Democracy, World Bank, Philippine Statistical Authority, at iba pa.

4.1. Sa anong antas sinusunod ng PRC ang mga pamumuhunan sa oras at ayon sa mga ipinangako nito?

Ang mga pamumuhunan ng Beijing para sa mga pangkaunlarang proyekto ng Pilipinas ay tiningnan ng media at ng mga pinuno ng politika bilang may potensyal na makapagbago—na pataasin ang halaga ng mga trabaho, palakasin ang kita mula sa kalakalan, at pasiglahin ang ekonomiya (Custer et al., 2024). Gayunpaman, ang potensyal na ito ay matutupad lamang kapag sinunod ng Beijing ang mga pangako nito: mabilis na paggalaw ng isang proyekto mula sa pagplano hanggang sa pagtatapos. Dahil mahilig ang Beijing na mamuhunan sa malakihan, komplikado, at mapanganib na mga proyekto sa imprastraktura, hindi naging mabilis ang pagsunod sa mga pangako. Sa bahaging ito, susuriin namin ang kakayahan ng PRC na tuparin ang mga pangako mula sa dalawang pananaw: ang karaniwang oras ng paghihintay mula sa pagkakatalaga ng pondo hanggang sa pagkompleto ng mga proyekto (bahagi 4.1.1) at ang mga suspensyon o pagkansela ng mga proyekto (bahagi 4.1.2).

### 4.1.1 Bilis ng paglipat mula sa mga nakatalagang pondo patungo sa mga proyekto

Isa sa mga dahilan kung bakit lumalapit ang mga pinuno ng Global South sa PRC bilang katuwang sa imprastraktura ay ang reputasyon ng Beijing para sa mabilis na paggawa (Custer et al., 2024). Nakikinabang ang Pilipinas mula sa isa sa mga mas mabilis na oras ng pagtatapos ng proyekto kung ihahambing sa iba pang mga bansang nasa antas ng Pilipinas na tumatanggap ng pangkaunlarang pondo mula sa Beijing (Malik et al., 2021). Kadalasan, ang network ng mga namumuhunan, kasamang namumuhunan, at tagapagpatupad ng PRC ay gumagawa ng proyekto mula pangako patungong implementasyon sa loob ng 147 araw, at ang siklo ng simula at katapusan ay nasa loob lamang ng halos isang taon (Tablea 4.1).

Gayunpaman, may mga lugar na may mas mahabang oras ng paghihintay bago magsimula ang mga proyekto: kasing ikli ng 25-30 araw kung nakatira ka sa mga rehiyon ng Cagayan Valley o Cordillera, o kasing tagal ng halos isang taon o higit pa kung nakatira ka sa Mimaropa, Gitnang Luzon, o Zamboanga Peninsula. Pitong rehiyon ang may mas maikling oras ng paghihintay mula pangako hanggang implementasyon, habang 10 ang nasa ibaba ng normal. May katulad ding antas ng pagbabago mula sa siklo ng pangako hanggang implementasyon. May walong rehiyon na lagpas sa normal ang panahon ng paghihintay at siyam na rehiyon ang gumugol ng mas mahabang oras ng paghihintay. Sa pangkalahatan, ang mga rehiyon na may mas maikling oras ng implementasyon ay nasa hilaga at mas malapit sa Maynila, kung ihahambing sa mas mahabang paghihintay sa timog. Gayunpaman, malamang na may iba pang mga salik na nakakaapekto dito (halimbawa, sektor o uri ng pagpopondo) na maaaring magpaliwanag sa mga pagkakaibang ito lagpas pa sa isyu heograpiya. Aming susuriin ang mga ito sa susunod na mga talata ng bahaging ito.

Tablea 4.1: Kadalasang bilang ng mga araw sa pagitan ng mga antas ng mga pangkaunlarang proyekto ng PRC sa Pilipinas, ayon sa pambansa at panrehiyong antas, 2000-2021

| | Geocoded observations | Commitment → Implementation | Implementation → Completion | Commitment → Completion |
|---|---|---|---|---|
| Philippines, nationally | 131 | 147 | 149 | 324 |
| Bangsamoro Autonomous Region In Muslim Mindanao (BARMM) | 7 | 265 | 15 | 447 |
| Cordillera Administrative Region (CAR) | 5 | 31 | 4 | 35 |
| Mimaropa (Southwestern Tagalog Region) | 2 | 301 | 306 | 743 |
| National Capital Region (NCR) | 25 | 128 | 179 | 291 |
| Ilocos (Region I) | 7 | 68 | 538 | 615 |
| Cagayan Valley (Region II) | 3 | 25 | 1 | 16 |

| | Geocoded observations | Commitment → Implementation | Implementation → Completion | Commitment → Completion |
|---|---|---|---|---|
| Philippines, nationally | 131 | 147 | 149 | 324 |
| Central Luzon (Region III) | 17 | 279 | 592 | 833 |
| Calabarzon (Region IV-A) | 7 | 174 | 165 | 365 |
| Zamboanga Peninsula (Region IX) | 3 | 837 | 598 | 1116 |
| Bicol (Region V) | 2 | 123 | 1 | 16 |
| Western Visayas (Region VI) | 4 | 52 | 7 | 243 |
| Central Visayas (Region VII) | 5 | 104 | 4 | 108 |
| Eastern Visayas (Region VIII) | 7 | 169 | 5 | 238 |
| Northern Mindanao (Region X) | 9 | 181 | 0 | 699 |
| Davao (Region XI) | 16 | 190 | 64 | 217 |
| Soccsksargen (Region XII) | 5 | 241 | 877 | 1051 |
| Caraga (Region XIII) | 5 | 255 | 140 | 397 |

*Mga Tala: Hindi lahat ng proyekto ng PRC ay may koda ayon sa lokasyon; nawawala ang petsa ng implementasyon o pagtatapos para sa ibang proyekto; o hindi nagtutugma ang karaniwang bilang mula sa pangako hanggang implementasyon. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Hindi lahat ng proyekto ay may parehong antas ng komplikasyon, at ang mga pagkakaibang ito ay maaaring maging salik sa kakayahan ng PRC na magtapos ng proyekto ng mabilis at tuloy-tuloy. Tulad ng tinalakay sa Kabanata 2, habang karamihan ng pangkaunlarang pondo ng Beijing ay nakatutok sa imprastraktura, marami pang mga maliliit na proyekto sa edukasyon, kalusugan, at pagtugon sa mga kalamidad. Dahil ang

malalaking proyekto sa imprastraktura ay may dalang panganib at komplikadong gawin (halimbawa, pagkuha ng mga permit, paglilipat ng tao, paglalatag ng pundasyon, paglilipat ng teknolohiya, at pagmomonitor ng kinis ng trabaho), maaari nating isipin na ang mga kaganapang ito ay magkakaroon ng mas mahabang oras ng paghihintay mula sa pagtalaga ng pondo hanggang sa pagkompleto ng mga proyekto.

Alinsunod sa lohikang ito, ang mga proyekto sa transportasyon at imbakan (1,431 araw), tubig at sanitasyon (922 araw), enerhiya (866 araw), at telekomunikasyon (758 araw) ay may mas mahahabang oras ng paghihintay kaysa karaniwan (Tablea 4.2). Kapag may mataas na konsentrasyon ng ganitong mga komplikadong proyekto sa isang rehiyon, tulad ng Gitnang Luzon, maaaring magdagdag ito ng pagkabalam, dahil ang mga kaganapang ito ay nagpapatagal ng karaniwang oras ng paghihintay. Sa panlabas, maaaring kakaiba na ang mga proyekto sa agrikultura, kagubatan, at pangingisda ay may pinakamahabang oras ng paghihintay mula simula hanggang katapusan (1,500+ araw). Gayunpaman, ang Beijing ay maraming ambisyosong proyekto sa irigasyon (halimbawa, Chico River, Agno River, at Banaoang Pump Irrigation) o komersyal na imprastraktura para tulungan ang mga produktong inilalabas sa bansa (halimbawa, General Santos Fish Port Complex). Ang mga ganitong proyekto ay madaling maapektuhan ng mga hindi planadong pagkabalam, mga hamon sa kapaligiran, o panlipunang kaguluhan mula sa tao na kailangang ilipat ng tirahan (tingnan ang Kabanata 3).

Ang mga kaganapan sa agrikultura, pangingisda, at kagubatan ay maaaring mahirap sa aspetong teknikal at lohistikal. Ang mga ito ay

nangangailangan ng koordinasyon ng mga tauhan at pamamahala ng daloy ng pondo, bukod sa iba pang mga konsiderasyon. Ang paglilipat ng teknolohiya, na siyang laman ng ikalawang yugto ng technical cooperation program (TCP-II) sa agrikultura sa pagitan ng Pilipinas at Sino Center for Agricultural Technology (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022), ay maaaring magdulot ng pagkabalam dahil sa oras na kailangan para mapag-isa ang mga bagong teknolohiya sa kasalukuyang mga sistema at kasanayan. Ang kooperasyong ito ay nangangailangan ng malawak na pagsasanay at panahon.

Sumabak sa mga hamon ang mga proyekto sa enerhiya na may kaugnayan sa katiyakan ng mga patakaran at bilis ng mga proseso ng regulasyon. Ang mga isyu tulad ng mabagal na pag-apruba ng mga permit at kakulangan ng malinaw na mga patakaran at suporta mula sa pamahalaan ay humadlang sa mabilis na pagtatayo ng mga imprastraktura para sa enerhiya mula sa kalikasan (Garcia, 2023a; Garcia, 2023b).[28] Batbat din ng kontrobersya ang mga pamumuhunan sa telekomunikasyon, at ang mga tanong tungkol sa antas ng pagiging bukas, pagsunod sa mga lokal na batas, at direktang benepisyo sa mamamayang Pilipino ay naging tampulan din ng masigabong mga pagtatalo (Rivas at Tomacruz, 2021).

Sa kabilang banda, mas mabilis natapos ang mga proyekto ng PRC sa kalusugan—139 araw sa karaniwan mula simula hanggang katapusan. Ang sektor na ito ay karaniwang nagsisimula nang mas maaga sa plano kaysa sa inaasahan. Makikita ang tatlong posibleng dahilan sa likod ng mabilis na paghahatid ng proyekto rito. Una, ito ay may kinalaman sa pandemyang COVID-19—isang pandaigdigang krisis sa kalusugan na nangangailangan ng mabilis na aksyon, na nagresulta sa agarang pagpapadala ng mga materyales at ekspertong kaalaman. Ikalawa, isang malaking bahagi ng

mga proyekto sa kalusugan ay may kinalaman sa mga donasyon ng kagamitan o suplay (halimbawa, mga maskara at iba pang proteksyon na kagamitan) na madali at mabilis maipadala.

Ikatlo, ang ilan sa mga mas ambisyosong proyekto sa kalusugan ay mga prayoridad sa politika ng mga pinuno ng Pilipinas at isang pagkakataon para sa Beijing na magpalakas sa isang kaalyado. Sa linya ng kampanya ni Pangulong Duterte laban sa droga, tinulungan ng PRC ang mga awtoridad ng Pilipinas na magtayo ng dalawang pasilidad para sa rehabilitasyon ng mga gumagamit ng droga sa Agusan del Sur at Sarangani na nilagyan ng mga kama, mga gusali ng administrasyon, at mga suportang istraktura (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang mataas na antas ng pakikilahok mula sa parehong mga opisyal ng Tsina at Pilipinas ay nakatulong na bigyang prayoridad ang mga proyektong ito, na posibleng dahilan kaya mabilis itong natapos.

Tablea 4.2: Kadalasang bilang ng mga araw sa pagitan ng antas ng mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas ayon sa sektor, 2000-2021

Number of days

| Sector | Commitment → Implementation | Implementation → Completion | Commitment → Completion |
|---|---|---|---|
| Agriculture, forestry, fishing | 216 | 1,369 | 1,577 |
| Communications | 180 | 413 | 758 |
| Developmental food aid/food security assistance | 0 | 0 | 0 |
| Disaster prevention and preparedness | 0 | 0 | 0 |
| Education | 125 | 50 | 168 |
| Emergency response | 220 | 2 | 204 |
| Energy | 161 | 337 | 866 |
| Government and civil society | 36 | 2 | 44 |
| Health | 89 | 39 | 139 |
| Industry, mining, construction | 256 | - | - |
| Other social infrastructure and services | 0 | 0 | 8 |
| Reconstruction relief and rehabilitation | 0 | 0 | 0 |
| Trade policies and regulations | 238 | 100 | 339 |
| Transport and storage | 447 | 945 | 1,431 |
| Unallocated/unspecified | 148 | - | - |
| Water supply and sanitation | 66 | 853 | 922 |

Created with Datawrapper

*Mga Tala: Ang ibig sabihin ng sero ay hindi matukoy na panahon ng paghihintay sa pagitan ng mga antas ng proyekto, na nangangahulugang mabilis na nasimulan at natapos ang mga ito (halimbawa, pagdadala ng pagkain, tulong sa mga kalamidad, at pagtatayo ng mga nasirang gusali. Ang ibig sabihin ng gitling ay mga sektor na hindi kompleto ang impormasyon mula sa simula at katapusan ng bawat antas ng proyekto. Hindi kasama sa talahanay na ito ang nawawalang mga datos na mahirap malaman ang normal na panahon ng paghihintay. Pinanggalingan: AidData Global Chinese*

*Development Finance Dataset Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Sa pangkalahatan, ang PRC ang may pinakamabilis na paghahatid sa pagtatapos ng mga proyekto kung saan mahalaga ang oras (halimbawa, tulong sa pagkain, paghahanda sa mga kalamidad, at mga pagsisikap sa muling pagtatayo) at mga proyekto ng demonstrasyon na mas maliit ang saklaw na nakatuon sa pagbuo ng magandang relasyon sa publiko at kanilang mga pinuno (halimbawa, edukasyon, kalusugan, at iba pang imprastrakturang panglipunan). Ang mga kaganapan na ito ay karaniwang may kasamang maluwang na mga termino na para na ring tulong—mga bigay, donasyon ng kagamitan, at mga pautang na walang interes o mababa ang interes—at mas pondong nakasentro (halimbawa, mas kaunting supplier na konektado sa parehong proyekto). Medyo mabilis ang PRC sa paghahatid ng mga proyektong nasa kategorya ng "tulong" (katulad ng Official Development Assistance), na natatapos sa loob ng wala pang kalahating taon (Talaan 4.3).

Sa paghahambing naman, ang mga proyektong pinondohan ng utang ng PRC ay maaaring umabot ng higit sa dalawang taon mula simula hanggang katapusan. Ang pinalawig na oras na ito ay maaaring magpahiwatig ng katangian ng mga pinondohan ng utang – kinabibilangan ng mga malaking proyekto sa imprastraktura na para sa komersyo na nangangailangan ng mas mahabang panahon para sa komprehensibong pagpaplano, negosasyon, at implementasyon. Ang mga malalaki at mas mapanganib na proyektong ito ay pangunahing kandidato para sa paggamit ng Beijing ng pagpapautang mula sa isang sindikato o grupo—pagsasama ng panganib at kapital sa pagitan ng mga bangkong pag-aari ng estado at ng mga komersyal na bangko, kabilang ang mga iba

pang mga kasama sa pamumuhunan mula sa ibang  bansa (tingnan ang Kabanata 3). Ang mga ganitong usapan na kasama ang iba't ibang grupo ay mas komplikado idisenyo at gawin, at  posibleng dahilan sa mas mahabang oras ng paghihintay.

Tablea 4.3: Karaniwang bilang ng mga araw sa pagitan ng mga antas ng mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas ayon sa daluyan,  2000-2021

| Flow Class | Commitment → Implementation | Implementation → Completion | Commitment → Completion |
|---|---|---|---|
| Official Development Assistance (ODA)-like | 124 | 63 | 184 |
| Other Official Flows (OOF)-like | 247 | 625 | 864 |

*Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

### 4.1.2 Pagkabigo sa Paghatid ng Proyekto? Mga Pansamantalang Pagsuspinde at Pagkansela ng Proyekto

Bukod sa bilis ng paghahatid, ang attrisyon ay isa pang mahalagang aspeto na aming sinuri: sa mga proyektong ipinapangakong pondohan ng Beijing, gaano karami ang nawawala dahil sa pansamantalang pagsuspinde o tuwirang pagkansela sa mga ito? Ang mga proyekto na nasuspinde o nakansela ay maaaring sumalamin sa mga pagbabago sa kagustuhan ng mga supplier ng PRC na ipagpatuloy, o mga pagdududa sa panig ng mga kasama sa Pilipinas. Sa bahaging ito, tinatalakay namin ang anim na kilalang kaso ng mga proyekto na pinondohan ng PRC sa Pilipinas na nasuspinde o nakansela. Ito ay para makita natin kung bakit nabigo ang mga proyektong ito. May mga pagkakataon ng pagsuspinde at pagkansela sa lahat ng yugto ng proseso. Sa ilang mga kaso, ang proyekto ay huminto pagkatapos magpirmahan ng mga kasunduan sa pagpondo, nang hindi naipagpatuloy sa implementasyon. Sa ibang mga kaso, ang mga proyekto ay halos tapos na nang mapawalang-bisa ang kasunduan.

Ang mga proyekto ay maaaring makaranas ng pagkabalam o pagkansela dahil sa mabagal na mga prosesong burukratiko o pampubliko at pampolitikang pagtutol. Ang limitadong proseso ng pagiging bukas ng pangkaunlarang pinansyal ng Beijing—mula sa termino ng pautang at pagbili ng mga kagamitan hanggang sa pag-uulat ng daloy ng trabaho at mga resulta—ay nagdagdag din ng posibilidad na ang mga proyekto ay maititimbuwang ng mga paratang ng korapsyon, kampihan, at maling pamamahala sa parehong panig. Ang mga sektor ng imprastraktura sa transportasyon, enerhiya, at telekomunikasyon ay mga mapanganib na pamumuhunan. Ang ito ay nangangailangan ng malawak na koordinasyon, malaking gastusin, at pangmatagalang proseso bago makompleto. Ang mga ganitong proyekto ay madaling maapektuhan ng mga hadlang sa anyo ng lohistika at sa mga nagbabagong patakaran.

Sa isang kaso, isang serye ng mga pautang na sinuportahan ng PRC para sa proyekto ng North Luzon Railway ay nakansela dahil sa mga paratang ng kampihan para artipisyal na itaas ang mga presyo at mga hindi pagkakaunawaan sa kontrata sa pagitan ng tagapagpatupad na Intsik (CNMEG, tulad ng tinalakay sa Kabanata 3), mga opisyal ng pamahalaan ng Pilipinas, at isang lokal na grupo ng mga mamamayan (Tablea 4.4). May dalawang yugto ang Northrail project at pareho itong pinondohan ng China Eximbank, na may positibong buyer’s credits sa pamahalaan ng Pilipinas (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Kinansela ng Beijing ang mga pautang dahil sa mga hindi pagkakaunawaan sa kontrata sa tagapagpatupad at matapos matukoy ng Korte Suprema ng Pilipinas na ang proyekto ay walang competitive bidding. Noong Nobyembre 2017, pumayag ang pamahalaan ng Pilipinas sa isang settlement agreement sa labas ng korte kasama ang CNMEG (ibid).

Sa katulad na paraan, ang proyekto para sa National Broadband Network (NBN) na pinondohan ng China Eximbank at ipinatupad ng ZTE, isang Intsik na kompanya ng teknolohiya para magtayo ng mabilisang internet sa mahigit 25,000 na mga opisina ng pamahalaan, ay naapektuhan ng mga paratang ng korapsyon at mga isyu sa pamamahala. Nagkaroon ng mga alegasyon na ang kontrata ay pinataas ng $130 milyon para mapadali ang mga suhol na diumano ay para sa isang grupo na kinabibilangan ni Benjamin S. Abalos, hepe ng Commission on Elections (COMELEC) noong panahong iyon. Naglabas ang Korte Suprema ng isang restraining order, na nagkansela sa proyekto noong 2007 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).

Ang proyekto naman sa Agus 3 Hydropower, na naglalayong gumawa ng 250 MW planta ng enerhiya sa Ilog ng Agus sa Lanao del Sur at Lanao del Norte, ay humarap din sa mga isyu. Kabilang dito ang pagtutol sa proyektong binigyan ng pondo ng China Development Bank. Ang proyektong sabay na binuo ng Tranzen Group at Lanao Hydropower Development Corporation ay nagsimula noong 2010 pero nahirapang umusad dahil sa mga hindi tiyak na isyu sa pananalapi (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Nakaharap din ito sa pagtutol sa mga plano na gawing pribado ang likas na yamang hydropower ng rehiyon mula sa Department of Energy at mga kompanya ng serbisyo ng kuryente (Morales, 2012).[28] Sinubukan na muling simulan ang proyekto noong 2017 at, noong 2021, ito ay nasa proseso ng pagkuha ng mga kinakailangang permiso para magsimula ng operasyon na nakatakdang ituloy sa 2025 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).

Ang proyektong Cyber Education, na naglalayong iugnay ang mga paaralan at mga administratibong yunit sa isang pambansang internet network at gumawa ng mga multimedia na mga silid-aralan na nakabase sa satellite, ay nakaharap din ng lokal na pagtutol. Nanawagan ang Alliance of Concerned Teachers na itigil ang inisyatibong ito, dahil hindi ito raw nito mapapabuti ang edukasyon at isa lamang itong “mahal na elepanteng puti na magbibigay pasanin sa ating mga tao sa mga darating na taon” (ACT Metro-Baguio, 2007). Tinukoy ng mga protesta ang kakulangan ng pagiging bukas ng kontrata at nagbigay pa ito ng patutsada sa talino ng Pilipinas para tumanggap ng magastos na utang (ibid). Nagbanta rin ang mga oposisyon na politiko na iaakyat ang isyu sa Korte Suprema, hanggang nagbigay na lang ng utos si Arroyo para ikansela ito (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).

Ang mga isyu sa panig ng pagdaloy ng pondo tulad ng panloob na pagbabago sa patakaran at mga pang-ekonomiyang isyu (halimbawa, ang pandemya ng COVID-19) at mga hamon sa lohistika ay nakakaapekto rin sa pag-usad ng mga proyekto. Ang mga salik na ito ay maaaring magresulta sa muling pagsusuri ng mga prayoridad sa pamumuhunan o pag-atras ng suporta, tulad ng nakita noong kasagsagan ng pandemya na kailangang bigyan ng Tsina ng prayoridad ang mga pamumuhunan nito sa loob ng bansa kaysa sa buong mundo. Ang proyekto ng tulay sa mga isla ng Panay-Guimaras-Negros (PGN) ay isang halimbawa nito. Layunin nitong iugnay ang mga isla sunod sa programang imprastraktura ng Pangulong Duterte na "Build, Build, Build"[28] at nakaayon din ito sa Philippine National Development Strategy (Garion, 2024).

Pinondohan ng PRC ang isang masinsing pag-aaral (CCCC Highway Consultants, 2019) para sa proyektong PGN na isinagawa ng isang sangay ng China Communications Construction Company na pag-aari ng estado. Gayunpaman, nawala ang interes ng PRC dahil sa mga isyung dala ng COVID-19 at nasuspinde ang proyekto. Lumapit ang Maynila sa isang alternatibong partner, ang South Korea, na nagsagawa ng sarili nitong pag-aaral at pumayag na pondohan ang yugto ng disenyo ng engineering para sa dalawang tulay (Sornito, 2023). Umaasa ang mga opisyal ng Pilipinas mula sa Department of Public Works and Highways na matatapos ang mga tulay sa 2028 (Garion, 2024) kahit hindi na kasama ang Beijing.

Ang mga isyung heopolitikal—kabilang ang dinamiko ng kapangyarihan sa rehiyon at sigalot sa mga teritoryo – ay maaaring biglaang magbago ng kalakaran, na nagbabanta sa pagkatiwalag ng mga kasalukuyan at nakaplano pang mga proyekto ng PRC. May mga gumawa ng kampanya sa Pilipinas para  kanselahin ang mga kontrata sa mga tapagpatupad na Intsik  at itigil ang mga proyekto na pinondohan ng PRC dahil sa mga sigalot sa karagatan sa South China Sea (West Philippine Sea). Ang mga hiling na ito ay naging mas matindi pagkatapos ng mga kontrobersyal na insidente, tulad ng pagtukoy ng Estados Unidos sa mga tapagpatupad na Intsik na nagtayo rin ng mga artipisyal na isla sa mga pinag-aawayang mga lugar (Manila Standard, 2023) o ang sigalot noong 2024 sa pagitan ng Coast Guard ng Tsina at mga barko ng Pilipinas sa Second Thomas Shoal (Cruz, 2023; Ismael at Tamayo, 2023).

Noong ipahayag ni Kalihim Jaime Bautista ng Kagawaran ng Transportasyon ng Pilipinas sa katapusan ng 2023 ang kanyang desisyon na hindi na humingi ng pondo mula sa PRC para sa tatlong proyekto ng

riles sa Luzon at Mindanao, hindi niya binanggit ang tumitinding away sa karagatan (Walker, 2023). Gayunpaman, ang paglabas ng desisyon, na isinasaalang-alang ang mas malawak na konteksto ng mga pampublikong panawagan para sa bansa na umatras mula sa mga kontrata sa PRC bilang protesta sa pagiging agresibo nito sa karagatan, ay mahirap isiping walang epekto sa desisyon ng Pilipinas na ihinto na ang mga bagong kasunduan.

Tablea 4.4: Mga nasuspinde o nakanselang mga pamumuhunan ng Tsina sa Pilipinas,, 2000-2021

| Case study | Sector | Flow type | Status | Project value, millions USD | Supply-side reasons for change | Demand-side reasons for change |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Panay-Guimaras-Negros Island Bridges | Transport | Grant | Suspended before funds disbursed, to resume in 2024 with South Korea | 14.60 | Covid-19 pandemic, resource allocation | Bureaucratic delays, shift in prioritization, political changes, geopolitical sensitivities |
| Agus 3 Hydropower Project | Energy | Loan | Suspended after financing agreement signed | 410.94 | Not applicable | Government withholding approval |
| North Luzon Railways Project (Initial) | Transport | Loan | Canceled after funds were disbursed | 899.6 | Contractual and financial issues | Corruption allegations, governance and oversight issues, legal challenges, administrative decisions |
| North Luzon Railways Project (Revised) | Transport | Loan | Canceled after funds were disbursed | 813.5 | Contractual and financial mismanagement | Political and economic shifts, judicial and legislative challenges, governance and oversight issues, administrative decisions |
| National Broadband Network (NBN) Project | Communications | Loan | Canceled after the financing agreement was signed | 569.1 | Contractual and financial mismanagement | Corruption and overpricing, judicial intervention, governance issues, administrative decisions |
| Cyber Education Project | Education | Loan | Suspended after financing agreement signed | 911.1 | Contractual and financial mismanagement | Political criticism, judicial and legislative scrutiny, governance and oversight, administrative |

| Case study | Sector | Flow type | Status | Project value, millions USD | Supply-side reasons for change | Demand-side reasons for change |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | decisions |

*Mga Tala: Ito ay hindi kompletong listahan ng lahat ng kaso ng mga naunsyaming proyekto. Bagaman, ang mga kasong ito ay kinilala bilang nasuspinde o nakansela sa loob ng database ng  AidData sa antas ng mga proyekto. Pinanggalingan: AidData Global Chinese Development Finance Dataset Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022), na dinagdagan ng pananaliksik sa mga dokumento.*

## 4.2. Paano naipatutupad at nararanasan ng mga pamayanan sa Pilipinas ang mga proyekto ng pamumuhunan mula sa PRC?

Sa buong pananaliksik na ito, binigyang-diin natin ang maraming kapuri-puring kontribusyon ng pangkaunlarang pamumuhunan ng PRC para makatulong sa Pilipinas bumuo ng mga kritikal na industriya at imprastraktura. Gayunpaman, itinampok din natin ang ilang mga kaso kung saan ang mga proyekto ng Beijing ay hindi natuloy, nahirapan sa implementasyon, at dumaan sa pagsusuri at debate tungkol sa kanilang mga resulta. Sa bahaging ito, sinusuri namin ang mga panganib sa kapaligiran, panglipunan, at pamamahala (ESG) sa mga pangkaunlarang proyekto ng Beijing sa Pilipinas (bahagi 4.2.1) at sinusuri ang kahandaan ng PRC na makipagkontrata sa mga kompanyang Intsik bilang mga tagapagpatupad batay sa iba't ibang sukat ng pagganap (bahagi 4.2.2).


### 4.2.1 Maagang babala ng panganib sa ESG sa mga proyekto na pinondohan ng PRC

Ang malaking pamumuhunan sa mga kritikal na industriya at imprastraktura—kung ito man ay mula sa pamahalaang lokal, isang pribadong kompanya, o isang kasama sa mga proyektong pangkaunlaran tulad ng PRC—ay may potensyal na baguhin ang mga pamayanan sa mas mabuti o mas masamang paraan. Ang ganitong mga proyekto ay likas na mapanganib kapag ang mga resulta ay nakaangkla sa kapaligiran, lipunan, at pamamahala (ESG). Dahil dito, ang mga nangungunang institusyong pangkaunlaran tulad ng Grupong World Bank Group ay naglalagay ng matibay na mga giya ng ESG sa disenyo at pagsasagawa ng mga proyekto para mapagaan ang paggawa at maibsan ang negatibong resulta.

Isang karaniwang puna laban sa Beijing ay ang pagbibigay ng prayoridad ng PRC sa mas mabilis na takbo at mas mababang gastos kaysa sa pagtiyak na ang mga proyekto nito ay ligtas, responsable sa lipunan, at nagsusulong ng matinong pamamahala (Parks et al., 2023). Gayunpaman, maaaring mahirap paghiwalayin ang totoo mula sa opinyon. Para makatulong na mapagtagumpayan ang puwang na ito sa datos, bumuo si Parks et al. (2023) ng sistematikong set ng mga pamantayan para suriin kung gaano kahusay ang mga namumuhunan sa Tsina na pag-aari ng estado at ng mga kasama nitong namumuhunan. Layunin din nitong maglatag ng mga estratehiya sa pamamahala ng panganib sa ESG ng mga proyektong kanilang sinusuportahan.

Ang 26 na pamantayan ng pagsusuri mula kay Parks et al. (2023) ay sumasala sa lakas o kahinaan ng panganib sa ESG ng isang proyekto ayon sa kung mayroon silang: (i) mga patakaran at pamantayan para gumawa ng mga inaasahan sa pag-uugali para sa pamamahala at pagpapagaan ng ESG; (ii) mga mekanismo ng pangangasiwa para tingnan ang pagsunod sa mga pamantayang ito; at (iii) mga estratehiya sa pagpapatupad para parusahan ang mga paglayo mula sa mga pamantayang ito. Ang antas ng panganib ay sinusuri ayon sa walong giyang pangkapaligiran, pitong giyang panglipunan, at labindalawang giyang pang-pamahalaan. (Tingnan ang Teknikal na Apendiks para sa karagdagang impormasyon sa mga ginamit na pamantayan sa pagsusuri).

Pigura 4.5: Porsyento ng mga portfolio ng pangkaunlarang pondo na humaharap sa panganib sa ESG sa Pilipinas kontra sa numero sa mundo, 2000-2021




*Mga Tala: Ang mga pigurang ito ay naghahambing sa kadalasang panganib sa ESG para sa mga bansang mababa ang kita at katamtaman ang kita sa buong mundo kung ihahambing sa Pilipinas. Pinanggalingan: Sinundan ang metodolohiya na halaw sa Parks et al. (2023) na inilapat sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Lagpas sa kalahati ng mga portfolio para sa pangkaunlarang pondo (sa halagang dolyar) sa mga bansang mababa at katamtaman ang kita ay maiuugnay sa isang panganib mula sa ESG (Parks et al., 2023). Mas maganda ang sitwasyon ng Pilipinas kung ihahambing sa kanyang mga kasabayan: wala pa sa 40 porsyento ng mga pangkaunlarang pondo galing sa Beijing ay nasa mga proyektong may dalang isang uri ng panganib sa ESG. Kung isasaalang-alang ang iba't ibang mga kategorya, ang proyekto ng portfolio ng Beijing sa Pilipinas ay hindi masyadong nakaharap sa panganib na panglipunan at pampamahalaan kung ihahambing sa mga

ibang bansa. Pero ang Pilipinas naman ay nakaranas ng mas maraming panganib sa kapaligiran mula sa mga proyektong pinondohan ng PRC, mas mataas ng kaunti kung ihahambing sa pigura mula sa iba pang mga bansa.

Maraming posibleng paliwanag para sa mga pagkakaibang ito. Sa kanilang pag-aaral, natuklasan ni Parks et al. (2023) na ang mga bansang may mataas na kita at ang mga nasa Latin America at Caribbean ay may mas mataas na antas ng panganib sa pamamahala kung ihahambing sa ibang mga nangutang. Bukod dito, nakita ng mga may-akda na ang pagsisikap ng PRC sa pagsasama ng mga giya sa ESG ay umunlad sa pagdaan ng panahon. Ito ay maaaring nagpababa sa panganib ng mga bagong proyekto kumpara sa mga naunang proyekto. Bagaman nakatalaga bilang "demokrasyang may tapyas" sa Democracy Index ng Economist Intelligence Unit, malamang na ang Pilipinas ay may mas matibay na mga institusyon ng pamahalaan para itaguyod ang mga kalayaang sibil, ipatupad ang mga batas, at tiyakin ang katarungan kaysa sa mga halo o rehimeng authoritarian (Mateo, 2024). Bukod pa rito, kung ang ilang uri ng mga proyekto ay mas kaunti ang posibilidad ng panganib sa ESG, maaaring may aspeto rin sa portfolio ng PRC sa Pilipinas na mas maayos ang posisyon para lagpasan ang presyon galing sa lipunan at pamamahala, pero hindi ang galing sa panganib sa galing kapaligiran.

Hanggang saan natin nakikita ang mga indikasyon ng pagkatuto ng Beijing sa kanilang mga proyekto at paggawa ng mga hakbang para mapagaan ang panganib sa ESG sa Pilipinas sa pagdaan ng panahon? Hindi mataas ang posibilidad nito. Sa maraming mga taon, isa o dalawang proyekto ang nanganganib na bababa sa isang uri ng panganib sa ESG. Ito ay

bahagyang inaasahan dahil ang Beijing ay nagpopondo lamang ng ilang malalaking proyekto bawat taon (karaniwang pisikal o digital na imprastraktura) at maraming maliliit na panglipunang proyekto. Mayroong isang dramatikong pagbubukod sa panganib ng Pilipinas noong 2018, nang siyam na proyekto ang natukoy na may ilang anyo ng panganib sa ESG (Pigura 4.6). Ang kapaligiran ang pinakamalaking kahinaan sa lahat ng aspeto. Ang mga panlipunang panganib ay hindi gaanong madalas kung ihahambing sa panganib sa kapaligiran, na kaunti lamang sa loob ng 20 taon. Ang mga panganib sa pamamahala ay hindi rin masyadong laganap sa panahon na sinuri.

Pigura 4.6: Mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas na may bagong natukoy na mga panganib sa ESG, 2000-2021.

| | At least 1 ESG risk | Environmental | Social | Governance | Sum of ESG components |
|---|---|---|---|---|---|
| 2001 | 1 | 1 | 0 | 0 | 1 |
| 2002 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2003 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2004 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2005 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2006 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2007 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2008 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2009 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2010 | 1 | 1 | 0 | 1 | 2 |
| 2011 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2012 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2013 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2014 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2015 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2016 | 2 | 2 | 0 | 0 | 2 |
| 2017 | 1 | 1 | 0 | 0 | 1 |

| | At least 1 ESG risk | Environmental | Social | Governance | Sum of ESG components |
|---|---|---|---|---|---|
| 2018 | 9 | 8 | 6 | 2 | 16 |
| 2019 | 1 | 1 | 1 | 0 | 2 |
| 2020 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| 2021 | 1 | 0 | 0 | 1 | 1 |

*Mga Tala: Ang metodolohiya ay hango kina Parks et al. (2023) at inilapat sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022) para sa lahat ng mga proyekto sa Pilipinas.*

Ang pagsusuri ng antas ng panganib sa iba't ibang sektor (Tablea 4.7) ay nagpakita na isa o higit pang mga isyu sa ESG ang lumitaw sa mga proyektong pinondohan ng PRC sa siyam na sektor. Ang mga panganib sa pamamahala (G) ay mas bihirang natukoy kung ihahambing sa mga panganib sa kapaligiran at panglipunan sa karamihan ng mga sektor. Ang ilang mga sektor ay nauugnay lamang sa isang anyo ng panganib sa ESG, habang ang iba ay may mas mataas na antas ng paglalantad sa iba't ibang uri. Ang sektor ng enerhiya ay tila isa sa mga pinakamalaking kahinaan ng Pilipinas, dahil ang mga proyektong pinondohan ng PRC sa sektor na ito ay may pinakamataas na insidente ng panganib sa ESG sa pangkalahatan. Bagaman lahat ng tatlong uri ng panganib ay lumitaw, ang mga panganib sa kapaligiran (E) ang pinakamaraming nauugnay sa mga proyektong ito. Ang sektor ng agrikultura, kagubatan, at pangingisda ay mayroon ding mataas na panganib sa ESG sa pangkalahatan.

Ang Chico River Pump Irrigation Project (CRPIP) ay isang halimbawa kung paano maaaring lumutang ang maraming hamon sa ESG sa isang proyektong hindi sapat ang pagtutok para maibsan ang panganib. Inanunsyo noong 2016, ang CRPIP ay nangangakong magbigay ng

irigasyon para sa mga lupang agrikultura, pero nakaharap ito sa matinding pagtutol (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang Cordillera People's Alliance (CPA) ay nag-alala na gagawing pribado ng proyekto ang mga mahahalagang serbisyo at makasasama rin ito sa kapaligiran (ibid). Sinabi nila na ang mga konsultasyon ay hindi sapat at ang proyekto ay makasisira lamang sa kanilang mga lupang ninuno (ibid). Subalit sa kabila ng mga alalahaning ito, nilagdaan ng China Eximbank at ng pamahalaan ng Pilipinas ang isang kasunduan noong 2018 para ipagpatuloy ang CRPIP (ibid).

Nabalam din ang pagtatayo ng proyekto ng CRPIP dahil sa mga patuloy na protesta at mga legal na hamon mula sa mga grupong tulad ng "No to Karayan Movement." Isang grupo ng mga mambabatas mula sa House of Representatives na kilala bilang Makabayan (Patriotic Coalition of the People) bloc ay nagsampa rin ng petisyon sa Korte Suprema noong 2019, na humihiling na itigil ang kasunduan sa utang sa China Eximbank. Umabot sa 82 porsyento ng pagkakompleto ang proyekto noong Disyembre 2021. Pero patuloy pa rin itong naging tampulan ng tensyon, na nagbibigay-diin sa patuloy na pakikibaka ng mga katutubong pamayanan para pangalagaan ang kanilang lupain at mga paraan ng pamumuhay.

Maliwanag ang mga panlipunang panganib (S) sa sektor ng telekomunikasyon, na nagpapakita ng mga pangangailangan mula sa mga lokal na pamayanan, isyu sa paggawa, o epekto sa mga mamimili. Ang pagbibigay ng pondo ng Beijing sa isang "Safe City Project" sa 18 lokal na yunit ng pamahalaan sa Pilipinas ay nagbibigay ng pananaw kung saan matatagpuan ang mga kahinaang

panglipunan. Umani ng pansin ang proyekto matapos ang isang MoU na pinirmahan noong 2016 sa pagitan ng China Eximbank at ng pamahalaan ng Pilipinas, na naglalayong pahusayin ang pampublikong kaligtasan at pagtugon sa krimen sa pamamagitan ng high-definition CCTV surveillance (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022). Ang proyekto ay nagpakita ng isang komplikadong tapiserya ng mga panglipunang panganib kasabay sa teknolohikal na mga ambisyon nito.[28]

Ang Safe City Project ay sumailalim din sa masusing pagpaplano at proseso ng pagsunod bago opisyal na pinahintulutan ng Investment Coordination Committee ng National Economic and Development Authority. Sa kabila ng pagsisikap na ito, ang proyekto ay nasangkot agad sa mga debate tungkol sa pambansang seguridad, privacy, at soberanya. Ang planadong pakikilahok ng Huawei Technologies bilang supplier ng mahahalagang kagamitan ay nagdala ng kontrobersya dahil sa pandaigdigang mga paratang kaugnay sa paniniktik sa internet. Sinubukan ng mga pinuno ng Kongreso sa Maynila na harangan ang pondo ng proyekto o gumamit ng iba pang mga paraan para tuluyan nang maiwasan ang proyekto. Bagaman ang hindi tiyak na pagtigil nito noong Mayo 2022 ay pampublikong iniuugnay sa kakulangan ng pondo, malamang na ang matinding paghadlang sa Safe City Project ay mayroon ding impluwensya sa politikal na desisyon ng pamahalaan na ipagpatuloy ito o hindi na.

Tablea 4.7: Mga panganib sa ESG mula sa panglipunang proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas ayon sa sektor, 2000-2021

| Commitment year | Sector | ESG risk |
|---|---|---|

| | | |
|---|---|---|
| 2001 | Agriculture, forestry, fishing | E |
| 2010 | Water supply and sanitation | E, G |
| 2016 | Energy | E |
| 2016 | Energy | E |
| 2017 | Industry, mining, construction | E |
| 2018 | Transport and storage | E |
| 2018 | Agriculture, forestry, fishing | E, S, G |
| 2018 | Energy | E, S, G |
| 2018 | Education | E |
| 2018 | Transport and storage | S |
| 2018 | Industry, mining, construction | E, S |
| 2018 | Other social infrastructure and services | E |
| 2018 | Communications | E, S |
| 2018 | Trade policies and regulations | E, S |
| 2019 | Communications | E, S |
| 2021 | Communications | G |

*Mga Tala: Ipinakikita ng talahanayan ang mga panganib sa ESG sa bawat taon at ang mga sektor sa Pilipinas. Hindi kasama ang mga taon kung saan walang panganib sa ESG mula sa sample sa mga taon na iyon. Pinanggalingan: Ang metodolohiya ay inangkat mula sa Parks et al. (2023) na ginamit sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022) para sa lahat ng mga proyekto sa Pilipinas.*

### 4.2.2 Pagkakalantad sa panganib ng pagganap sa mga proyektong pinondohan ng PRC

Hindi lahat ng mga tagapagpatupad ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC ay pantay ang lakas pagdating sa mabilis at responsableng pagpapatupad. Kaya't ang pagpili kung sino ang magpapatupad ng isang proyekto na pinondohan ng Beijing ay isang mahalagang desisyon na may malawak na implikasyon para sa mga lokal

na pamayanan. Sa bahaging ito, susuriin namin kung paano nagkakaiba ang tatlong aspeto ng panganib sa pagganap sa iba't ibang mga tagapagpatupad na Tsino: (i) bilis ng pagtupad mula sa simula ng proyekto hanggang sa katapusan; (ii) pamamahala ng panganib sa ESG sa mga proyekto; at (iii) reputasyon sa mga tiwaling kasanayan sa pinansyal. Bukod dito, aming susuriin kung ang mga kompanya na may mas mababang pagganap sa alinman sa mga sukatang ito ay mas malamang na hindi na muling makakuha ng negosyo mula sa Beijing.

May mga kompanyang Intsik na mas mabilis magpatupad kaysa sa iba (Tablea 4.8). Halimbawa, ang China International Water and Electrical Corporation (CWE) ay nakatapos ng mga proyekto nang mas maaga kaysa sa inaasahan (86.5 araw na mas maaga sa takdang oras). Sa kabilang dako, ang China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC) ay nakaranas ng malaking pagkabalam (1,972 araw). Ang mga pagkakaibang ito ay maaaring nagpapahiwatig ng iba't ibang antas ng kahusayan sa operasyon at kakayahan sa pamamahala ng proyekto sa mga kompanya. Maaari rin itong magpakita ng iba't ibang antas ng pagiging komplikado ng mga proyektong isinasagawa ng mga tagapagpatupad.

Labinlimang kompanya na pagmamay-ari ng estado ng Tsina na kabilang sa mga tagapagpatupad ng mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas ay binigyan ng parusa (direkta o di-direkta bilang sangay ng isang kompanyang binigyan ng parusa) ng Asian Development Bank o World Bank dahil sa mga kaduda-dudang mga gawain sa negosyo na may kaugnayan sa pamamahalang pinansyal o sa korapsyon. Bukod dito, 11 na kompanyang Intsik (10 ay pagmamay-ari ng estado at isa ay pribadong

sektor na may malalim na koneksyon sa Partido Komunista ng Tsina) ang napansin na may mataas na antas ng pagkakalantad sa isa o higit pang mga dimensyon ng panganib sa ESG sa kanilang mga proyekto sa Pilipinas.

## Tablea 4.8: Panganib sa pagganap at ang mga Intsik na tagapagpatupad ng mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas, 2000-2021

| Implementing agency | Implementing agency type | Average delay, number of days | ADB or WB sanctions/debarred (yes/no) | ESG problems identified by Parks et al. (2023) |
|---|---|---|---|---|
| People's Liberation Army of China | Chinese government agency | -6 | No | None |
| CCCC Highway Consultants Co., Ltd. | Chinese state-owned company | -75.5 | Yes | E,S |
| China CAMC Engineering Co., Ltd. (CAMCE) | Chinese state-owned company | | Yes | E,S,G |
| China Communications Construction Co., Ltd. (CCCC) | Chinese state-owned company | | Yes | None |
| China Energy Engineering Group Co., Ltd. (CEEC) | Chinese state-owned company | | Yes | E,S,G |
| China International Telecommunication Construction Corporation (CITCC) | Chinese state-owned company | -368 | No | G |
| China International Water and Electrical Corporation (CWE) | Chinese state-owned company | +86.5 | Yes | E,G |
| China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC) | Chinese state-owned company | -1972 | Yes | E |
| China National Energy Engineering & Construction Co., Ltd. | Chinese state-owned company | | Yes | None |

| Implementing agency | Implementing agency type | Average delay, number of days | ADB or WB sanctions/debarred (yes/no) | ESG problems identified by Parks et al. (2023) |
|---|---|---|---|---|
| (CECC) | | | | |
| China National Machinery and Equipment Group (CNMEG) | Chinese state-owned company | | Yes | None |
| China Railway 25th Bureau Group Co Ltd. | Chinese state-owned company | -7 | Yes | E,S |
| Huawei Technologies Co., Ltd. | Chinese private sector | -187.5 | No | E,S,G |
| ZTE Corporation | Chinese state-owned company | -7 | No | E,S |
| China Road & Bridge Corporation (CRBC) | Chinese state-owned company | | Yes | None |
| China State Construction Engineering Corporation (CSCEC) | Chinese state-owned company | -344 | Yes | None |
| Chinese Agricultural, Machinery and Engineering Corporation (CAMCE Corp.) | Chinese state-owned company | -84 | Yes | None |
| Nuctech Company Limited (Tongfang Vision Technology Co., Ltd.) | Chinese state-owned company | -196.5 | No | E,S |
| Panhua Group Co. Ltd. | Chinese state-owned company | -42 | No | None |
| Shanghai Electric Power Construction Co., Ltd. | Chinese state-owned company | | No | E |

*Mga Tala: Ang listahan ng mga nagpapatupad na ahensya ay limitado lamang doon sa naparusahan (direkta or hindi direkta sa pamamagitan ng kompanyang namamahala sa kanila) o sa ebidensya mula sa mas mataas na paglalantad sa panganib sa ESG ng kanilang mga proyekto. Ang karaniwang pagkabalam ay kinalkula sa bilang ng mga araw na naiba sa implementasyon ng proyekto o pagtatapos nito. Ang mga negatibong value (-) ay nagpapakita ng pagkabalam, samantalang ang mga positibong value (+) ay nagpapakita ng mga araw na nauna sa iskedyul. Pinanggalingan: Ang impormasyon sa mga parusa ay nakuha*

*mula sa listahan ng World Bank at Asian Development Bank ng mga kompanyang tinanggal, kasama na ang pananaliksik sa mga dokumento para matunton ang mga karagdagang kaso ng naparusahan na nanggaling sa mga balita na ibinigay ng mga institusyon na ito sa media at ibinalita rin ng mga ikatlong partido. Ang metodolohiya sa panganib sa ESG ay hinalaw mula kina Parks et al. (2023) at inilapat sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Ang anim sa mga kompanyang may pinakamataas na panganib sa mga proyektong pangkaunlaran sa Pilipinas sa nakaraang dalawang dekada ay nasa parehong listahan ng mga problemadong kompanya. Nasabit sila sa mga kaduda-dudang mga gawain sa pananalapi *at* mas mataas na paglalantad sa ESG. Kasama sa mga kompanyang ito ang China CAMC Engineering Co., Ltd. (CAMCE); China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC); CCCC Highway Consultants Company, Ltd.; China Energy Engineering Group, Ltd.; China International Water and Electrical Corporation (CWE); and China Railway 25th Bureau Group Company, Ltd. Sa pangkalahatan, ang anim na mga mapanganib na kompanyang ito ay kasama sa siyam na kilalang pangkaunlarang proyekto na may pondo galing sa PRC na nagkakahalaga ng US$870 milyon (Tablea 4.9). Kumakatawan ito sa 9.6 porsyento ng pangkaunlarang pondo ng PRC sa dolyar at 4.1 porsyento ng mga proyekto nito sa bansa.

Dahil sa malalaking halaga at mataas na panganib na dala ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC, maaari nating asahan na magkakaroon ng mga isyu sa mababang pagganap ng mga indibidwal na kompanya. Ang mas kritikal na tanong ay kung gaano kalaki ang bahagi ng portfolio ng pondong pangkaunlaran ng Beijing sa Pilipinas ang

nauugnay sa mga mapanganib na tagapagpatupad ayon sa dalawang sukatan ng pagganap (pagkakalantad sa panganib sa ESG sa kanilang mga proyekto at kaugnayan sa mga parusa mula sa World Bank o ADB)? Lumalabas na medyo mataas ang bilang nito.

Tinataya namin na US$4.5 bilyon ng mga pondong ipinangako ng Beijing para sa pangkaunlaran ng Pilipinas para sa 36 na proyekto ay umasa sa mga tagapagpatupad na Intsik. Subalit may bahid na sa kanilang kasaysayan bilang mga tagapagpatupad. Sangkot sa halos 55 porsyento ng pondo sa pangkaunlaran ng Beijing sa Pilipinas ang paggamit ng mga mapanganib na kompanya (halimbawa, ang mga may mas mataas na pagkakalantad sa panganib sa ESG, o may kinakaharap na direkta o di-direktang parusa). Mas matingkad naman ang larawan pagdating sa bilang ng mga proyekto, dahil 16.7 porsyento lamang ng kabuuan ng mga pangkaunlarang proyekto ng Beijing ang umasa sa mga nasabing kompanya.

Sa pagsusuri ng mga nagpopondo sa mga proyektong ito, lumalabas na may malaking pagkakalantad sa mga mapanganib na tagapagpatupad na Intsik. Sa mga nangungunang nagpopondo ng mga proyektong pangkaunlaran ng Pilipinas mula sa Tsina, ang Export-Import Bank of China (China Eximbank) ang nangunguna, na may 91 porsyento ng bilang ng mga proyekto nito at katumbas na bahagi ng pondo nito na nauugnay sa mapanganib na pagganap. Malapit na sumusunod ang China Development Bank (CDB), na may 67 porsyento ng bilang ng mga proyekto nito at nakabibiglang 95 porsyento ng pondo na konektado sa mga mapanganib na tagapagpatupad. Kapansin-pansin naman na ang State Grid Corporation of China (SGCC) ay may mas mababang pondo na nauugnay sa panganib, bagama't kaunti lamang ang mga proyekto nito.

Kapuna-puna na siyam sa mga mapanganib na kompanya ang patuloy na nakakuha ng negosyo mula sa Beijing sa kabila ng kanilang mga isyu. Binigyan pa sila ng pagkakataong ipatupad ang dalawa hanggang apat na proyekto. Ipinakikita nito na ang pagganap  ay hindi laging pangunahing konsiderasyon para sa PRC, na mas kumikiling sa ilang kompanya kaysa sa iba bilang mga pangunahing tagapagpatupad nito sa Pilipinas. Maaaring may iba pang konsiderasyon para sa PRC: halaga ng pondo, koneksyong politikal, husay sa paggawa, at iba pa.

Anim sa pinakamapanganib na kompanya na sangkot sa mga proyektong pangkaunlaran ng Pilipinas sa nakalipas na dalawang dekada ay nasa parehong listahan ng mga may problema. Sila ay nasabit sa mga kaduda-dudang gawain sa pananalapi at mas mataas na pagkakalantad sa panganib sa ESG. Kasama sa mga kompanyang ito ang China CAMC Engineering Co., Ltd. (CAMCE); China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC); CCCC Highway Consultants Company, Ltd.; China Energy Engineering Group, Ltd.; China International Water and Electrical Corporation (CWE); at China Railway 25th Bureau Group Company, Ltd. Sa kabuuan, ang anim na kompanyang ito na may mas mataas na panganib ay nasabit sa siyam na kilalang proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas na may halagang US$870 milyon (Tablea 4.9). Ito ay kumakatawan sa 9.6 porsyento ng pondo sa pangkaunlarang proyekto ng PRC at 4.1 porsyento ng mga proyekto nito sa bansa.

Tablea 4.9: Ang paggastos ng PRC para sa mga tagapagpatupad ng mga proyekto sa bilang ng proyekto at kabuuang dolyar, 2000-2021

| Implementing agency | Project count | Project value, billions USD |
|---|---|---|
| People's Liberation Army of China | 1 | - |
| CCCC Highway Consultants Co., Ltd. | 4 | 0.06 |
| China CAMC Engineering Co., Ltd. (CAMCE) | 1 | 0.07 |
| China Communications Construction Co., Ltd. (CCCC) | 1 | 0.34 |
| China Energy Engineering Group Co., Ltd. (CEEC) | 1 | 0.06 |
| China International Telecommunication Construction Corporation (CITCC) | 1 | 0.14 |
| China International Water and Electrical Corporation (CWE) | 1 | 0.16 |
| China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC) | 2 | 0.10 |
| China National Energy Engineering & Construction Co., Ltd. (CECC) | 1 | 0.01 |
| China National Machinery and Equipment Group (CNMEG) | 1 | 0.41 |
| China Railway 25th Bureau Group Co Ltd. | 3 | 0.14 |
| Huawei Technologies Co., Ltd. | 4 | 0.28 |
| ZTE Corporation | 3 | 0.14 |
| China Road & Bridge Corporation (CRBC) | 2 | 0.05 |
| China State Construction Engineering Corporation (CSCEC) | 2 | 0.01 |
| Chinese Agricultural, Machinery and Engineering Corporation (CAMCE Corp.) | 1 | 0.13 |
| Nuctech Company Limited (Tongfang Vision Technology Co., Ltd.) | 3 | 0.15 |
| Panhua Group Co. Ltd. | 1 | - |
| Shanghai Electric Power Construction Co., Ltd | 3 | 2.23 |

*Mga Tala: Ang impormasyon sa mga parusa ay galing sa listahan ng World Bank at Asian Development Bank ng mga kompanyang tinanggal, kasama na ang aming pananaliksik sa mga dokumento para matunton ang mga karagdagang kaso ng mga parusa na matatagpuan din sa mga balita galing sa mga nasabing institusyon at iniulat ng mga ikatlong partido. Ang metodolohiya para sa panganib sa ESG ay hinalaw kina*

*Parks et al. (2023) at inilapat sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

Tablea 4.10: Nangungunang mga nagpopondong Intsik ng mga pangkaunlarang proyekto sa Pilipinas, ang taya ng kanilang proyekto at halagang may kaugnayan sa panganib sa pagganap, 2000-2021

| Name of state-owned enterprise | Project count | Project value, billions USD | Share of project count associated with risk | Share of project value associated with risk |
|---|---|---|---|---|
| Bank of China (BOC) | 24 | 2.36 | 17% | 28% |
| Export-Import Bank of China (China Eximbank) | 11 | 5.57 | 91% | 91% |
| ICBC | 5 | 0.23 | | |
| China CITIC Bank Corporation Limited | 4 | 0.24 | | |
| China Development Bank (CDB) | 3 | 1.71 | 67% | 95% |
| China National Construction & Agricultural Machinery Import & Export Corporation (CAMC) | 2 | 0.15 | 100% | 100% |
| State Grid Corporation of China (SGCC) | 2 | 0.00* | | |
| China Construction Bank Corporation (CCB) | 1 | 0.01 | | |
| China National Energy Engineering & Construction Co., Ltd. (CECC) | 1 | 0.01 | 100% | 100% |
| China National Offshore Oil Corporation (CNOOC) | 1 | 0.00* | | |
| China South-South Cooperation Fund | 1 | 0.00* | | |
| Chinese Enterprises' Mutual Aid Group in Mindanao | 1 | 0.00* | | |
| SEPCO Electric Power Construction Corporation | 1 | 0.00* | | |

*Mga Tala: Ang mga asterisko ay kumakatawan sa halaga sa dolyar na masyadong maliit para ipakita. Ang State Grid Corporation of China ay may US$841,664; China National Offshore Oil Corporation ay may US$101,597; China South-South Cooperation Fund ay may US$1,070,000; Chinese Enterprises' Mutual Aid Group sa Mindanao ay may*

*US$46,682; at SEPCO Electric Power Construction Corporation ay may US$4,317. Pinanggalingan: Ang impormasyon mula sa mga parusa ay galing sa listahan ng World Bank at Asian Development Bank ng mga inalis na mga kompanya, kasama na sa impormasyong nakalap sa pananaliksik ng mga dokumento para matunton ang mga karagdagang kaso ng mga naparusahan na nakalista sa mga balita sa media na inilabas ng nasabing mga institusyon at mga ikatlong partido. Ang metodolohiya para sa panganib sa ESG ay hinalaw kina Parks et al. (2023) at inilapat sa AidData Global Chinese Development Finance Dataset, Bersyon 3.0 (Custer et al., 2023; Dreher et al., 2022).*

## 4.3. Paano maaaring hubugin ng pinansyal na suporta mula sa PRC ang mga pananaw at makatulong sa mga kinalabasan ng kaunlaran sa Pilipinas?

Ang Beijing ay isang mahalagang tagapagbigay ng pondo para sa kaunlaran sa Pilipinas. Pinopondohan nito ang mga ambisyosong proyektong pang-imprastraktura na maaaring magpalakas ng lokal na ekonomiya, mga kapaligiran, mga pamantayan sa pamamahala, at mga ritmo ng lipunan—sa mabuti man o sa masama. Bukod pa rito, ang kabuuan ng mga hakbang na ito ay maaaring maghubog ng opinyon ng publiko at ng mga elitista tungkol sa PRC bilang isang pandaigdigang kapangyarihan at katuwang sa kaunlaran. Sa bahaging ito, tatalakayin namin kung paano ang pangkalahatang portfolio ng mga pamumuhunan ng PRC ay tila humuhubog sa mga pananaw ng mga Pilipino (bahaging 4.3.1) at ang direksyon ng kaunlaran ng bansa (bahaging 4.3.2).


### 4.3.1 Pagkamit ng tiwala at kalooban? Mga pananaw at pinansyal na suporta


Maraming dahilan kung bakit gumagastos ang PRC ng malaking halaga para suportahan ang mga proyektong pangkaunlaran ng ibang bansa. Isa sa mga layunin ng Beijing, na karaniwan din sa maraming dayuhang may kapangyarihan, ay ang paggamit ng pinansyal na suporta sa kaunlaran bilang tanda ng kagandahang-loob at pagkakaisa para magkaroon ng mga kaibigan at kakampi. Sa labang ito para sa puso at kalooban ng mga tao, gusto ng PRC na pataasin ang mga positibong pananaw sa Tsina, parehong sa ganap na mga termino at kung ihahambing sa ibang kapangyarihan (Mathew at Custer, 2023). Sa mga demokratikong bansang may eleksyon tulad ng Pilipinas (Freedom House, 2024), kung saan ang kagustuhan ng publiko para sa mga kandidato ay direktang nakakaimpluwensya sa patakaran ng gobyerno, hindi lamang mahalaga ang opinyon ng mga pinuno, kundi pati na rin ang opinyon ng mga karaniwang mamamayan.

Subalit kapansin-pansin, tila hindi nakabibili ang salapi ng malaking pagmamahal para sa Beijing mula sa publiko ng mga Pilipino. Kahit na lumawak ang bilang ng mga proyekto at pinansyal na suporta ng PRC, ang pagtanggap ng mga Pilipino sa pamumuno ng PRC ay bumaba nang humigit-kumulang 20 porsyento mula 2006 hanggang 2023 (Pigura 4.11), ayon sa Gallup World Poll, isang taunang surbey sa mga mamamayan. Ang lumalalang suporta ng mga Pilipino sa pamumuno ng PRC ay hindi umabot sa kanilang sariling pamahalaan, na nakaranas ng pagtaas ng pagtanggap at tiwala pagkatapos ng 2010, sa pagluklok ni Pangulong Aquino.[28] Ang pagtanggap at tiwala sa pamahalaan ay nanatiling matatag sa humigit-kumulang 70 porsyento, o mas mataas sa buong kasunod na mga administrasyon nina Duterte at Marcos Jr.

Mas may tiwala ang mga Pilipino sa Japan, isa sa mga rehiyonal na karibal ng PRC. Ang pagtanggap ng mga Pilipino sa pamumuno ng Japan ay halos nasa 50 porsyento sa loob ng maraming taon, pero nagsimula itong tumaas noong huling mga buwan ng 2018. Tulad ng tinalakay sa Kabanata 2, isa sa mga maaaring dahilan ay ang matagal nang posisyon ng Japan bilang isa sa pinakamalaking katuwang sa kaunlaran ng Pilipinas sa nakalipas na dalawang dekada, pati na rin ang malapit na ugnayang pangkalinangan. Sa mga sumunod na taon, ang pag-uulat ng media ng Pilipinas tungkol sa plano ng Tokyo na pondohan ang Manila underground railway ay maaaring nagkaroon din ng mahalagang papel dito. Ang pagtanggap ay muling tumaas noong 2021 at 2024, nang ipahayag ang pangalawa at pangatlong tranche ng mga pautang ng Japan para sa riles ng tren (Simeon, 2021; Rivas, 2024). Ang mga pananaw tungkol sa Estados Unidos ay mas magulo. Bumaba ito mula sa mataas na 70 porsyento na pagtanggap patungo sa 60 porsyento, o mas mababa, sa panahon ng pamumuno ni Duterte, bago muling tumaas noong 2021. Ang paunang paglapit ni Duterte sa Tsina ay maaaring nag-ambag sa pagbaba ng pagtanggap na ito.

Pigura 4.11: Pananaw ng mga Pilipino sa pamumuno ng Tsina, Estados Unidos, Japan at ng kanilang sariling pamahalaan, 2006-2023




*Mga Tala: Ipinakikita ng mga numero sa ilalim ang porsyento ng mga Pilipinoing nagsasabing natutuwa sila sa trabaho ng mga pinuno ng isang nasabing banyagang kapangyarihan, at maging sa kanilang sariling pamahalaan (maaaring mamili ang mga sumagot sa sang-ayon, hindi sang-ayon, o hindi nila alam kung ano ang kanilang pakiramdam). Ang pangalawang tanong ay umusisa sa mga Pilipino na may tiwala sila sa sariling pamahalaan, at ito ay makikita sa mga numero sa itaas. Pinanggalingan: Gallup World Poll (2006-2023). Ang lahat ng mga numero ay gumagamit ng mga bigat*

*galing sa Gallup para magkaroon ng sample na kumakatawan.*

Para masusing suriin ang mga direksyong ito, bumuo kami ng isang istatistikal na modelo para makita kung paano maaaring maimpluwensiyahan ng pagkakalantad sa pangkaunlarang kapital ng PRC o FDI (Foreign Direct Investment) ang opinyon ng mga Pilipino tungkol sa pamumunong pampolitika ng Beijing. Isinasaalang-alang namin ang tatlong bagay: (i) ang antas ng pangkaunlarang kapital ng sa dolyar (kabilang ang tulong at mga instrumento ng pautang); (ii) ang bilang ng mga proyektong pangkaunlaran na pinondohan ng PRC; at (iii) ang antas ng papasok FDI mula sa Tsina patungo sa Pilipinas. Sinuri namin ang dalawang kinalabasan: (i) ang pagtanggap ng mga Pilipino sa pamumuno ng PRC; at (ii) ang pagtanggap ng mga Pilipino sa kanilang sariling pamahalaan.

Sinusuri ng modelo sa istatistika kung ang aming dalawang dimensyon ng opinyong publiko ng mga Pilipino ay gumagalaw kaugnay ng tatlong sukatang pinansyal (pangkaunlarang kapital sa dolyar ng PRC, mga proyekto at FDI galing Tsina) sa pambansa at pangrehiyong antas.[28] Isinasaalang-alang ng modelo ang mga indibidwal na katangian tulad ng edad, kasarian, edukasyon, katayuan sa trabaho, lokasyon (rural o urban), at kita ng sambahayan, gayundin ang mga epekto ng oras at heograpiya gamit ang mga epektong nakatutok sa taon at rehiyon. Ang prosesong ito ay tumutukoy kung mayroong isang relasyong umiiral, pero hindi nito tiyak na sinasabi kung bakit ganoon ang kaso. Hinihikayat namin ang karagdagang pagsusuri gamit ang mas komplikadong mga modelo para mapino ang proseso at ang mga natuklasan namin.

Salungat sa inaasahan ng Beijing, habang tumataas ang pagkakalantad sa pangkaunlarang kapital ng Tsina (sa alinman sa dolyar o bilang ng mga proyekto), mas nagiging malamang na hindi aprubahan ng mga Pilipino ang pamumuno ng PRC. Ang parehong dinamika ay umiiral din para sa pagkakalantad sa papasok na FDI galing Tsina. Ang pagbaba ng suporta sa Beijing ay hindi umaabot sa kung paano tinitingnan ng mga Pilipino ang kanilang sariling pamahalaan. Kapansin-pansin na habang tumataas ang mga pinansyal na tulong galing sa PRC, tumataas din ang posibilidad na aprubahan at magkaroon ng tiwala ang mga Pilipino sa pamahalaan ng Pilipinas.

Bakit ito nangyayari? Sa paglayo mula sa statistikal na modelo at paglalagay ng karagdagang konteksto, narito ang tatlong posibleng paliwanag. Una, maaaring habang pinahahalagahan ng mga Pilipino ang pangkaunlarang kapital mula sa PRC at ang FDI nito, hindi pa rin nila ganap na tanggap ang namumuno sa mga desisyon sa Beijing. Ang ekonomiyang pakikipag-ugnayan ay isa lamang aspeto ng pagkakalantad ng mga Pilipino sa Tsina. Ang mga tensyon dahil sa pagkamkam ng Beijing ng teritoryo sa South China Sea (West Philippine Sea), na makikita sa media at politika ng Pilipinas, ay malamang na nagpapasama sa pambansang damdamin tungkol sa pamumuno ng PRC. Pangalawa, posible na ang mga pananaw ng mga Pilipino tungkol sa Tsina ay naiimpluwensyahan ng negatibong balita ng mga problemadong proyekto ng PRC na nasangkot sa mga iskandalo ng korapsyon, mga pagkabalam o sobrang gastos, at mga pinsalang panlipunan o pangkapaligiran. Sa wakas, posible na ang mga Pilipino ay ipinagpapalagay na ang mga benepisyo mula sa mga proyektong pinondohan ng PRC ay mula sa kanilang mga lokal na opisyal kaysa sa Beijing.

Kahit na mahalaga ang opinyon ng mga mamamayan, hindi maikakaila na mataas ang pagtingin ng mga elitistang politikal, sibika at pribadong sektor sa Beijing. Gumawa ng ilang surbey ang AidData sa nakaraang dekada para pulsuhan ang pananaw sa PRC a nagdaang panahon at sa 100 na mga bansa, kasama na ang Pilipinas. Samantalang ang datos mula sa mga Pilipinong elitista ay hindi sapat para sa gumawa ng malayang pagsusuri ng mga numero, ang malawakang surbey ay nag-alok ng mga mahahalagang pananaw sa paningin ng rehiyon sa Tsina bilang katuwang sa kaunlaran, at maaari natin itong itambal sa mga pananaw na sumusuri sa mga numero na galing sa mga sumagot na Pilipino.

Sa nagdaang tatlong dekada, may malaking pagbabago kung paano tinitingnan ang Tsina ng mga elitista mula sa mababa at katamtamang ekonomiya bilang isang katuwang sa kaunlaran. Mas malaki na ang mga yapak ng Tsina ngayon kung ihahambing sa nakaraan. Kasabay ng pagtaas ng pangkaunlarang pondo ng PRC sa Pilipinas at sa buong mundo, mayroong 7 porsyento na itinaas (mula 8 hanggang 15 porsyento) sa mga elitistang nagsabing nakatanggap sila ng payo o tulong mula sa Beijing sa pagitan ng 2017-2020.[28] Ang pinalawak na sakop ng PRC ay maaaring itinulak ng pagyabong ng ekonomiya ng Silangang Asya at ng Pasipiko (Custer et al., 2021).

Halos 85 porsyento ng mga pinuno sa Asya-Pasipiko na kasama sa surbey (Pigura 4.12) ay nagsabing ang Beijing ay mahalaga sa paghubog ng kanilang mga prayoridad sa pambansang polisiya hanggang 2020 (Custer,

[28] Ang mga sumagot at nagsabing nakatanggap sila ng tulong o payo mula sa PRC ay tumingin sa pagtulong ng Beijing sa tatlong dimensyon: ang impluwensya nito sa mga polisiya sa kanilang bansa; ang antas ng impluwensya, kung positibo o negatibo; at ang tulong nito sa pagdisenyo at pagpapatupad ng mga reporma sa polisiya.

et. al., 2021). Ang PRC ang pangatlo sa pinaka-impluwensyal na bilateral, sa likod ng Estados Unidos at Japan (Ibid.). Mahalaga ito, dahil mas mahina ang dating ng Beijing sa mga naunang surbey noong 2014 at 2017 (Ibid). May mga aligamgam ang mga sumagot sa Asya-Pasipiko tungkol sa papalakas na impluwensya ng Beijing: 30 porsyento lamang ang natutuwa dito para sa kanilang mga bansa (Ibid.) Hindi naman masyadong natuwa ang mga pinuno ng rehiyon sa pagtulong ng PRC sa pagdisenyo at pagpapapatupad ng mga reporma sa polisiya: 45 porysento lamang ang nagsabi na nakatulong ang Beijing sa bagay na ito (ibid).

Ang pakiramdam ng mga sumagot sa Pilipinas ay kahalintulad ng sagot ng kanilang mga kasama sa asya-Pasipiko. Tumingin sila sa Beijing bilang isang malakas na katuwang sa kaunlaran pero may aligamgam din sila kung ito ba ay makakabuti o hindi para sa kanila (ibid.) Pero mas mabuti ang tingin nila sa tulong ng Beijing sa pagdisenyo at pagpapatupad ng reporma kung ihahambing sa kanilang mga kasama sa rehiyon (ibid.)

Pigura 4.12: Pananaw sa PRC bilang katuwang sa kaunlaran ng mga pinuno sa Pilipinas at sa Asya-Pasipiko, 2020




*Mga Tala: Ipinakikita ng biswal na ito ang porsyento ng pinunong pampubliko, pribado at panglipunang sibil sa rehiyon ng Silangang Asya at Pasipiko, East Asia and Pacific (EAP), na kasama sa surbey ng 2020 at: (i) kumilala sa PRC bilang medyo o may malakas na impluwensya sa paghubog ng mga polisiya sa kanilang bansa (impluwensya); (ii) nagsabing*

*ang impluwensya ng PRC ay medyo o masyadong positibo para sa kanilang bansa (positivity); at (iii) nagsabing ang PRC ay medyo o masyadong matulungin sa pagdisenyo at pagpapatupad ng reporma sa polisiya (helpful) mula 2016 hanggang 2020. Ang pinuno ay maaari lamang magtasa sa pagganap ng PRC kung sila ay nakatanggap ng tulong o payo sa nakaraang limang mga taon. Ang mga bansa sa EAP sa sample ay ang Cambodia, Timor-Leste, Malaysia, Indonesia, Mongolia, Philippines, Myanmar, Thailand, Laos, Fiji, Vanuatu, Papua New Guinea, at Tonga. Pinanggalingan: Listening to Leaders Survey, Wave 3. Custer et al., (2021).*

### 4.3.2 Pampublikong kabutihan o pampublikong kapinsalaan? Mga kinalabasan ng pinansyal na suporta mula sa PRC

Walang duda na ang Beijing ay naglaan ng malaking pondo para isulong ang kaunlaran ng Pilipinas sa nakalipas na dalawang dekada. Ang hindi gaanong malinaw ay kung paano at kung ang mga pamumuhunang ito ay magpapabuti o magpapalala ng buhay ng karaniwang Pilipino. Dahil sa iba't ibang uri ng mga proyektong pinondohan ng PRC sa Pilipinas, mahirap sabihin nang may katiyakan na ang mga pamumuhunang ito ay nagdala ng mga partikular na epekto. Sa halip, sa bahaging ito, susuriin at ibubuod namin ang mga posibleng relasyon sa pagitan ng kabuuang mga pamumuhunan ng PRC (at sa mga kritikal na industriya at imprastraktura) at isang hanay ng mga pang-ekonomiya, pangkalikasan, panlipunan, at pamamahala na mahalaga sa pag-unlad ng Pilipinas.

#### 4.3.2.1 Ang pagpopondo ng PRC at kinalabasan para sa ekonomiya ng Pilipinas

May nakikita kaming ilang ebidensya na sumusuporta sa ideya na ang pangkaunlarang kapital ng PRC (parehong halaga ng pera at bilang ng mga proyekto) at ang FDI ng Tsina ay may maaaring positibong kinalabasan para sa ekonomiya ng Pilipinas. Gumawa kami ng isang

istatistikal na modelo para suriin kung paano at kung ang pinansyal na suporta mula sa PRC ay nauugnay sa tatlong kinalabasang pang-ekonomiya: produktibidad ng bansa mula sa mga produktong ginawa at serbisyo sa bansa (gross domestic product, o GDP), paglago ng ekonomiya sa buong lipunan (GDP per capita), at kita mula sa mga mamamayan ng Pilipinas at mga negosyo sa loob o labas ng bansa (gross national income, o GNI). Sa tatlong sukatang ito, natuklasan namin ang pagtaas sa pinansyal na suporta mula sa PRC ay may makabuluhan at positibong kaugnayan sa GDP, GDP per capita, at GNI (Tablea 4.13).

Magkahalo ang kinalabasan ng mga resulta kung paano nararamdaman ng mga indibidwal na Pilipino ang kanilang sariling mga mithiing pang-ekonomiya. Gamit ang mga sagot mula sa mga tanong sa surbey ng Gallup World Poll, sinuri namin kung paano at kung ang pangkaunlarang pondo mula sa PRC at FDI mula sa Tsina ay nauugnay sa pananaw ng mga Pilipino tungkol sa kanilang pagkain at tirahan, trabaho, at kompiyansa sa lokal na ekonomiya. Habang dumarami ang pangkaunlarang kapital mula sa PRC at papasok ma FDI, mas nagiging malamang sabihin ng mga sumasagot na nahihirapan silang tustusan ang pagkain at tirahan. Sa kabilang banda, mas naging optimistiko rin ang mga sumasagot tungkol sa kanilang trabaho at kompiyansa sa lokal na ekonomiya, bagaman ang mga ito ay hindi istatistikal na makabuluhan.[29] Ipinahihiwatig nito na ang mga pamumuhunan mula sa Tsina ay maaaring tumulong sa pangkalahatang pagyabong ng ekonomiya, pero ang mga benepisyo ay hindi pa nakabababa sa maraming mga Pilipino.

Tablea 4.13: Pangkaunlarang pondo mula sa PRC, FDI mula sa Tsina, at ang kinalabasan sa lokal na ekonomiya, 2014-2023

| | Observed economic aggregates | Perceived economic experiences of Filipinos |
|---|---|---|

| | Gross Domestic Product (GDP) | GDP per capita | Gross National Income (GNI) | Affordable food and shelter | Confidence in the local economy | Local job climate |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PRC development finance (dollars) | + | + | + | - | + | + |
| PRC development finance (project count) | + | + | + | - | + | + |
| inbound Chinese FDI | + | + | + | - | + | + |

*Mga Tala: Ang mga resulta ay galing sa mga modelo na kabilang ang tatlong uri ng pinansyal na tipo at inputs (malayang variables), demographic control variables, at mga epekto sa panahon at rehiyon. Ang +/- na mga signos ay naglalarawan ng direksyon ng relasyon. Ang mga cells na luntian ay naglalarawan ng kaugnayan sa pagitan ng pondo mula sa PRC at ang economic indicator na mahalaga ang interes sa antas na kombensyonal ($p < 0.001$ or $p < 0.01$). 2014-2023. Tingnan ang Technical Appendix para sa mas maraming detalye. Pinanggalingan:  Philippine Statistical Authority (2024b) para sa GDP and GNI, kung saan ang GDP per capita ay tumuturing sa datos ng populasyon mula sa World Bank (2024). Gallup World Poll Data: Food at Shelter Index (sinusuri ang kakayahan ng mga taong magkaroon ng pinakasimpleng pangangailangan ng pagkain at tirahan. Ang mas mababang numero sa index ay nagpapahiwatig na mas marami sa mga sumagot ang nahihirapan maghanap ng pagkain at matitirahan sa nakaraang taon, samantalang ang mas mataas na mga numero ay nagpapakita na mas kakaunti ang mga taong nahihirapan; Local Economic Confidence Index (nakabase sa pinaghalong mga sagot sa dalawang mga tanong tungkol sa mabuting kalagayan ng ekonomiya ng kanilang lungsod ngayon at tingnan din nila kung ang kondisyong pang-ekonomiko na ito sa kabuuan ay nagiging mas mabuti o lumalala); Job Climate Index (sinusukat ang mga pananaw ng tao sa ginagawa ng*

*pamayanan para palakasin ang ekonomiya. Ang mas mataas na kategorya ay nangangahulugan ng mas positibong pananaw).*

#### 4.3.2.2 Pagpopondo ng PRC sa Pagpapaunlad at mga Kinalabasang Pangkapaligiran sa Pilipinas

Sa isang surbey ng mga pinuno mula sa 100 bansa, may malawak na pagkakasundo na ang mga proyektong pinondohan ng PRC ay may potensyal para payabungin ang ekonomiya sa pamamagitan ng turismo at kalakalan, pero ito ay maaari ring magdala ng pinsala sa kapaligiran (Custer et al., 2024). Sa Pilipinas, may mga alalahanin din tungkol sa mga epekto sa kapaligiran ng malaking mga proyektong pang-imprastraktura (Mendoza et al., 2018). Tiningnan natin kung paano maaaring nauugnay ang pangkaunlarang pondo at papasok na FDI mula Tsina sa dalawang aspeto ng kapaligiran sa Pilipinas: ang CO2 emissions at mga pananaw tungkol sa kalinisan ng hangin mula sa Gallup World Poll.

Ayon sa mga nakaraang pananaliksik, may makabuluhang relasyon sa pagitan ng FDI ng Tsina at pagtaas ng naobserbahang CO2 emissions sa Pilipinas (De Robles et al., 2021). Ang mga pananaw ng mga Pilipino tungkol sa kalinisan ng hangin ay hindi sumusunod sa obserbasyon na ito. Sa katunayan, ang pagtaas ng pangkaunlarang pondo ng PRC at papasok na FDI mula sa Tsina ay positibo at makabuluhang nauugnay sa pananaw ng mga Pilipino tungkol sa kalinisan ng hangin.

Isa sa mga hamon sa pag-unawa sa ugnayan sa pagitan ng pagpopondo ng PRC at mga kinalabasang proyekto ay ang dami ng iba pang mga komplikadong salik. Isang halimbawa nito ay ang urbanisasyon. Ayon sa isang pag-aaral ni Mendoza et al. (2018), ito ay nakasisira ng  kalidad ng

hangin. Ang National Capital Region (NCR), na mataas ang antas ng urbanisasyon, ay nagpakita ng mas mababang kalidad ng hangin kung ihahambing sa mas hindi urbanisadong mga lugar. Hindi katakataka, ipinakikita rin ng aming pagsusuri ang isang negatibong ugnayan sa pagitan ng pamumuhay sa lungsod at mga pananaw tungkol sa kalidad ng hangin. Maaaring ito ay sumasalamin sa mga negatibong epekto sa kapaligiran ng pagtaas ng mga kaganapan ng industriya at konsentrasyon ng mga tao sa mga lungsod.

Ano ang maaari nating makita mula sa dinamiko ng lumalalang antas ng CO2 pero positibong pananaw tungkol sa kalidad ng hangin? Habang ang PRC ay nagpapakita ng interes sa pamumuhunan sa lungsod (para buksan ang mga pamilihan sa mga produktong Intsik), maaaring may iba pang aspeto ng urbanisasyon o ng regulasyon ng kapaligiran na nakakaapekto sa lumalalang kalidad ng hangin, kaya't hindi maaaring direktang sisihin ang pagpondo ng PRC para dito. Bagaman ang mga antas ng CO2 ay nakakaapekto sa klima (halimbawa, pagtaas ng antas ng dagat at pagtaas ng temperatura), maaaring ang ganitong mga pagbabago ay malayo sa kamalayan ng karaniwang Pilipino. Isa pang posibleng paliwanag ay, bukod sa ilang tagapagpatupad na may mahinang proseso sa ESG para mabawasan ang mga panganib, ang ibang mga kompanyang Intsik ay maaaring sumusunod sa mas mahusay na mga pamantayang pangkapaligiran o nakatutok sa mas hindi nakakapinsalang mga industriya.

### 4.3.2.3 Pagpopondo ng PRC sa Pagpapaunlad at mga Kinalabasang Panlipunan at Pamamahala

Ang pagpopondo ng PRC sa Pilipinas—mula sa pagbibigay tulong pinansyal ng Beijing sa mga malalaking proyekto ng imprastraktura hanggang sa suporta ng FDI ng Tsina sa mga sektor ng gaming—ay maaaring magdala ng mga panganib sa lipunan at pamamahala, kahit na may posibilidad na kikita rin ang ekonomiya.[23] Gumawa kami ng isang model na istatistikal para makita kung hanggang saan ang mga kinalabasang panglipunan at pamamahala sa Pilipinas ay nauugnay sa dami ng pangkaunlarang pondo ng PRC (pinansyal sa dolyar at mga proyekto) at papasok na FDI mula sa Tsina (Tablea 4.14).

Para sa pagsusuring ito, gumamit kami ng tatlong tagapagpahiwatig ng panlipunang pag-unlad na nauugnay sa pagkakaroon ng pantay na kalusugan, pag-unlad ng kabataan, at pakikilahok sa mga gawaing sibiko. Isinasaalang-alang din namin ang tatlong sukat ng pampolitika o teknokratikong pamamahala: liberal na demokrasya, pagmobilisa ng mga maraming tao, at pampolitikang korapsyon. Dalawa ang pinagkunan ng mga tagapagpahiwatig na ito: mga pananaw ng mga mamamayan na iniulat sa Gallup World Poll at ang Varieties of Democracy (V-Dem) global research database na gumagamit ng mga ekspertong pagtatasa. Mas maganda ang ugnayan ng mga pondo para sa panlipunang pag-unlad kaysa sa mga kinalabasang pamamahala. Ang mga kinalabasan (outcomes) ng Beijing ay mas negatibo sa mga pagtatasa ng eksperto sa V-Dem at mas positibo kapag ginamit ang mga sukat ng surbey ng mga nasa Gallup.

Parehong positibo ang pananaw ng mga Pilipino sa pangkaunlarang pagpondo ng PRC at sa papasok na mga FDI ng Tsina. May kabuluhan ito sa pagtingin ng mga Pilipino tungkol sa pag-unlad ng kabataan at pakikilahok sa mga kaganapang sibiko. Sa isang banda, ang magandang impresyon na ito ay maaaring sumasalamin sa katotohanan na ang Beijing

ay namuhunan sa malaking bilang ng maliliit na proyekto sa edukasyon at lipunang sibiko, kung saan ang direktang nakatatanggap ng benepisyo ay ang mga bata at kabataan. Ang mga indibidwal na kompanyang Intsik ay nagbigay din ng donasyon ng mga libro at kagamitan para sa mga kabataan. Gayunpaman, ang ibang mga tagapagpahiwatig na panlipunan ay hindi gaanong maganda, dahil ang pagkakalantad sa mga proyekto ng PRC ay nauugnay sa mas masamang access sa kalusugan. Sa paghahambing, talagang madilim ang pananaw para sa mga tagapagpahiwatig ng pamamahala. Ang pagpopondo ng PRC, parehong sa pangkaunlarang pondo at sa mga papasok na FDI sa Tsina, ay negatibong nauugnay sa pampolitikang korapsyon. Bukod pa rito, ang pagtaas ng antas ng dolyar ng pangkaunlarang pondo ng PRC at mga proyekto nito ay negatibong nauugnay sa dalawang aspeto ng pampolitikang demokrasya: liberal na demokrasya at mobilisasyon ng nakararaming masa, bagaman ito ay hindi istatistikal na makabuluhan.

Tablea 4.14: Pangkaunlarang pinansya ng PRC, FDI ng mga Intsik at kinalabasan sa lokal na lipunan at pamahalaan, 2000-2023

| | Expert-assessed measures | | | | Citizen perception measures | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Liberal democracy | Mass mobilization | Health equality | Political corruption | Civic engagement | Youth development | Perceptions of corruption |
| PRC development finance (dollars) | - | - | - | - | + | + | - |
| PRC development finance (project count) | - | - | - | - | + | + | - |
| inbound Chinese FDI | N/A | N/A | N/A | N/A | + | + | - |

*Mga Tala: Ang mga resultang ito ay galing sa mga modelo na kasama ang tatlong uri ng pagpopondo ng PRC bilang input (malayang baryabol), demographic control baryabol, at fixed effects sa panahon at rehiyon.+- signos ay naglalarawan ng direksyon ng relasyon. Ang mga cells na luntian ay naglalarawan ng ugnayan sa pagitan ng mga uri ng pagpopondo ng PRC at ang panglipunan o pamahalaan na nagpapahiwatig ng interes ay mas mataas sa antas na kombensyonal ($p < 0.001$ or $p < 0.01$). Dahil mayroon tayong datos, saklaw ng mga modelo ang Liberal Democracy, Mass Mobilization, Health Equality, at Political Corruption para sa mga taong 2000-2023, samantalang saklaw ng mga modelong Civic Engagement, Youth Development, at Perceptions of Corruption ang mga taong 2014-2023. Ang mga modelong may markang 'N/A' ay may maliit na mga sample na hindi sapat para gumawa ng isang maasahang hinuha. Tingnan ang Technical Appendix para sa mas maraming mga detalye. Pinanggalingan: Data for Liberal Democracy, Mass Mobilization, Health Equality, at Political Corruption galing sa Varieties of Democracy (Coppedge et al., 2024). Data for the Civic Engagement, Youth Development, and Perceptions of Corruption indicator ay galing Gallup World Poll.*

Gamit ang surbey ng Asian Barometer, maaari nating tanungin kung paano at hanggang saan ang pagkakalantad sa mga pangkaunlarang pondo ng at papasok na FDI ng Tsina ay maaaring makaapekto sa mga pananaw tungkol sa demokrasya. May dalawang karagdagang lente ang Asian Barometer na kailangang isaalang-alang: ang antas ng kasiyahan ng mga Pilipino sa kanilang demokrasya at kung nakikita nila ang kanilang bansa bilang isang "buong demokrasya." Sa nakalipas na dalawang dekada, unti-unting nabawasan ang kasiyahan ng mga Pilipino sa kanilang sariling demokrasya: 30 porsyento lamang ang nagsabing masaya sila sa kanilang

demokrasya noong 2021, pababa mula sa mahigit kalahati ng mga tinanong noong 2002 (Tablea 4.15). Mas nakakabahala pa, humigit-kumulang 10 porsyento lamang ng mga Pilipino ang patuloy na naniniwalang ang kanilang bansa ay isang buo pa, o halos buong demokrasya, sa panahong naturan (2002-2021).

Pigura 4.15: Ang pananaw ng mga Pilipino tungkol sa demokrasya, 2002-2021




*Mga Tala: Ang pigura na ito ay kumakatawan sa sagot ng mga Pilipino sa Asian Barometer Waves 1 (2002), 2 (2005), 3 (2010), 4 (2014), 5 (2018), and 6 (2021) sa dalawang makabuluhang mga tanong. Ang una ay nagtanong sa mga Pilipino na suriin ang kanilang "Pagkatuwa sa lagay ng demokrasya sa ating bansa." Ang linya ng trend sa pigura na "Satisfied w/ democracy" ay nagpapakita ng porsyento ng mga Pilipino na nagsabing sila ay 'very satisfied' o 'fairly satisfied' sa tanong. Ang pangalawang makabuluhang tanong ay: "Sa iyong opinyon, ano ang antas ng demokrasya sa Pilipinas?' Ang trend line sa pigura na "Democracy in the Philippines" ay nagpapakita ng porsyento ng mga Pilipino na sumagot ng 'full democracy'*

*o 'democracy but with minor problems' sa tanong, Ang mga datos ay tinimbang sa mga halaga na galing sa  Asian Barometer.*

Kapag isinama ang Asian Barometer sa aming  modelong istatistika, lumilitaw ang dalawang magkasalungat na direksyon. Una, ang mga sumagot na may mas mataas na paglalantad sa pangkaunlarang pondo ng PRC (sa dolyar) ay mas malamang na nasisiyahan sa pagtakbo ng demokrasya sa Pilipinas, pero mas hindi malamang na isaalang-alang ang Pilipinas bilang isang ganap na demokrasya. Sa kabaligtaran, ang mga Pilipino na sumagot na may paglalantad sa mas maraming proyekto (hindi sa dolyar) ay mas hindi malamang na masiyahan sa kanilang demokratikong pamahalaan, pero sa tingin nila ay ganap na may demokrasya ang Pilipinas. May malaking mga implikasyon ang mga relasyong ito.

Tulad ng tinalakay sa Kabanata 2, ang Beijing ay nagtatalaga ng karamihan ng kanilang pondo sa ilang malalaking inisyatiba sa imprastraktura, habang sumusuporta rin sila sa maraming proyekto na nakatuon sa maliliit na proyektong panglipunan at panglipunang sibil. Iba't iba ang halaga ng dalawang landas ng mga proyektong ito. Ang mga proyekto na may mataas na halaga (na mas maraming pangkaunlarang pondo sa PRC) ay nagpapahintulot sa mga inihalal na pinuno na ipakita kung paano maaaring maghatid ang demokrasya ng mga konkretong benepisyo sa mga mamamayan. Pero hindi naman ito tinitingnan ng mga Pilipino bilang nagpapalakas sa mga demokratikong institusyon sa kanilang bansa. Sa paghahambing, ang mas maliliit na proyekto ng PRC ay maaaring magmukhang hindi gaanong nagbabanta

sa mga demokratikong institusyon, pero hindi ito  gaanong nakikita na naghahatid ng mga konkretong benepisyong pangkaunlaran.

Ang paunang pagsusuring ito ay naglalatag ng batayan para maintindihan natin ang komplikadong relasyon sa pagitan ng pagpondo ng PRC (parehong pangkaunlarang kapital at papasok na FDI) at mga pang-ekonomiya, pangkapaligiran, pamahalaan, at panlipunang kinalabasan (outcomes) sa Pilipinas. May ilang katibayan na sumusuporta sa ideya na ang pagpondo ng PRC ay maaaring tumulong sa pagyabong ng ekonomiya, pati na rin magbigay ng ilang konkretong benepisyo para umunlad ang lipunan. Gayunpaman, halo-halo ang larawang nabuo sa kapaligiran at pamahalaan—na nakikita ng mga pamayanan ang ilang benepisyo mula sa pagpondo ng PRC, kasabay ng mga pag-aalala tungkol sa negatibong epekto. Kinakailangan ang karagdagang pananaliksik para mas luminaw pa ang maraming aspeto ng mga implikasyon, positibo o negatibo, ng pagpondo ng PRC para sa mga lokal na pamayanan sa Pilipinas.

## 5. Konklusyon

Sa ulat na ito, "Big Bet ng Beijing sa Pilipinas," layunin naming paghiwalayin ang mito mula sa katotohanan sa pamamagitan ng sistematikong pagsusuri ng pera, ugnayan, at mga kinalabasan mula sa dalawang dekada ng pamumuhunan ng Beijing sa Pilipinas. Sa bahaging ito ng konklusyon, ilalabas namin ang ilang mga resulta na aming nakita sa pananaliksik na ito.

### 5.1 Anong mga proyekto ang pinopondohan ng Tsina, saan, at kailan sa pamamagitan ng pangkaunlarang pondo na galing sa estado ng PRC at ng ng FDI nito mula sa pribadong sektor?

Ang pangkaunlarang pondo ng Beijing para sa Pilipinas ay lumaki sa loob ng dalawang dekada at lumobo ito sa US$9.1 bilyon (2000-2022). Gayunpaman, ang suporta nito ay mas maliit at lumaki lamang noong simula ng 2016, pero sa pangkalahatan ay hindi kasing mapagbigay kaysa sa maraming nagpopondo para sa kaunlaran. Mas kakaunti ang pondo mula sa PRC kung ihahambing sa mga multilateral na institusyon (halimbawa, Asian Development Bank at World Bank) at isang pangunahing bilateral donor (Japan). Bukod dito, mataas ang gastos ng pondo galing sa Beijing: 6 porsyento lamang ang ibinigay bilang tulong (ibig sabihin, bigay o wala o mababang interes na pautang), at ang natitira ay mataas na interes na pautang. Ang pagiging malapit sa isa’t isa ay hindi nagbunga ng mas magandang mga patakaran sa pananalapi. Sa rurok ng relasyon sa diplomasya ng dalawang bansa, para sa bawat US$1 ng tulong na ibinigay ng Beijing sa Pilipinas noong 2016, nagbigay ito ng US$167 na

pautang. Naging mas masama pa ang mga tuntunin noong 2019: US$1 ng tulong para sa bawat US$211 ng pautang.

Ang polisiya ng PRC na pondohan ang pag-unlad ng Pilipinas ay pabagu-bago at naapektuhan ng mga ugnayan nito sa Maynila. Masiglang pinondohan ng Beijing ang mga prayoridad ng mga administrasyon nina Arroyo at Duterte—tumaas ng 950 porsiyento ang pangkaunlarang pondo sa ilalim ni Arroyo at pinabilis ang mga bagong proyekto sa ilalim ni Duterte. Sa kabilang banda, ang malamig na ugnayan kay Aquino ay nagbunga ng lumalalang interes sa pakikipagtulungan sa mga bagong proyekto at mga nagdaang kasunduan. Maliban sa isang paunang pagtaas pagkatapos ng pandemya noong 2022, habang ang administrasyon ni Marcos Jr. ay nag-iiba ng mga ugnayan nito at lumalayo mula sa Beijing, malamang na ang mga susunod na pamumuhunan ng PRC ay magkakaroon ng mga dinamikong katulad ng nakikita noong panahon ni Aquino.

Ang Beijing ay gumagamit ng dalawang modelo sa Pilipinas. Ang mataas na panganib, mataas na gantimpala, at malaking puhunan sa imprastraktura ay kumukuha ng pinakamalaking bahagi ng pangkaunlarang pondo ng PRC at ng FDI mula sa pribadong sektor. Umaasa ang Beijing sa mga hindi pangkaraniwang malalaking proyekto, na karaniwang pinondohan ng utang sa mas kaunting mga tuntunin ng konsesyon, para magkaroon ng magandang imahen sa Pilipinas. Kasama sa mga proyektong ito ang iba't ibang uri ng imprastraktura: pang-ekonomiya, impormasyon, konektibidad, tubig, pagkain, at kuryente. Mas madalas ding nagbibigay ang PRC ng subsidiya sa mas maraming murang proyektong panglipunan para mapalago ang magandang ugnayan.

Kung ang mga badyet ay sumasalamin sa mga prayoridad, kung gayon ang Beijing ay pinaka-interesado sa paggamit ng kanyang pangkaunlarang pondo para buksan ang mga oportunidad sa pamilihan para sa mga Intsik na kompanya at pondohan ang mga kaganapan na mahalaga para sa politika ng isang rehiyon. Sa katunayan, ang National Capital Region ang nakatanggap ng pinakamaraming proyekto sa kabuuan, at ang Gitnang Luzon, ang rehiyon ng tahanan ni Pangulong Arroyo, ang nakatanggap ng pinakamalaking bahagi ng pondo. Nakatuon din ang PRC sa kahalagahan ng tiyempo: ang rehiyon ng Davao, na tahanan ni Pangulong Duterte, ay nakatanggap ng pangalawang pinakamataas na bilang ng mga proyekto sa pag-unlad, at 85 porsyento sa mga ito ay ibinigay matapos mahalal si Duterte noong 2016.

Ang sektor ng metal ay nagpapakita kung paanong ang pangkaunlarang pondo ng estado at ang FDI na galing sa pribadong sektor ng Beijing ay nag-uugnay para itaguyod ang parehong layunin. Mula 2010 hanggang 2023, ang mga bagong papasok na FDI sa Pilipinas mula  sa Tsina ay tumaas ng 514 porsyento (mula US$214 milyon hanggang US$1.3 bilyon), at umabot sa pinakamataas noong 2018 mula sa dalawang proyekto para palakasin ang produksyon ng bakal. Ang tiyempo, sektor, at heograpikong pokus ng mga daloy ng FDI ay nagpapakita ng kahalagahan ng tatlong estratehikong salik: kalapitan sa mga umiiral na proyekto ng pagpondo ng PRC, ang pagkakaroon ng magandang lokal na insentibo sa buwis, at ang pagnanais na ilagay ang sarili sa mga industriyang mataas ang halaga. Kapansin-pansin na nakatutok ang FDI ng Tsina sa sektor ng mga metal, kung saan kumakatawan ito sa 72 porsyento ng lahat ng papasok na FDI.

5.2 Ilan ang mga kalahok, sino sila, anong mga papel ang kanilang ginagampanan, at may ilan bang mas mahalaga kaysa sa iba?

Dahil sa nangingibabaw na personalidad ng Pangulo ng Tsina na si Xi Jinping, madaling ipalagay na ang PRC ay kumikilos bilang isang nag-iisa at nangungunang tauhan na may mahigpit na kontrol sa mga operasyon kahit may iba pang mga kalahok dito. Sa katunayan, nagpapakita ang aming pagsusuri na kabaligtaran ang nangyayari. Limampu't dalawang mga Intsik na namumuhunan, kadalasang mga pag-aari ng estado o mga komersyal na bangko, ang pangunahing responsable sa pag-mobilisa ng pondo. Gayunpaman, umaasa ang apparatus ng pagkaunlarang pagpopondo ng Beijing sa mas malawak na network ng 101 na bangko sa buong mundo bilang kasamang mamuhunan para mabawasan ang panganib, suriin ang mga manghihiram, tasahin ang kakayahan ng proyekto, at magbigay ng kapital para sa malalaking proyekto sa imprastraktura. Ang mga nangungunang mga kasamang namumuhunan—kabilang na ang mga kilalang bangko mula sa buong Europa, Hilagang Amerika, at Asya—ay tumulong sa lima o higit pang mga proyekto.

Bagaman 88 na mga tagapagpatupad ang sumuporta sa mga proyektong pinondohan ng PRC, binibigyang-diin ng Beijing ang 37 na mga kompanyang pag-aari ng estado ng Tsina. Ang mga tagapagpatupad na ito ay may iba't ibang reputasyon pagdating sa pagiging bukas, masinsing magtrabaho, at mga resulta. Ang mga tila saradong pinto na kondisyon ng tulong, limitadong kompetensya sa pag-bid, at mahinang sistema ng pag-uulat ay hindi nagtutulak sa mga tagapagpatupad para pabilisin ang pakikipagtulungan sa mga lokal na kasama. Sa katunayan, 43 porsyento ng

mga tagapagpatupad SOE ng Tsina sa Pilipinas ang direktang sinampahan ng kaso para sa mga katiwalian sa pananalapi ng World Bank at Asian Development Bank, o kaya naman ay naiugnay sa mga ganitong gawain dahil sangay sila ng mga kompanyang sinampahan ng kaso.

Sa kabuuan, natukoy namin ang 136 na mga grupong tumanggap ng mga pangkaunlarang pondo, at 96 porsyento sa mga ito ay Pilipino. Madalas na kasama ang mga lokal na pamahalaan sa mga ekonomiyang dinamiko at may malakas na koneksyon sa politika (halimbawa, National Capital Region, Davao, Ilocos, at Gitnang Luzon). Ang mga ahensya ng pamahalaang pambansa—mula sa mga kagawarang nagtatrabaho sa enerhiya o telekomunikasyon hanggang sa mga nagpapatupad ng batas, kabilang ang Coast Guard at Philippine National Police—ay nakasama sa mga proyektong ito. Ang mga kompanyang pag-aari ng estado at nasa mga pribadong sektor ng enerhiya at utilities (halimbawa, Manila Water Company at GNPower) at mga pagmimina (halimbawa, Atlas Consolidated Mining and Development) ay nakahatak din ng makabuluhang pondo para sa pangkaunlaran mula sa PRC.

Ang Beijing ay may magandang ugnayan sa mga tumatanggap ng pondo na may magandang relasyon sa Tsina o mga koneksyon sa diaspora ng Pilipinong Intsik. Dalawampu sa mga tumanggap ang nagtuturo ng wikang Intsik, tumutulong sa mga pamayanan ng diaspora ng mga Pilipinong Intsik, o nagpapayabong ng kalinangan ng Tsina. Karamihan sa mga tauhan na ito ay nakikibahagi sa maliliit na proyekto para mapaganda ang imahen ng Tsina. Ito ay sa mga sektor ng edukasyon, kabilang ang mga paaralan ng Intsik o institusyong pangkalinangan, mga dyaryo ng Intsik, at mga organisasyong hindi kumikita at nagbibigay ng tulong na medikal,

pagsagip sa mga biktima ng sunog, at iba pang mga pagtulong sa lipunan. Ang pagmamay-ari, buong-buo man o bahagi, ng mga tumanggap na grupo sa mga kilalang pamilya ng diaspora ng Pilipinong Intsik o mga organisadong grupo ay isa pang pagkakahawig ng dalawampung grupo na ito.

5.3 Sinusunod ba ng Beijing ang mga pangako nito? Paano nito pinamamahalaan ang panganib? Anong mga indikasyon ang mayroon tayo sa mga kinalabasan sa ibaba ng mga pamumuhunan nito?

May panganib ang kakayahan ng PRC na maghatid ng mabilis na mga proyekto at tumupad sa mga pangako nito mula sa komplikasyon ng proyekto, mga panganib sa pamamahala, at mga heopolitikal na sensitibidad. Bagaman mabilis na naihahatid ng Beijing ang mga proyekto sa Pilipinas—kadalasan ay hindi lumalampas ng isang taon mula sa pangako ng pondo hanggang sa pagtatapos ng mga proyekto—mayroong ilang mga rehiyon at sektor na may mas mahabang oras ng paghihintay kaysa sa iba. Mas mataas ang panganib ng mga malalaking proyekto sa imprastraktura at mas mahirap silang gawin. Sang-ayon sa lohika na ito, ang mga pamumuhunan ng PRC sa transportasyon at imbakan, tubig at sanitasyon, enerhiya, at telekomunikasyon ay may mas mahabang oras ng paghihintay. Ang pinakamahihirap na pagkabalam ay nasa sektor ng agrikultura, kagubatan, at pangingisda, kung saan ang mga proyekto ay tumagal ng higit sa apat na taon bago natapos. Nagpapakita ito ng mga kahinaan sa lohistika, mga hamon sa kapaligiran, o kaguluhan sa lipunan mula sa mga tao na inilipat ng tahanan.

Bagaman iba iba ang mga partikular na sitwasyon ng anim na mga nakansela o nabalam na mga proyekto ng PRC, mayroon silang mga karaniwang tema. Napahinto ang mga proyekto ng Northrail at National Broadband Network dahil sa mahihinang sistema ng pamamahala at pagmomonitor na nagpapahintulot sa mga tagapagpatupad na Intsik na makipagsabwatan sa mga lokal na kasama para palobohin ang mga presyo o makisangkot sa iba pang mga gawaing korap. Ang nakaplanong planta ng Agus 3 Hydropower at isang inisyatibang Cyber Education noong panahon ni Arroyo ay hindi natuloy dahil sa pagtutol sa mga termino ng pautang at mga alalahanin tungkol sa posibleng negatibong epekto mga lokal na pamayanan. Maaari ring may papel na ginampanan ang mga hindi tiyak na salik na hindi nakatali sa proyekto—dahilan ang COVID-19 kaya umatras ang Tsina sa proyekto ng tulay na mag-uugnay sana sa mga isla ng Panay-Guimaras-Negros, habang ang mga heopolitikal na sensitibidad sa Pilipinas ang dahilan sa mga panawagan na kanselahin ang mga kontrata sa mga tagapagpatupad ng Tsina dahil sa mga isyu sa karagatan.

